# Ulós

Ginintuang Edisyon

(2018-2019)




50
PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
Lads 2018

Pangkulturang dyornal
ng pambansa-demokratikong
kilusan sa pangangasiwa
ng Artista at Manunulat
ng Sambayanan (ARMAS)
sa pamamatnubay
ng Partido Komunista
ng Pilipinas (MLM)

ULOS

*Disyembre 2018 at Marso 2019*

# Nilalaman

**Mula sa Patnugutan:** Mga bago at ilang lumang panitikan at sining biswal, alay sa ginintuang anibersaryo ng PKP at BHB

**Editoryal:** Mga bukal ng panitikan at sining biswal

1. Alay sa Partido.................................1
*ni Ka Handum*

2. Muog na buo.....................................5
*ni Silvia Madiaga*

3. The long struggle for freedom...........8
*by Jose Maria Sison*

4. Apat na Araw sa Buhay ni Eduardo Fidel................................11
*ni Servando Magbanua*

5. Pagkilala sa gubat............................16
*ni Lucia Makabayan*

6. Sagada..............................................18
*ni Lucia Makabayan*

7. Welcome the Unwelcome..................20
*by Jose Maria Sison*

8. Defend Our Land..............................24
*by Mayamor*

9. My Daughter is also a Red Warrior...26
*by Mayamor*

10. Byahe...............................................29
*ni Romulo Sandoval*

11. Lumalaban ang Zamboanga!...........33
*BHB-Zamboanga*

12. Ako ang Bagong Hukbong Bayan............................................45
*ni Macario Salakay*

13. Ang Aming Hukbo.........................48
*ni Ka Mindo*

14. Malutong Gabun.............................50
*ni Soral Malaya*

15. Ang Hukbo ay Tulad ng Langgam...................................51
*nina Ka Laxa, Ka Joseph at Ka Mario*

16. Ladies' Choice..............................53
*mula sa Baringkuas*

17. Ito rin ang Hangad ng Masa............57
*ni R. Montana (Eldi Labinghisa)*

18. Isang Madaling Araw......................60
*ni Wilfredo Gacosta*

19. The People's Warrior......................62
*by Emmanuel Lacaba*

20. Tribute to Comrade Andres Bonifacio........................................64
*ni Jose Maria Sison*

21. Sining ng Digmang Bayan, Tambol ng Kalayaan.......................69
*ni Juan Armando Pueblo*

22. Engkwentro
sa Sapang Can-awan........................72
*ni Rio Roja*

23. Syering...........................................83
*ni Ka Handum*

24. Ka Dave
(Sa alaala ni Merardo Arce)...........93
*ni Kris Montañez*

25. Puppets and Parrots
are All the Tyrant Wants
(In Memory of Antique 7).............95
*ni Rio Roja*

26. Habol sa Kota at *Deadline*.............99
*ni Alan Jazmines*

27. Sa telepono....................................100
*ni Mervin Fabro Pimentel*

28. Gintong Araw, Gintong Aral..........101
*ng Armas-Southern Tagalog*

29. Proletaryong Landas......................102
*ng Armas-Southern Tagalog*

30. Ginintuang Taon............................103
*ng North Central Mindanao Region*

31. Tomloy...........................................104
*ni Servando Magbanua*

32. Ang Makabuluhang Papel
ng Gawaing Propaganda
at Kultura sa Rebolusyonaryong
Pakikibaka ng Armas-Timog
Katagalugan....................................106

33. Panayam ng PRWC kay Ka Roger..111

34. Welga!............................................116
*ni Ka Goryo*

35. Tiyo Carding..................................126
*ni Kalayaan Esguera*

36. Banta ng Wakas..............................128
*ni Isagani dela Guerra*

37. Nabarbara ngem Tikag
ti Armas Iggem Tayo Ita.................130
*ni Ka Jemma*

38. Pag-aaral sa Oras:
Mga Lumang Tula Tungkol
sa Bago............................................132
*ni Kerima Tariman*

39. Pagkakaisa.....................................133
*ni Ka Parts Bagani*

40. Limampung Taon...........................134
*ni Ka Reese*

41. Singkwenta.....................................136
*ni Ka Espat*

42. Patay na Sebio................................138
*mula sa Baringkuas*

43. Integration with the Masses............144
*ni Neil Doloricon*

44. Mag-aram,
Bag-uhon an Kahimtang!...............145
*ni Ka Nonem*

45. Kadaugan Nagbabangis
Nasud han Sinirangan.....................150
*nina Ka Dama at Ka Amos*

46. Hingandoy.......................................154
*mula sa Eastern Visayas*

47. Intoy................................................157
*mula sa Eastern Visayas*

48. Sining at Lipunan..........................158
*ni Alice Guillermo*

49. Haras sa mga Kauban.....................165
*ni Ka Signer*

50. Liham ni Ka Nessa, isang Lumad:
Parangal Kay Papa Hulyo..............166

Pasasalamat

Mula sa Patnugutan

# Mga kilala at bagong likhang sining at panitikan, handog sa ginintuang anibersaryo ng PKP at BHB

Malugod na ihinahandog ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) ang kambal na isyung ito ng Ulos (Disyembre 2018 at Marso 2019) para sa pagdiriwang ng ginintuang anibersaryo ng muling pagkakatatag ng dakilang partido ng uring proletaryado, ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), at ng pangunahing armadong organisasyong pinamumunuan nito, ang Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sadyang malaking hamon para sa lupong inatasan na bumuo ng antolohiyang ito ang pagpili ng mga isasama sa espesyal na koleksyong ito. Hindi natutuyo ang balon ng mga malikhaing akda na araw-araw ay dumadaloy sa karanasan sa pakikibaka ng mga luma't bagong henerasyon ng mga kadre ng Partido, Pulang mandirigma at mga aktibistang masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Talagang marami pa ang dapat isinama rito na mas dapat na obra kaysa sa mga nalathala dito. At malamang na hindi nagkamali. Pero sa katapusan, kailangang pumili ng ilang obra na kakatawan sa pangunahing tema para sa koleksyong ito.

Mapapansin ninyong naglalaman ang dobleng isyung ito ng mga kilala at bagong likhang sining. Oo nga, may ilang mga kilala (nailathala na). Ngunit luma ma'y di pa rin kumukupas ang mga ito; kumikinang at dumadalisay ang mga ito habang lumilipas ang panahon. Ang ningning na taglay ng mga ito ay kagaya rin ng mga bagong likhang may angking unibersalidad at palaging sariwa ang tema at perspektiba.

Sa totoo'y walang luma o matatanda sa buhay-at-kamatayang pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya ng mga uring inaapi't pinagsasamantalahan ng imperyalismo't lokal na mga reaksyunaryo. Ani Ka Handum sa kanyang tulang "Isang Alay sa Ginintuang Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas,"

*"Ang limampung taon*
*pag sa buhay ng tao*
*karaniwang sinasabi*
*matanda na ito*
*naabot ng buhay*
*ay dalawa't sangkatlo*
*sa karaniwang tagal*
*na sitenta'y singko.*

*Kung pag-uusapan*
*ay buhay ng lipunan*
*ang limampung taon*
*ay nasa kamusmusan*
*lalo't gagamiti'y*
*proletaryong sukatan*
*na lahat ng uri*
*ay dapat wakasan..."*

Buong galak nating ipagdiwang ang ginintuang taon ng PKP dahil sabi ni Ka Jose Maria Sison sa kanyang tulang "Mahabang Martsa para sa Kalayaan," sa ating mahabang martsa:

*"Ating tanaw ang tunguhing pataas ng rebolusyon*
*Sa gitna ng krisis sa bansa't ibayong dagat*
*Nagdudulot ng di-matiis na paghihirap*
*At nag-uudyok sa bayang puspusang ipaglaban*

*Na agarang kamtin ang kalayaan sa tiraniya*
*At maningning na kinabukasan sa sosyalismo."*

Inialay naman ni Silvia Madiaga ang kanyang tulang "Muog na buo" sa ika-50 anibersaryo ng Partido at sa pagdaos nito ng Ikalawang Kongreso. Binigyang musika ito ng grupong musikero--ang Agaw Armas.

Pagkalipas ng tatlong buwan na muling itinatag ang Partido, binuo nito ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula sa mga labi ng lumang hukbong bayan pero matapat na mga mandirigma ng sambayanan at ngayo'y pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM).

Ganito ang paglalarawan ni Eman Lacaba sa kanyang tulang "Mandirigma ng Sambayanan"—
*"Ang masa'y pinasisigla ng mandirigma ng sambayanan upang malugod*
*Na sumuong sa digma, ngunit taglay ang lahat*
*Ng katatagan; siya'y nagpapatawa, upang mapalapit*
*Sa kanya ang kalooban ng masa, siya*
*Na kabilang sa kanila*
*At nauukol sa kanila sa unang pagkakatao'y nasasandatahan*
*Ngunit di mapagsamantala, siyang mandirigma ng sambayanan."*

Sila—ang Armed Forces of the Philippines, Philippine National Police, mga paramilitar at iba pang pwersa ng reaksyunaryong estado ay mga mersenaryo. Sila ay binabayaran upang pumatay, ani Wilfredo Gacosta, ang makata ng Bicol. Sa kanyang "Isang Madaling Araw (Unang Karanasan sa Sagupaan)," inamin niyang

*"kami nga'y musmos*
*at nilaro nami'y digmaan.*

*isang gabi,*
*ngumiti lang kami*
*sagisag ng naligaw naming tapang*
*sa nababalitang paglusob ng kaaway.*

*ngunit di laro ang digmaan.*
*binabayaran ang mga kaaway*
*upang pumatay."*

Sa kaarawan ng BHB, nagbibigay pugay si Ka Macario Salakay sa kanyang tulang *"Ako ang Bagong Hukbong Bayan"* na may

*"... patnubay sa pagtahak sa kadiliman*
*Tinatanglawan ng dakilang liwanag ang wastong landas.*

*Ang agham at sining ng digmang bayan*
*Gintong pamana ng Tagapangulong Mao*
*Sa aki'y animong kaluluwang nagkatawang lupa,*
*Sa pamumuno ng lider-gerilyang Amado Guerrero ang pangalan.*

*...Ako ang isang diklap na naging isang kaparangan ng apoy*
*Naglalagablab, natutupok ang kabundukang madadawag*
*Pinagbabaga maging ang lupang tigang,*
*Ningas ko'y pagapang mula sa kabundukan pasulong sa kapatagan."*

Mula sa Inang Larangang pandigma sa isang distrito sa Tarlac sa Gitnang Luzon, nagpalawak ang hukbong bayan sa Lambak ng Cagayan at sa buong kapuluan. Pagtatanggol sa lupang ninuno ang tema ng tulang "Tomloy" ni Servando Magbanua noong 1978. At pagkalipas ng ilang dekada'y iyon pa rin ang pinaksa ni Mayamor/Maya Daniel sa kanyang "Defend Our Land" at "My Daughter is Also A Red Warrior" laban sa pang-aagaw ng 3rd ID ng Philippine Army sa lupang ninuno

ng mga tribong Tumandok sa Central Panay.

Maaaliw at matutuwa tayo sa “Welcome the Unwelcome” ni Jose Maria Sison, sa paglahok ng masa sa pakikidigmang gerilya sa “Ito rin ang Hangad ng Masa” ni R. Montana, at ating palakpakan si Juan Armando Pueblo sa kanyang “Sining ng Digmang Bayan, Tambol ng Kalayaan.”

Pinaksa ni Lucia Makabayan ang “kulay ng rebolusyon” sa “Sagada” at ang pagbubukas ng bagong erya sa “Knowing the Forest.” Inihambing naman ng mga Kasama sa Bicol na ang "Hukbo ay tulad ng langgam."

Tunghayan naman natin ang “Lumalaban ang Zamboanga Peninsula,” isang reportahe mula sa Western Mindanao Region kung saan aktibong lumalaban ang hukbong bayan kasama ang masang anakpawis upang biguin ang nagpapatuloy na paninibasib ng rehimeng US-Duterte. Tila isang malikhaing panulat ang isang ulat ng koresponsal nito.

Sa maikling kwentong “Engkwentro sa Sapang Can-awan,” inilarawan ni Rio Roja kung paano binigo ng Bagong Hukbong Bayan ang imbing pakana ng rehimeng US-Aquino I na durugin ang armadong rebolusyonaryong kilusan partikular sa isang larangang gerilya ng Panay. Pero, puro hangin lamang ang nasilo ng magastos na “Oplan Lambat Bitag.”

Isa ako sa “libo-libong supling ng Unang Sigwa ng 1970 sa bagong rebolusyonaryong daluyong sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas,” pagpapakilala ni Ka Handum sa kanyang sanaysay. Buhay ang teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo habang binabasa natin ang “Syering.” Naaresto siya ng mga pasista ng diktadurang Marcos, dumanas ng tortyur, at nang makalabas ng bilangguan ay sumanib sa pangunahing agos ng rebolusyon, ang armadong pakikibaka.

Para lubusan ang ating selebrasyon ng ginintuang araw ng Partido, may bagong likhang mga awit ang mga kasama sa Southern Tagalog: "Gintong Araw, Gintong Aral" at "Proletaryong Landas" at "Ginintuang Taon" mula sa North Central Mindanao Region.

Sa "In Memoriam" nagpupugay sina Kris Montañez, Alan Jazmines at Rio Roja sa kadakilaan ng ating mga bayani at martir ng rebolusyong Pilipino na pinaslang ng mga berdugo ng diktadurang rehimeng US-Marcos at nitong huli, ng mga asong ulol ng tiranong Duterte.

Marami pang mga bulaklak ang pwedeng maialay natin. Ngunit tulad nang sinabi na, dapat pumili tayo ng iilang bulaklak na maihahandog natin sa ginintuang anibersaryo ng ating dakilang proletaryong Partido at magiting na hukbong bayan.

Editoryal

# Mga bukal ng mga panitikan at sining biswal

Kasabay sa pagsulong ng matagalang digmang bayan sa nakaraang 50 taon ang pagsibol at pagyabong din sa buong kapuluan ng mga rebolusyonaryong pahayagan at pampanitikang dyornal. Bukod sa tagapaghatid ng balita sa milyun-milyong masa sa kanayunan at kalunsuran, ang mga publikasyong ito ang naging mayamang bukal ng panitikan at sining biswal  ng mga rebolusyonaryong artista't manunulat.

Hindi basta't kusang nagsulputan na lamang na parang mga kabute sa parang ang mga rebolusyonaryong publikasyong ito. Tanda ito ng pagpapahalaga ng Partido sa malaking papel ng rebolusyonaryong propaganda at kultura sa pagsusulong ng panlipunang rebolusyon.  Ani Kasamang Mao Zedong,  "Ang rebolusyonaryong kultura ay isang makapangyarihang rebolusyonaryong sandata ng malawak na masa ng sambayanan. Inihahanda nito ang batayan sa ideolohiya bago sumapit ang rebolusyon; ito ay isang mahalaga at tunay na esensyal na larangan ng pakikibaka sa pangkalahatang rebolusyonaryong larangan sa panahon ng rebolusyon."

Kaya nga nang inihahanda ang muling pagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong 1968, nilatag ng mga nangungunang kadre ang mga gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon kung saan gumawa sila ng mga rebolusyonaryong panitikan at sining biswal para bigyang inspirasyon ang mga kasama at ang masang pinupukaw, inoorganisa at pinakikilos.

Inspirado sa tagubilin ni Kasamang Mao, nagpakat at ikinoordina ng Partido ang mga pangkat ng armadong propaganda, pangkultura at pangmedikal kasunod ng pagsimula ng digmang bayan sa kanayunan. Lalo pang sumigla ang gawaing

pangkultura at propaganda nang mapaunlad ang madaling dalhing *V-type silkscreen printing*. Hindi lamang sa pag-iimprenta ng mga publikasyong pampartido at ibang babasahin para sa gawaing edukasyon at propaganda ang naging silbi nito. Ginagamit din ang *V-type* para sa pagparami ng mga likhang panitikan at sining biswal ng mga kasama at masa.

Sa imbing layuning puksain ang rebolusyonaryong kilusan sa simula't simula pa lamang ("nip-in-the-bud" operations), ibinaba ng papet-pasistang rehimeng Marcos ang batas militar noong Setyembre 21, 1972. Ngunit sadyang nagkamali ang reaksyunaryong rehimen sa kanyang akala. Imbes na mapahina't mapuksa ang rebolusyonaryong kilusan ay tulad ng *lotus* na lalo pang yumabong at namulaklak.

Maraming mga manunulat at artista ang sumanib sa kilusang lihim at kalaunan ay naging mga Pulang mandirigma sa dumadaming mga larangang gerilya sa bansa. Habang mahigpit ang pagtangan sa kanilang mga sandata, dinudurog din nila ang kaaway sa pamamagitan ng kanilang mga pinsel at pluma. Nilalathala ang kanilang mga malikhaing panulat at sining sa mga rebolusyonaryong publikasyon at pampanitikang dyornal. May mga pagkakataong nakipagbalitaktakan ang mga rebolusyonaryong manunulat upang durugin ang palasuko, asal-alipin, reaksyunaryo, papet at pasistang panulat ng mga bayarang tagatambol ng diktadurang rehimeng Marcos.

Kagaya ng sinabi ng dakilang rebolusyonaryong Byetnames at internasyunalistang makata na si Ho Chi Minh, isinabuhay ng maraming mga manunulat at artista na maging maalam din sa paglulunsad ng digmang bayan. Tulad nina Emmanuel F. Lacaba, Maria Lorena Barros, Wilfredo Gacosta, Servando Magbanua at iba pa ay naging mga mandirigma ng bayan at kalauna'y naging mga martir ng rebolusyong Pilipino. Marami rin ang nabihag, dumanas ng matinding tortyur habang sila'y nasa piitan. Ngunit kahit sa mga bilanggua'y di masisikil ng imbing mga tirano ang kanilang rebolusyonaryong adhikain. Sabi nga ni Ka Julie de Lima sa kanyang sanaysay, "On the Pen and the Gun," hindi sila napatahimik ng mga rehas na bakal,

alambreng tinik o matataas na pader tulad sa ipinakita ni Ka Jose Maria Sison sa kanyang koleksyon ng mga tula, "Prison and Beyond."

Nabitawan man nila ang kanilang mga armas, hawak naman nila ang pluma't pinsel habang nasa mga piitan upang bigyang inspirasyon ang mga rebolusyonaryong kasama't masang anakpawis na nagpapatuloy sa magiting na pakikibaka para sa pambansa at panlipunang kalayaan at demokrasya sa pamamagitan ng kanilang mga obrang tula, dula, kwento, sanaysay, kanta, pinta at drowing. Ang kanilang mga likha ay ipinupuslit sa labas ng mga kulungan at inilalathala sa mga rebolusyonaryong publikasyon at itinanghal sa mga galerya hindi lamang sa loob ng bansa kundi pati na rin sa ibayong dagat.

Pinangangasiwaan ang mga rebolusyonaryong publikasyong ito ng sentral at panrehiyong mga organo at komite ng PKP, ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Maliban sa mga balita at impormasyon, nilalathala ng mga ito ang mga tula, awit, maikling kwento, dagli, iskit, reportahe, mga ilustrasyon at komiks na nagbibigay kulay sa maigting na pakikibaka ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mamamayan sa kani-kanilang lugar at mga sektor na kinikilusan. Dagdag sa pagpapayabong ng panitikan at sining para sa masa, ginagamit din ang mga publikasyong ito bilang mga sangguniang materyal sa mga programang pangliterasi ng BHB sa kanayunan.

Sa nagdaang mahigit isang dekada, naging popular din na anyo ng pagpapadaloy ng propaganda at sining ang mga produksyong pambidyo at pang-audio, lalo't naging laganap na rin ang mga DVD (dati'y VCD) *player*, ang mga USB *drive* pati na ang mga *digital audio player* para sa madaling pasahan ng mga rebolusyonaryong panoorin, mga kanta, drama, balitang pangradyo at iba pa.

Ang mga publikasyon at bidyong ito ay kinasasabikan at inaantabayanan ng masa. Ang pinakapopular, syempre, ay ang mga sentral na publikasyon: Ang Bayan (upisyal na pahayagan ng Komite Sentral ng PKP), Ulos (pampanitikang dyornal

ng Armas-NDF), Kalayaan (Freedom-Kabataang Makabayan), Liyab (Kaguma) at Malayang Pilipina (Free Filipina-Makibaka), Liberation at Sine Proletaryo (bidyong produksyon ng Kawanihan sa Impormasyon ng PKP).

Sa Northern Luzon, nariyan ang Baringkuas (Cagayan Valley), Dangadang (Northwest-Luzon), Ramut (rebolusyonaryong edukasyon at kultura-Northwestern Luzon) at Rissik (rebolusyonaryong dyornal pangkultura-Cagayan Valley).

Sa Central Luzon: Himagsik (panrehiyong pahayagang masa ng Gitnang Luzon), Inang Larangan (pangkulturang antolohiya), Lakas ng Masa -Gitnang Luzon, at Dyaryo Pasulong. Bigwas, pahayagang masa ng Kanluran Gitnang Luzon; at Pulang Silangan sa Gitnang Silangang Luzon.

Sa Southern Tagalog: Kalatas (panrehiyong pahayagang masa ng Timog Katagalugan), Diklap (South Quezon-Bondoc Peninsula), Alab (rebolusyonaryong pahayagang masa sa Mindoro), at Dagitab (Armas-ST).

Sa Bicol: Silyab (panrehiyong pahayagang masa ng PKP-BHB sa Bicol), Gerilya (BHB-Bicol Regional Command), Punla (publikasyong pampanitikan sa Bicol), Ang Kusog (Masbate), Isnayp (bidyong produksyon-Bicol) at Dagundong ng Bikol (programang pangradyo).

Sa Kabisayaan: Ang Paghimakas (panrehiyong publikasyon ng Negros Island), Ang Budyong (Leonardo Panaligan Command-Central Negros), Daba-Daba (panrehiyong pahayagang masa ng Panay Island), Sublak (rebolusyonaryong pangkulturang magasin-Panay), Pulang Madyaas Productions (bidyong produksyon-Panay), Pakigbisog (Central Visayas), at Larab (panrehiyong pangmasang pahayagan ng Eastern Visayas).

Sa Mindanao: Ang Kalihukan (NDF-North Central Mindanao), Asdang (Far South Mindanao Region), Lingkawas (CPP-Northeastern Mindanao), Pasa Bilis! (NDF-

Southern Mindanao) at Sulong! (NDF-Mindanao).

Sa pagtitipon ng mga kasama at mga alyado sa Utrecht, The Netherlands sa okasyon ng ika-50 anibersaryo ng PKP, kumprehensibong tinalakay ni Ka Julie de Lima kung paano yumabong at sumulong ang rebolusyonaryong literatura at sining kasabay ng pagsulong ng armadong rebolusyon ("On the Pen and the Gun," *https://cpp.ph*).

Hawak ang ibinahaging mga aral, tiwala ang mga rebolusyonaryo at patriyotikong manggagawang pangkultura na harapin at biguin ang traydor at pasistang rehimeng US-Duterte na nahihibang sa kanyang imbing pakanang durugin ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang kanyang termino. Tulad ng isang popular na makabagong kwentong bayan sa Cagayan Valley, kapag buo ang pasya ng mga api't pinagsasamantalahang uri kaya nilang yanigin ang lupa, baligtarin ang langit at ibagsak sa kinauupuang trono ang sinumang palalong tirano!

UJÓS

# Alay sa Partido


*ni Ka Handum*

Ang limampung taon
pag sa buhay ng tao
karaniwang sinasabi
matanda na ito
naabot ng buhay
ay dalawa't sangkatlo
sa karaniwang tagal
na sitenta'y singko.

Kung pag-uusapan
ay buhay ng lipunan
ang limampung taon
ay nasa kamusmusan
lalo't gagamiti'y
proletaryong sukatan
na lahat ng uri
ay dapat wakasan.

Kung pag-uusapan
tagal ng ating paglaban
ang limampung taon
ay nasa kainaman
lalo't lilingunin
kawalang pinagmulan
at labis-labis na kalamangan
ng ating kalaban.





Kung ating tutuusin
napaikli na ang daan
pati na ang tagal
ng ating paglaban
mula nang mahigpit
at tuloy-tuloy na hawakan
MLM na sandata
proletaryong kaisipan.

Itinakwil burges na pamumuno
mga taksil na palasuko
Isinuka ang rebisyonismo
lason sa proletaryong dugo
Nilabanan repormismo
lahat ng tipo ng oportunismo
Nagpursige sa wasto
sa paglaban na armado.

Matagumpay na nailatag
sa buong kapuluan
ang matapang at magiting
na Bagong Hukbong Bayan
buo at muog nang nakatayo
pambansang nagkakaisang hanay
ng masang inaapi at pinagsasamantalahan
ang pulang bandila iwinawagayway.

Sa limampung taon na
ng magiting na paglaban
kahit sinong demonyo

at halimaw sa bayan
todo-todong nilabanan
at hindi inatrasan
walang alinlangan
sakripisyo't kahirapan.

ang tigas ng kapasyahang
nabuo sa tagisan
di mapipingasan,
makikipag-angilan
handang sagupain
daanlibong tingga,
pulbura, apoy man
at bakal.



Tayo'y laging nakahanda
sa matagalang labanan
hanggang pagsasamantala
at pang-aapi ay nariyan
Sa api at binusabos
ang mainip ay kahinaan
katumbas ay pagsuko
at pagyukod sa kalaban.

Laging buo ang tiwala
sa Partido at sa masa
Laging buo ang pag-asa
na darating ang umaga
Sa araw ng pagtutuos
handang lahat ay malalos
walang dapat na matira

sa tatlong demonyong salot.

Pag naging daluyong na
ang nagtipong mga alon
Pag todo nang sumambulat
ang bulkan ng pagbabangon
Pag naging 'sang iglap na
ang katumbas ng maraming taon
Ang humahangos na mga oras
sa reaksyunaryo'y ARMAGEDON.

Ang dakilang mithiin
laging abot ng paningin
ang liwanag nito'y di kailanman magdidilim
proletaryong kapangyarihan
lulukob sa sandaigdigan
pinakahuling uring maghahari sa kasaysayan
Wawakasan ang sarili at lahat ng lipunang
may nagsasamantala at pinagsasamantalahan.

# Muog na buo

*Mula sa tula ni Silvia Madiaga*
*Musika ng Agaw Armas*

Intro: C-Em-C-Em

I
C Em Am
Bakit ako naririto, tila dulo na ng mundo
D7 G
ng bayan kong pulu-pulo
F E
parang sumabog na bato

II
C Em Am
Bakit ba ako naglakbay, dala itong mga aral
D7 G
mga teoryang gumagabay
F E
karanasang binabaybay

Koro 1
C Em
Narito ako para sa pagkakaisa, pagsulong
Am D7 G
Narito ako para sa pagwawasto, pagdaluyong
C Em
Narito ako para ang kalat-kalat na pulo

Am 7 G
Maging muog na buo

Interlude: C- Em –C-Em

III
Bakit ating hinahanap, ang wastong paglalapat
ng pamumuno at pagtupad
Sa masang bumabalikwas

Koro 2
Narito tayo para sa pagkakaisa, pagsulong
Narito tayo para sa pagwawasto pagdaluyong
Narito tayo para ang kalat-kalat na pulo
Magiging muog na buo

Tulay:

F G
Pagkakaisa, paglaban
Em Am
Tagumpay ng ating bayan
F G
Ay ambag sa daigdigan
Em A
paglaya ng sangkatauhan

(Ulitin koro 2x)

D F#m
Narito tayo para sa pagkakaisa, pagsulong

Bm E7 A
Narito tayo para sa masang aping Pilipino
D F#m
Narito tayo para ang kalat-kalat na pulo
Bm A
Magiging muog na buo

Em A Bm Bm-A (2x)
Ito ang dakilang misyon ng Pilipino proletaryo



# The long struggle for freedom

*by Jose Maria Sison*

It took more than 300 years
For the Filipino nation to take shape
And shake off the colonial yoke
In hundreds of uprisings
Until the Katipunan and the people
Defeated the foe and won their freedom.

Since the imperialist bird of prey
Cast its shadow and dug its claws
On our beloved motherland,
It has been more than 100 years
That the people have continued to fight
For national and social liberation.

The last 50 years of the struggle
Has been most fruitful:
The revolutionary party of the proletariat,
The people's army, the united front,
The mass movement of the oppressed
And the people's government.

All these are ever growing in the archipelago
And advancing in waves against the foe
That rules the ever rotting system
Of greed and terror
And serves foreign masters

That the people of the world detest.

We see the rising trend of revolution
Amidst the crisis in the country and abroad
That inflicts intolerable suffering
And drives the people to struggle harder
For their soonest freedom from tyranny
And a bright future in socialism.

We struggle long for freedom,
We never give up no matter how long.
But we seize every moment
To strike a blow against the foe
And hasten the day of our liberation
From all oppression and exploitation.

---

## *Mahabang Pakikibaka*

*Tumagal nang tatlong daang taon*
*Para mahubog ang bansang Pilipino*
*At ilaglag ang singkaw na kolonyal*
*Sa daan-daang pag-aalsa*
*Hanggang ang Katipunan at bayan*
*Ay manaig sa kaaway at kamtin ang kalayaan.*

*Mula nang imperyalistang ibong mandaragit*
*Ang anino nito'y ilambong at mga kuko'y ibaon*
*Sa Inangbayan nating minamahal*
*Higit nang sandaang taon*
*Ang sambayana'y patuloy na ipinaglalaban*
*Ang paglaya ng bansa't lipunan.*

*Ang huling limampung taon ng pakikibaka*
*Ang naging pinakamabunga:*
*Ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado*
*Ang hukbong bayan, ang nagkakaisang prente*
*Ang kilusang masa ng mga api*
*At ang pamahalaang bayan.*

*Laging lumalago ang lahat nito sa kapuluan*
*At paalon-along sumusulong laban sa kaaway*
*Na naghahari sa laging nabubulok na sistema*
*Ng kasakiman at lagim*
*At nagsisilbi sa mga dayuhang amo*
*Na ikinamumuhi ng mamamayan ng daigdig.*

*Ating tanaw ang tunguhing pataas ng rebolusyon*
*Sa gitna ng krisis sa bansa't ibayong dagat*
*Nagdudulot ng di-matiis na paghihirap*
*At nag-uudyok sa bayang puspusang ipaglaban*
*Na agarang kamtin ang kalayaan sa tiraniya*
*At maningning na kinabukasan sa sosyalismo.*

*Matagalan tayong lumalaban para sa kalayaan,*
*Hindi tayo tumitigil gaano man katagal.*
*Subalit sinasagpang natin ang bawat sandali*
*Upang dagukan ang kalaban*
*At palapitin ang araw ng paglaya natin*
*Mula sa lahat ng paniniil at pagsasamantala.*

*(Salin ng orihinal na English ng tulang "The long struggle for freedom")*

# Apat na Araw sa Buhay ni Eduardo Fidel

*ni Servando Magbanua*

**Lunsod ng Quezon - 1968:**

Isang araw sa buhay ni Eduardo Fidel
Hilo siyang lumabas sa pintuang
Bato ng pamantasan.
Araw ng eksamen at hindi siya
Nakabayad.

"Ganito pala ang kahirapan,"
Kuyom nang mahigpit ang kamaong
Naibulalas ni Eduardo Fidel.
"Bakit?"

(ikaw sa simula'y mahinahon
bingi sa tawag ng iyong panahon
mata'y may piring, ang iyong ambisyon
tanging sarili ang poong panginoon.

.....subalit hindi maitatwa
anuman ang pananakip
ng mga leksyong walang silbi
ng mga radyo at TV
drama at komedya
alak at serbesa
katipan at pagsinta
piknik at mga kanta:

ang hapding dulot ng gutom
ang kasakiman ng mga sakim
ang lait ng mga panginoon
ang bugbog ng mga PC-Metrocom*

ang sigaw ng api
ang sigaw ng api:

kaya alamin, timawa
ang iyong lipunan .....)

**Lunsod ng Maynila - 1969:**

Isang araw sa buhay ni Eduardo Fidel
Poot siyang lumabas sa pintuang
Bakal ng pabrika,
Araw ng welga at nauna siyang
Pinatalsik.
"Ganito pala ang pakikibaka,"
Kuyom nang mahigpit ang kamaong
Nasabi ni Eduardo Fidel.
Babagsak ka rin, imperyalista"

(karugtong ka ng makina
para sa sakim na kapitalista
labis ang kanya sa yaman mong likha
manggagawa, alipin ka

.....at
malinaw ang mensaheng habilin
sa dampi ng umagang hangin

na lumaya ng panimdim
ay! anong tamis damhin:

tumatawag sa iyo
gumagabay sa iyo
umaakay, umaawit -
hayun: hayun ang kanayunan
ang uring magsasaka, ang karamihan!

humayo' t baguhin, timawa,
ang iyong lipunan.)

**Tuy, Batangas - 1970**

Isang araw sa buhay ni Eduardo Fidel
Pagod siyang lumabas sa pintuang
Alambre ng asyenda.
Araw ng pulong ng komite
At tinugis siya ng mga kabo.
"Ganito pala ang kaligayahan,"
Kuyom nang mahigpit ang mga kamaong
Nasambit ni Eduardo Fidel:
"May araw ka rin, asyendero!"

(maaga pa ang gabi
halos mo lang hilahin
sa paghakbang mo patungo
sa kaganapan ng adhikain

.....at ang masa!
ang organisadong masa

kasama ka rin. libong yapak
na yumanig sa kabundukan
yumayanig sa kaburulan
yumayanig sa kapatagan.
tiyak. mulat. makapangyarihan!
mga yapak na nagpapanata
na wakasan ang kaapihan!

nasa karbin nga, timawa,
ang iyong paglaya!)

Jones, Isabela - 1971

Isang araw sa buhay ni Eduardo Fidel
Handa siyang lumabas sa pintuang
Nipa ng kampo ng iskwad.
Walang patid ang putukan sa paligid.
Araw ng mga pasistang PC
At may tama na siya.
"Ganito pala ang kamatayan,"
Kuyom ng mahigpit ang karbing
Nausal ni Eduardo Fidel.
"Ganting putok mga kasama!"

(mandirigma! bayani:
ang nadurog nila'y katawan mo lamang
ay masang napukaw ng iyong gawa'y
magwawagayway ngayon ng bandila mong banal!

.....at dito
sa lupa mong sinilangan

sa lupa mong pinakamahal
sa lupa mong kinalugmukan

tumatawag sa amin
gumagabay sa amin
umaakay, umaawit -
hayun! ang tinig ng api
ang himig ng rebolusyon!

ah, lumalagablab, timawa
ang iyong lipunan!)

*16 Mayo 1976*

---

*Si Servando Magbanua ay koda sa panulat ni Jose Percival Estocada, Jr.*

**Philippine Constabulary-Metrodiscom (PC-Metrocom), hinalinhan na ito ngayon ng Philippine National Police-Special Action Force (PNP-SAF).*

# Pagkilala sa Gubat

*ni Lucia Makabayan*

Walang humpay ang mga kuliglig
Anim o animnapung sabay-sabay humuhuni
Kung iindahin mo, kasama, ang tunog na ito,
Maririndi ka lamang o sasaktan ng ulo.
Kaya't isipin at pakatandaan
Musika itong likas sa kagubatan.

Hindi masasagkaan ang ihip ng hangin
Ika'y pinananabikang dalawin, kaladkad ang dilim
Tatagos sa mga burol, susuot sa mga puno
Aaligid sa iyo at manunuot sa buto.
Kung hahalukipkip ka, sadya kang bibiruin
Ang ginaw sa kasukalan ay hindi panauhin.

Huwag nang makipagtagisan sa niknik at lamok
Sariling hukbo nila'y nakapwesto sa lahat ng sulok
Habang ika'y naka-alerto, may gagawi sa iyong batok
Bubulung-bulong, susundut-sundot sa iyong antok
Kaya bugawin mo man sa pagpapausok
Saglit na aatras at muling lulusob.

Madalang mangumusta ang araw
Mahinhing sisilip at ngingiti nang panakaw.
Ngunit hayan na naman ang sabik na ulan
Araw ay nagtampo, nagbigay-daan
Batid ng ulan ang mga dapat diligan.
Pag-aralan natin, kasama, ang batas ng kagubatan.

Kilalanin din natin ang mga kaluskos
May ingay na paparating, may papalayo
Iba ang pagtalilis ng apat ang paa,
Kakaiba rin ang yabag ng mga di-kilala.
Kayat itong gubat ay ating galugarin pa
Kilanling parang isang tapat na kasama.

*Marso 14, 1985*



# Sagada

*ni Lucia Makabayan*

Humahaplos ang usok
Sa dinadaanang mga pino
Patungo sa hagdan-hagdang taniman ng palay
Paakyat, dahan-dahan, sumasanib
Sa nagdidilim nang ulap.
Hindi natitinag ang mga dambuhalang bato
Malaon nang pinatahimik ng panahon.

At tayong namamangha ay niyakap ng hangin
Di tayo nakatinag sa hamog na naglalambing
Nautal ang lahat
Kasama, bundok, puno, bato
Tila pinakikinggan ang paghinga ng bawat isa.
Mga kubong daratnan
Ay mistulang mumunting laruan
Naghihintay sa mga iniluwal ng kabundukan.

Sa hudyat ng kasamang kanina lamang nabatubalani
Muli nating tinunton ang makitid na pilapil
Wari'y gumaan ang riple't makotong pasan.
Taglay sa isip ang namayaning larawan.

Ang ili na kanina'y ating tinatanaw
Ngayo'y biglang sinibulan ng buhay.
Nag-aabang sa durungawan, ang ilang kabataan
Naghihintay sa atin ang mga lallakay sa dap-ay

Mabini ang mga babae sa kanilang pagkaway.
Mga paslit na naglalaro'y masiglang sumalubong
Kinilala ng mga aso ang kanilang panauhin.

Sa paligid ng apoy masa't hukbo'y nagsanib
Kwento't kuro'y hinimay at pinagsaluhan
Ito ang buhay na larawan
Ito ang kulay ng rebolusyon.

*Enero 13, 1982*



# Welcome the unwelcome

*by Jose Maria Sison*

Long before you come,
You rattle your sabres
Made in some alien land,
You boast of your ill intent
Against the toiling masses.

Come as you please
In whatever strength,
We watch your parade
From the simple and easy start
To the complex and difficult paths.

Our welcome is even readier
When we hear your air power
Thundering and stirring the winds
And the rumbling of trucks
Before you can creep on us.

We see your columns in advance
And if we are unable to make
A crowded grand reception,
We make a simple welcome
Without ceremony for you.

But there can be tokens of welcome
To our alluring homeground,
Outbursts from the roadside
And under your wheels and feet

And precision shots from wherever.

If still your strength is such
That you can encamp long,
We will continue the fireworks
To make you dance, lose sleep
And get worn out before you leave.

When you decide to leave,
We gladly take our turn to close in
And give you the biggest fireworks
Of farewell and thank you
For leaving gifts to us.

While you focus on small parts
Of our wide home ground,
We can take full initiative
And choose your weak points
Somewhere else to wipe them out.

On any day or any night,
We can tickle your weak point
To lure you into a grand reception
Along the most perilous routes
Or to hit another point beyond your guess.

Why do we welcome the unwelcome?
You bring to us what we need,
You save us time and sweat
To collect the means to become stronger
Before seizing your palace in the city.

# *Salubungin ang Di Katanggap-tanggap*

*Matagal bago ka pa dumating*
*Kinakalansing mo mga sableng*
*Gawa sa dayuhang lupa,*
*Ipinagyayabang mo ang imbing hangad*
*Laban sa masang anakpawis.*

*Halika kailanmang nais mo*
*Bitbit anumang lakas,*
*Panonoorin ka naming magparada*
*Mula sa simple at madaling simula*
*Tungo sa mga daang masalimuot at mahirap.*

*Mas handa pa ang malugod naming salubong*
*Pagkarining ng iyong lakas-himpapawid*
*Dumadagundong at humahagupit sa hangin*
*At ang ugong ng mga trak*
*Bago mo kami magapang.*

*Maagap naming tanaw ang mga hanay mo*
*At kung di namin kaya ang salubong*
*Na matao at magarbo*
*Simple ang aming pasalubong*
*Na walang seremonya para sa iyo.*

*Subalit may mga tanda ng pagsalubong*
*Sa aming mapang-akit na tahanang lupa,*
*Mga putok sa gilid ng daan*
*At sa ilalim ng iyong mga gulong at paa*
*At tumpak na mga punglo mula kung saansaan.*

*Kung may lakas ka pang*
*Makapagkampo nang matagal*
*Ipagpapatuloy namin ang mga paputok*
*Para pasayawin ka, pagkaitan ng tulog*
*At pagurin bago ka lumisan.*

*Kapag nagpasya kang umalis*
*Galak naman kaming lalapit*
*At aalayan ka ng pinakamasigabong*
*Paputok na pagpapaalam at pasasalamat*
*Sa pag-iwan mo ng mga regalo sa amin.*

*Habang nakatuon ka sa maliliit na piraso*
*Ng aming malawak na tahanang lupa*
*Lubusan kaming makapagkukusa*
*At piliin ang mahihina mong pwesto*
*Sa ibang lugar upang lipulin sila.*

*Sa anumang araw o anumang gabi*
*Makikiliti namin ang mahihina mong bahagi*
*Para akitin ka sa masigabong salubong*
*Sa mga rutang pinakamapanganib*
*O puntiryahin ang ibang bahaging di mo mahulaan.*

*Bakit namin sinasalubong ang di-katanggap-tanggap?*
*Inihahatid mo ang aming kailangan*
*Tinitipid ang aming oras at pawis*
*Para mag-ipon ng ibayong lakas*
*Bago agawin ang palasyo mo sa syudad.*

*Abril 11, 2018*

*(Salin ng orihinal na English ng tulang "Welcome the unwelcome")*

# Defend our Land (Ambush)

*by Mayamor*

Catching a glimpse
Along the footway
Searing glances were
In the eyes of Red fighters
This will never be
A forgotten moment
The trigger man stretch
And steeled his arm
As he aimed with infused certainty
Emotion must not overrule
Caution and precision
Disallowing momentary lapse
Even those tumbled leaves
Over his head
A shot is fired
Followed by a staccato of gunfire
The day came round again
With those armed fascist enemies
Men of landgrabbers and plunderers
Fallen and dead.



# *Ipagtanggol ang ating Lupa (Tambang)*


*Sumisilay*
*sa landas*
*Mabalasik ang sulyap*
*ng mga mata ng mga Pulang mandirigma*
*Walang*
*malilimutang saglit*
*Inunat ng triggerman*
*at pinatigas ang kanyang bisig*
*Habang puno ng katiyakang tumudla*
*Di dapat madala ng emosyon*

*Maingat at asintado*
*Bawal ang saglit na pagkalimot*
*Maging ang dahong nalagas*
*Sa ibabaw ng kanyang ulo*
*Isang pagbaril ang*
*Sinundan ng sunud-sunod na putok*
*Dumating muli ang araw*
*Na ang armadong pasistang kaaway*
*Tauhan ng mangangamkam ng lupa at mandarambong*
*Lugmok at walambuhay.*

*(Salin ng orihinal na English ng tulang "Defend our Land")*

# My daughter is also a Red Warrior

*by Mayamor*




One night, at the edge of the forest
I happen to talk to her, a brave woman
And she whisperingly tells:
My daughter is also a Red warrior
Everybody in the locality knows, in silence,
But the enemies cannot recognize me as her mother
I am not popular,

I look like a common woman to the outside
And like other mothers, sometimes I cry
But looking at our people's
Oppression and abandonment
I let her go as a Red warrior
She was just a little girl when her father was killed
Brutality and cruelty it was indeed,
By the fascist soldiers,
Years have passed since the time it all began
And now my daughter stands before me
As a Red fighter woman, one among those
Advancing the protracted people's war
She wants to serve the people as her father did
And don't have to sort my emotions inside,
She is my daughter performing the task of a warrior,
I am her mother, proud of my daughter

I smiled and I embraced her
Before we left for a night long march.

---

## *Ang anak kong babae'y isa ring Pulang mandirigma*

*Isang gabi, sa laylayan ng gubat*
*Kinakausap ko siya, isang babaeng matapang*
*At pabulong niyang sinalaysay:*
*Pulang mandirigma rin ang anak kong babae*
*Alam ng lahat sa amin, pero tahimik lang,*
*Pero di ako makikilala ng kaaway na kanyang ina*
*Hindi ako popular,*

*Sa iba'y mukha lang akong karaniwang babae*
*At tulad ng ibang ina, umiiyak ako minsan*
*Pero kapag tinutunghayan ko ang bayang*
*inaapi at tinatalikdan*
*Hinayaan ko siyang maging Pulang mandirigma*
*Musmos pa siya nang pinatay ang kanyang ama*
*ng brutal at mabangis talagang*
*mga pasistang sundalo,*
*Taon ang lumipas mula magsimula ang lahat*
*At sa harap ko ngayon nakatindig ang anak kong babae*
*Bilang isang babaeng Pulang mandirigma, isa sa*
*Nagsusulong ng matagalang digmang bayan*
*Nais niyang maglingkod sa bayan tulad ng ama niya*
*At ayaw kong maghalu-halo ang emosyon*
*Anak ko siyang babae na bumabalikat ng tungkulin ng mandirigma*
*Ako ang ina niya, ipinagmamalaki ko siya*

*Ngumiti ako at siya'y niyakap*
*Bago kami lumisan sa mahabang pagbabagtas*

*(Salin ng orihinal na English ng tulang "My daughter is also a Red Warrior")*

---

*Mayamor ang koda sa panulat ni Roger Felix Salditos, kilala rin sa kodang Maya Daniel.*

# Byahe

*ni Romulo Sandoval*

Pagpasok din ang paglabas,
kaya't nang tumikom ang pinto ng bahay
matapos kang maghabilin,
magpaalam
sa mga kasamang iiwan sandali,
bumukadkad na mirasol
ang mundo sa labas, umigkas na ngiti
kahit sinusuwag
ng kombatbuts
ang bangas na araw: hanging tumatahip, kambat ng ligasgas,
ligamgam ng yapos
na ang anas na salubong:
pumaloob
sa ubod niyang nagpupuyos,
danasin ang pusag
ng utak at puso na sinasalisod ng itim na noo
sa aspalto, burak, lansanga't pilapil:
yagit, ipa, kalyo
at basahang kinukulob.
binubulok
sa karsel ng gabi't huklubang tagsalat.

Sa muling pagpupog
ng paa sa lupa, ano nang manlagkit sa taing-kalabaw?
Ano ba'ng paminsan-minsan ay madulas,
tulad ng sinapit
ng isang kasamang di nakapanimbang,

dumausdos,
at tihayang lumagapak
sa putik ng pitak? Sa pangil at kukong inalpasang tiktik,
ano na nga ang mahindik?

Habang malayo ka sa mga nilisan,
naging matalik mong kabigkis-hininga ang mga dinatnan.
Ang simula'y sunudsunod na pakilalanan
hanggang sumabukay sa balintataw mo, parang bagong bukal
na biglaang bumulaga
sa paglusong-ahon sa burol at patag:
hindinghindi natatapos
ang pagtuklas,
ang paghahalukay at ang paggalugad,
muli't muling sinisino
ang bawat masanggi
o mabangga
ng pandama at sintido.
Sapupo ng dampa
o sa lilim ng pergola,
kumustaha'y tigib ng init at giliw:
sa salimbay
ng alyas, ng samutsamot na salaysay,
tumitibok na luningning
ang mga anino na sa kadawaga'y kailangang magkubli
para maitanghal
ang dila ng araw sa bibig ng karbin:
magtatapas, magkokopra,
aktibistang masa, peryodista, kuryer,
kadre at gerilya.
Anong klase ito ng bato, at itak wari kung umiwa?

Kalpi ito, hindi dayap,
hindi kalamansi
pero kauri din, pinsan ng sinturis,
lukban, kahel;
ito nama'y lubilubi,
akala mo'y gabi, at kapag naluto'y masarap na laing
lalo kung may halong tuyo o tinapa.
Alin ang Colt,
ang Smith & Wesson? Ito ang armalayt,
ang masinggan,
at nagpakilatis
ang iba pa:
*grenade launcher*, Garand...
At ang mga ito'y hindi lang pangalan,
hindi lamang bansag:
laman ay ganito ng ganitong balat
at kasanib
ang hilatsa, lasa, laki,
kulay, hugis,
tunog, bigat, amoy.
Kahit ka pa nakapikit,
ipaghalimbawa, bakit malilito
ang ilong mo't ngalangala:
kamoteng-bagin ba o kamoteng-kahoy?
Si Amado iyon at hindi si Perding: sa bahaw na boses
na ang hinihimig ay ang sulak, mithi
at pag-asam
ng laksang duhaging kapwa anakpawis,
sinabi niyang buong-tatag
na bukas-makal'wa, itaga sa bato,
ay atin na'ng lupa't tubig:

minahan, plantasyon,
trosoha't sabana na sagpang ng barbwayr,
lawa't bai
na ngayon ay hamig ng dolyar at pisong namamalikaskas
sa pulbura; noong Lunes
ng linggong nagdaan, umagang-umaga,
pinamunuan niya ang tagumpay na reyd sa kampo ng PC,
at ang sona'y kapuluan
na nagbunyi.

Walang wakas
ang dalawang linggo,
munting baryo'y buong bayan:
karagatang ilog,
duro ngunit tarak, bulong na dagundong,
dingas ng amihan
at ng hamog,
mahinahong alimpuyo
sa yungib ng dibdib na agaw-liwanag,
naghuhunos na ulirat.
Pagbungad mo, lagi, may bagong larangang iyong sinusuong.

# Lumalaban ang Zamboanga Peninsula

Reportahe ng BHB-Zamboanga
Western Mindanao Region

Sa harap ng nagpapatuloy na pagdaluyong ng mga pasistang tropa ng rehimeng US-Duterte na lipulin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at kanyang base nito sa Zamboanga Peninsula, aktibong lumalaban ang hukbong bayan, na magiting na gumamit ng mga taktikang makilos ng pakikibakang gerilya. Sa nakaraang anim na buwan ng 2018 nagtamo ang BHB ng mga tagumpay sa pamamagitan ng matinding hambalos sa umaatakeng mga pwersa ng kaaway at mga sagad-saring lokal na espiya.

## Tsekpoynt at disarma sa *patrol car* ng PNP

Naglunsad ng isang maagang operasyong tsekpoynt ang isang platun ng BHB-Front 10 noong Mayo 30, 2018 sa kahabaan ng hiwalay na grabang kalsada sa Sityo Tanggupon, Barangay Mauswagon, bayan ng Godod, Zamboanga del Norte. Ang paliku-likong paakyat na byahe mula sa bayan ng Salug patungong Godod ang siyang pinakamaikling ruta para sa mga pampasaherong sasakyan at mga motoristang karaniwang dumadaan sa pagitan ng dalawang *fourth-class* na mga bayang ito. Naoobserbahan sa mga ulat ng mga iskawt na isang PNP (Philippine National Police) *patrol car* ng Godod Police Station ang regular na bumabyahe pababa sa pambansang haywey at babalik naman sa susunod na araw sa Godod.

Mula sa tinataguang manipis na palumpong sa gilid ng kalsada, biglang humarang

ang mga Pulang mandirigma sa makitid na daan. Nakatutok ang kanilang mga baril sa parating na sasakyan samantalang pumwesto ang ibang mandirigma sa magkabilang panig. Nagulat nang makitang napaligiran, biglang tumigil ang pinupuntiryang sasakyan.

“Kailangan lamang namin ang inyong mga sandata, hindi ang buhay ninyo.” Pagkarinig ng kumand na ito, huminga ng maluwag ang dalawang pulis na lulan ng sasakyan, mabilis silang bumaba na nakataas ang mga kamay at kalmadong itinuro ang kanilang mga armas sa loob ng sasakyan.

Nabihag sina PO1 Reynald Lismes at SPO1 Osias Gomez. Nakumpiska mula sa kanila ang sumusunod: tatlong ripleng M-16, isang pistolang 9 mm, 13 magasin at mga bala, isang pares na botas at mga posas, at dalawang holster. Ibinalik ang mga perang papel, na malamang ay para sa buwanang sweldo at mga benepisyo ng mga pulis. Pinayagang makauwi ang mga bihag. Lubusang nasunog ang PNP *patrol car* na binuhusan ng gasolina.



Magalang din ang pakikitungo ng mga Pulang mandirigma sa isang ina na dala-dala ang kanyang bagong kapanganak na panganay. Nakisakay siya sa PNP *patrol car* at nakadama ng takot sa maagang tsekpoynt. Nagbuntong-hininga lamang siya ng "Oh!" at naging relaks siya nang malamang mga pangkat ng BHB ang nakapaligid sa kanya.

Ilang minutong makaraang pakawalan ang dalawang upisyal ng pulis, napansin ng isang Pulang mandirigma na ang isa'y naglalakad na nakayapak lamang. Tinawag siya pabalik ng Pulang mandirigma: "Nakalimutan mong isuot ang inyong tsinelas!" Saglit na yumuko ang upisyal ng pulis at marahang bumalik, isinuot ang mga tsinelas at pinasalamatan ang mga kasapi ng BHB.

"Bumyahe kami mula sa Salug na nakasuot lamang ng tsinelas. Hindi namin inaasahang mangyari ito. Salamat. Hindi pala kayo kasing-sama tulad nang naisip namin."



## Sorpresang atake ng 42nd IB-PA

Ipinagmamayabang ng 42nd Infantry Battalion ng Philippine Army (IB-PA) ang mabagsik na opensibang atake sa pakikipaglaban at maingat ang depensiba kung nasa operasyon simulang dumating sila sa Zamboanga noong maagang bahagi ng 2018. Gayunman nalusutan ito ng isang *demolition team* ng BHB na matagumpay na naglunsad ng atritibong operasyon noong Mayo 18, 2018.

Pinasabugan nila ng mga eksplosibo ang isang trak ng siksbay isang kilometro lamang ang layo sa bayan ng Kalawit, Zamboanga del Norte kung saan nakabase ang hedkwarters ng 42nd IB. Lubusang nawasak ang trak, napatay ang pitong pasistang tropa at nasugatan ang tatlong iba pa. Napahiya at nawalan ng hangin, kating-kati ang 42nd IB na makaganti ito upang durugin ang platun ng BHB sa isang nakamamatay na dagok.



Nakamit nila ang kanilang maitim na balak noong Hulyo 27, 2018 sa Sityo Kulasian, Barangay Kulalian, bayan ng Kalawit. Pagkatapos mapakat ang dalawang platun nito kasama ang mga pwersa ng Civilian Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) laban sa isang platun ng BHB, walang sinayang na oras na naglunsad ng biglaang atake mula sa ibaba batay sa kumpirmadong mga ulat paniktik na may bagong nakahimpil na BHB sa erya. Totoo nga dahil nagpapahinga ang BHB noon sa isang mataas na makahoy na tereyn ngunit napaligiran lamang ng panakanakang palompong at kogon. Tantyado ng BHB sa kanyang planong depensa na magmumula lamang sa ibaba ang atake ng kaaway.

Bandang alas-6:00 ng umaga, sinimulan ng kaaway ang pagkubkob sa kampo sa walang lubay na pagpapaputok ng mga riple, masinggan at *grenade launcher*. Bagamat nabigla sa unang bugso ng mga putok, gumanti kaagad ang mga sentri ng BHB. Ilang saglit pa, nagkonsentra ang kumand ng BHB sa kanyang linya ng depensa sa mahinang bahagi ng kaaway: kitang-kita at kulang sa matataguang kober ang kaaway habang nasa ibaba ang mga ito. Nagkamali ang kaaway na sinimulan ang putukan habang nasa di paborableng tereyn pa sila. Nagkamali rin sila sa pagtantya sa kapasyahang lalaban ang BHB habang kumakapit sa dating paniniwalang basta't tatakbo na lamang ang mga ito sa iba't ibang direksyon sa unang bugso ng mga putok.

Pagkatapos ng 30 minutong pagpapalitan ng mga putok, umatras ang mga Pulang mandirigma na walang kaswalti ngunit may naiwang ilang kagamitan dahil abala ang iilan sa kanilang normal na gawain sa umaga. Gayunman man umuwi ang mga pasistang dala-dala ang kanilang mga kaswalti.

Nabigo ang nakamamatay na dagok ng kaaway dahil sa aktibong depensa at determinasyon ng BHB. Sinimulan ng 42nd IB, na may malinaw na superyoridad kabilang ang kanyang kayabangan, ang labanan sa paraang mabilisan at mapusok pero nawalan ng bwelo dahil sa mga taktikal na kamalian sa aktwal na sagupaan.

# Engkwentro sa pagitan ng BHB at 97th IB-PA

Ginalugad ng mga pasistang tropa ng 97th IB-PA, na dumating sa Zamboanga noong kalagitnaan ng 2018, ang magubat na mga hangganan ng mga bayan ng Godod-Kabasalan mula noong maagang bahagi ng Agosto upang palakasin ang pinaigting na kampanyang "all-out war" ng AFP. Kapares ng ibang bagong reimporsment na mga batalyon, balak ng 97th IB na magsimula nang masigabo ngunit sa pagkakataong ito, nagtapos ito sa isang hinagpis.

Maaga pa lang ng Agosto 23 ng umaga, nagtipon ang tatlong platun ng kaaway sa iba't ibang *rallying point* sa kabundukan ng Barangay Delokot, bayan ng Godod. Bandang alas-3:00 ng hapon makaraang maberipika ang mga ulat ng mga iskawt na may isang kampo ng BHB, mabilis na kumilos ang naka-istambay na kolum ng kaaway at nagsimula ito ng c*ommando manuever* paakyat para maglunsad ng isang



sorpresang atake.

Ngunit alertado na ang mga Pulang mandirigma at inaasahan ang mataas na posibilidad ng putukan sa susunod na mga minuto o mga oras. Nagpasya ang kumand ng platun na magkaroon ng maikling labanan kaysa kaagad-agad na umatras bago makarating ang kaaway sa kampo. Anumang ibang kontra-argumento ay magiging walang saysay dahil nakagapang na ang platung komando ng kaaway at patagong nakalapit na sa base ng kampo.

Nagsimula ang putukan bandang 3:15 ng hapon nang mapansin ng mga sentri ng BHB ang di karaniwang mga galaw sa lupa at mga dahon na nagpapahiwatig ng inaasahang pagsalakay. Unang nagpaputok ang mga Pulang mandirigma at mabilis itong sinundan ng isang pagsabog ng *command-detonated explosive*. Naglunsad ng kontra-atake ang kaaway ngunit sila'y nabalaho sa kanilang mga kaswalti habang mataas ang moral ng mga kasapi ng BHB na magiting na nanindigan sa kanilang



aktibong depensa. Ligtas na umatras ang mga Pulang mandirigma na walang kaswalti makaraan ang beynte minutong pagpapalitan ng mga putok.

Nang maagaw ng mga sumalakay ang inabandonang kampo, nagpaputok sila ng libu-libong bala sa hangin, sa walang imik na mga punong kahoy at walang taong mga burol na tumagal hanggang dapit-hapon. Kumpirmadong mga kaswalti sa bahagi ng kaaway ay limang patay at tatlong sugatan, kabilang ang isang CAFGU. Malamyang inamin ng isang upisyal ng militar na, "Maswerte lang ngayon ang mga BHB. Nasa mataas na bahagi sila, una silang nakapagpaputok ng kanilang mga baril habang tayo'y nagmamaniobra pa lamang para makakuha ng ilang paborableng tereyn."

## Ang sagad-saring tagalabag ng karapatang tao

Hindi karaniwang tipo ng *military intelligence asset* si Jusery Baed Bongkawel, 44 taong gulang ng Barangay San Isidro, bayan ng Sergio Osmeña, Zamboanga del Norte, na nagtatago sa isang sulok ng barangay o sa pagsubaybay sa mga bakas ng BHB sa mga daan sa bundok. Isang bayarang mamamatay-tao at berdugong uhaw sa dugo si Jusery sa ilalim ng *payroll* ng PNP, at may ligal na kober bilang kasapi ng barangay Civilian Volunteer Organization (CVO).

Noong Pebrero 2018 nangyari ang isang depensibang aksyon ng isang pangkat ng BHB laban sa 53rd IB sa nasabing barangay. Malubhang nasugatan ang Pulang mandirigma na si Wilson Taata at nabihag ng mga kaaway. Ipinasa kaagad siya sa istasyon ng PNP sa munisipyo ng Sergio Osmeña. Nangangailangan siya ng atensyong medikal dahil ang kanyang kaliwang binti ay malubhang nabasag at halos maputol sa kanyang katawan. Hindi siya nakitang buhay ng kanyang mga kamag-anak na dumating para hanapin siya. Nang siya'y makita, may mga tama ng bala sa kanyang ulo. Sa halip na dalhin siya sa ospital, siya ay basta na lamang na pinatay.

Pinatunayan ng mapagkatiwalaang mga saksi at ibang impormasyon na si Jusery ang kumalabit ng gatilyo sa utos ng kanyang mga *handler* na pulis. May pananagutan din ang mga pasistang kumander na nag-utos na tapusin ang buhay ng malubhang sugatan at walang kalaban-labang bihag na Pulang mandirigma.

Bago nito si Jusery ay inaakusahan sa pagpatay sa isang aktibistang masa na si Romy Rompas noong 2017. Sangkot din si Jusery sa dalawang iba pang kaso ng bayarang pagpatay na estilong *gangster*. Kinakatakutan siya ng mamamayan ng Sergio Osmeña habang kinamumuhian siya ng iba pa.

Nadakip ng Front 1-BCC Operations Command ang pakawalang berdugo sa kanyang tindahang sari-sari sa San Isidro. Bandang alas-6:30 ng hapon noong Setyembre 12 isang espesyal na iskwad ng BHB ang sumalakay at ginawaran siya ng parusang kamatayan. Tiniyak ng BHB na hindi siya makapanlaban para walang madamay na mga sibilyan. Nasamsam sa kanya ang isang kalibreng .45 pistola na may 4 magasin at 74 bala.



## Ang ayaw magbagong taksil

Dating Pulang mandirigma si Bienvenido Fabellar, alyas Wennie, na umalis sa rebolusyonaryong kilusan noong huling bahagi ng dekada 1980 at sumuko pagkaraan ng dalawang taong paglilingkod. Bumalik siya sa dati niyang mga gawi ng pagsusugal at pag-iinom at hindi pinapakinggan ang pagsusumamo ng kanyang asawang tigilan na ang kanyang mga bisyo. Sa kabilang banda, dumistansya muna siya sa mga ahente ng paniniktik ng militar na walang tigil sa pangugumbinse sa kanya na maging aktibo sa lokal na paniniktik o kung hindi'y aarestuhin hanggang sa i-salbeyds siya.

Nakiusap siyang bumalik uli sa BHB noong 2005 sa dahilang nagpapatuloy ang banta sa kanyang buhay. Makaraan ang isang buwang makabalik sa BHB noong 2006, tumiwalag siya dala ang isang ripleng M-14 at sumuko sa 55th IB sa bayan ng Leon Postigo makaraan ang walang saysay na pangungumbinse sa kanya ng mga kasama at mga kamag-anak na ibalik ang ninakaw niyang baril. Hindi alam ng marami na sa panahong muling tinanggap si Wennie ng komiteng larangan, lihim siyang nakipagkasundo sa demonyo: nakawin ang baril para mawala na ang pagbabanta ng militar. Gayunman, kinolekta niya ang kanyang pabuyang Balik-Baril. Gusto niyang suportahan ang kanyang masamang bisyo na hindi man lamang magbanat ng buto.

Hindi napigilang lubos na mabulid sa kasamaan si Wennie sa kabila nang pagsuspendi sa kanyang parusang kamatayan dahil sa kataksilan. Sa paghahanap ng biglaang pera para sa kanyang mga bisyo, pinaigting niya ang kanyang aktibidad bilang isang ahenteng saywar at giya sa ilang operasyong kombat laban sa BHB sa magkanugnog na mga bayan ng Leon Postigo, Sindangan at Godod. Kung wala siyang pera'y ninanakaw niya ang perang pinaghirapan ng kanyang malapit na mga kamag-anak. Kinamumuhian si Wennie ng kanyang mga kamag-anak dahil sa kanyang pagkabalasubas at iresponsable sa naghihirap niyang pamilya.

Pinarusahan ng BHB si Wennie noong Setyembre 11, 2018 habang nakikipag-inuman sa kanyang mga kaibigan sa piyesta ng kanilang barangay, sa Barangay Tinuyop, Leon Postigo.

## Ang "NPA hunter"

Lumaki si Biboy Ocnep, 22 taong gulang, sa isang militarisadong Bunawan, isang mabundok na barangay ng Godod. Inabandona ng hukbong bayan ang lugar noong dekada 1990 at narekober lamang nitong nakaraang tatlong taon. Bilang isang Lumad, lumaki si Biboy bilang mangangaso at nabubuhay ang kanyang pamilya sa kaingin. Boluntaryong nagsampa siya sa BHB noong maagang bahagi ng 2016.

Ngunit sadyang mahirap ang pamumuhay ng mga BHB sa pisikal at mental, pinahintulutan siyang lumiban sa serbisyo. Pagkaraan ng isang linggo sumuko siya sa lokal na detatsment ng Philippine Army sa Bunawan kung saan naging utusan



siya sa kampo. Ginawa siya ng militar na isang tapat at maaasahang iskawt at tagatunton ng mga bakas sa gubat ng Bunawan na kabisadong-kabisado niya.

Habang binabantayan siya ng mga lokal nga residente sa pagiging regular na giya sa mga operasyong kombat ng militar, sinikap ng kumand ng BHB na kausapin ang pamilya ni Biboy at payuhang tumigil na ang kanilang anak na lalaki sa pakikipagtulungan sa kaaway. Naghugas sila ng kanilang mga kamay sa pagsabing wala silang magagawa dito. Sinubukan ng mga kamag-anak ni Biboy na kausapin siya ngunit sinagot lamang sila ng huli na, "Kakaunti lamang ang mga BHB, at nanggaling ako sa kanila. Sila'y mga duwag at madali lamang malipol!"

Dahil sa bata pa siya, nilason ang isipan ni Biboy ng kanyang mga pasistang amo. Masigasig niyang pinaigting ang kanyang gawain sa paghahanap ng BHB, may kasama man siya o mag-isang mersenaryo. Pagkatapos ng engkwentro sa Delokot noong Agosto 23, nagyabang siya tungkol sa BHB na "nanginginig sa takot habang nagsisitakbuhan na hindi man lamang lumaban."

Dinakip siya noong Setyembre 23 bandang alas-6:00 ng umaga sa Sityo Matagnay, Bunawan sa tulong ng lokal na mamamayan na palagi niyang binubunyag sa kaaway at hinaharas bilang mga tagasuporta ng BHB.

*(Isinalin mula sa orihinal na Ingles.)*

# Ako ang Bagong Hukbong Bayan

*ni Macario Salakay*



Ako ang Bagong Hukbong Bayan!
Luwal ng isang maigting na makauring tunggalian
Maalab na inaruga, masuyong kinalinga
Ng aking Inang Larangang pandigma.

Nuno ko ang magigiting na mga bayani't martir
Ng makasaysayang pagtutuos sa Mactan, Pugad Lawin at Tirad Pass
at ngayon—sa panahon ng pamububusabos ng hayok na
Imperyalistang Kano
Ako ang Pulang hukbo ng nag-aalsang sambayanang Pilipino!

Patnugot ko ang Marxismo-Leninismo-Maoismo
At ang Partido Komunista ng Pilipinas
Ako ay may patnubay sa pagtahak sa kadiliman
Tinatanglawan ng dakilang liwanag ang wastong landas.

Ang agham at sining ng digmang bayan
Gintong pamana ng Tagapangulong Mao
Sa aki'y animong kaluluwang nagkatawang lupa,
Sa pamumuno ng lider-gerilyang Amado Guerrero ang ngalan.

Ako ang hukbong may mga pulang kumander at mandirigma
Diwa nila'y di pagagapi, disiplina'y aserong bakal
Paninindiga'y walang kasingtibay, sila ang pinakamahusay
At pinakamabuting mga anak ng bayan.

Ako ang isang diklap na naging isang kaparangan ng apoy
Naglalagablab, natutupok ang kabundukang madadawag
Pinagbabaga maging ang lupang tigang,
Ningas ko'y pagapapag mula sa kabundukan pasulong sa kapatagan.

Ang taglay kong init ay nagpapaalab sa puso't
Damdamin ng mga api't kapuspalad ng kanayunan
Kaalinsabay ay nagsasanib ang talas ng isip at lakas ng bisig
Moog ng paglaban ang dating tumatangis na mga bukid.

Masdan ang bumabangong alikabok, sumasanib sa hangin
Isang dambuhalang buhawing nagtataglay
Ng Pulang kapangyarihang sa mga panginoong dantaong naghahari
Ay walang pakundangan at sa kanila'y magbabagsak!

Nakapagtitipon ako ng armadong lakas
Sa walang puknat na pagwakwak sa dibdib
At pagbigwas sa ulo ng pasistang halimaw
Tunay na tigreng papel ang mga palalong mandarahas.

Sa pagdiriwang ng aking apatnapu't limang taong kapanganakan
Milyun-milyong anakpawis sa buong kapuluan
Ang iisang sigaw ay himagsikan
Ito'y panandang bato sa kanilang kasaysayan.

Ako ang Bagong Hukbong Bayan!
Ako ang pandurog sa bulok at naghihingalong kaayusan
At sa pagkakamit ng pambansang demokrasya at kalayaan
Ako ang sandigan sa pagtitindig ng sosyalistang lipunan!


Ako ang Bagong Hukbong Bayan!
Ako ang sumisikat na araw sa malayong Silangan!
Tagumpay ko'y paglagot sa Imperyalistang tanikala!
Ito'y aking alay sa paglaya ng sangkatauhan!

---

*(Ito ay nirebisang bersyon mula sa orihinal na isinulat ni Macario Salakay noong ika-29 ng Marso 2009 sa larangan ng Tarlac, Central Luzon. Inilathala sa Ulos, isyung Marso 2014.)*

# Ang aming hukbo

*Ka Mindo*



Isang hatinggabi ako ay nagising,
Maraming bisita ang sa amin ay dumating,
Mga mukhang parang pamilyar sa akin

Wika ni ama, sila ang mga hukbo natin
Kinaumagahan nang imulat ang mata
Nagtanong ako, nasaan na sila?
Sabi ni ama umalis pero nagbilin,
Na sa ilang araw ay babalik din

Isang araw narining ang balita
Mga sundalo, inambus ng NPA
15 ang patay, 7 ang sugatan
18 armas kanilang nasamsam

Muling bumalik makalipas ang ilang panahon
Ang mga hukbong kinasasabikan
nakakwentuhan, ako'y tinuruan
mga tula at awit ng pagmamahal sa bayan

Kinaumagahan sila ay kasama
Sa pagtatanim ng saging at mangga,
Ang iba naman dulos ang hawak
sa aming kaingin ay naggamas
Nang sila ay lumisan, tanging habilin
Paglaki mo sumama ka na sa amin,
Ipagtatanggol natin inaaping bayan
at upang makamit ang ating kalayaan

*Agosto 2016*

# Malutong Gabun*

*ni Soral Malaya*

pakamahalin mo yaong kinatitirikan ng ‘yong mga paa;
pagkat sa lupang yan idinilig ang dugo, ng mga tulad mo ring
nangarap na makahulagpos sa dalita...

at, ngayon ngang ika’y nakatapak na sa matabang lupa;
marapat lamang na simulan mo nang malalim na umugat at
matamang masanay sa kapaligiran....

pagkat yaong mababatong mga sapa,
matataas at masusukal na mga tubuhan,
makikipot na pilapil sa mga ginintuang palayan,
hanggang sa pinakapayak na tahanan ng ating mga magsasaka:

ang siyang magsisilbing muog mong bakal at kubling likuran.

O, aking inang larangan, maligayang kaarawan.

---

**Malutong Gabun- Pulang Lupa*
*Ang inang larangan ay ang larangang gerilya sa Tarlac, na naging pinakaunang larangan ng Bagong Hukbong Bayan nang itayo ito noong Marso 29, 1969.*


# Ang Hukbo ay Tulad ng Langgam

*Nina Ka Laxa, Ka Joseph at Ka Mario*

*Salin ni Akira Iraya*

Ang hukbo ay tulad ng mga langgam.
Sa trabaho ay sama-sama.
Sa paglalakad ay magkakasunod.
Hindi nagsasawa sa pagpapaunawa.
Sa pag-oorganisa, ang masa'y naaabot.

Ang hukbo ay tulad ng langgam.
Kahit na maliit ay matapang.
Sa taktikal na opensiba,
At sa mga labanan,
Hindi nagpapatalo.



Ang hukbo ay tulad ng mga langgam.
Ang pagkakaisa ay namamalas.
Sila'y nag-iipon ng lakas
Para sa bagong araw
Tagumpay ay umapaw!

Sa Bikol:
An Hukbo Baga an Kutitub
An hukbo baga an kutitub.
Sa pagtrabaho, urupud-upod,
Sa paglakaw, buru-burungyod.
Diri nagsasawa sa pagpapasabot.
Sa pag-oorganisa, masa naaabot.

An hukbo baga an kutitub,
Maski saday maisog.
Sa opensiba na taktikal,
 asin pag-ato sa kaiwal,
Diri magpapadaog.

Ang hukbo baga an kutitub.
An pagkasararo naiimod.
Nagtitipon sin kusog,
Para sa aldaw na bag-o
Kapangganahan an ato!

*Hunyo 2004*



Kwentong Bayan:

# Ladies' Choice

mula sa Baringkuas (Cagayan Valley)



Sa gitna ng militarisasyon sa kanayunan, napapanday ang kaisipan ng masa sa Baggao, Cagayan. Ito ang buod ng malinaw na kwento ng matapang na pang-aagaw ng armas ng mga kabataan bilang bahagi sa paglahok nila sa armadong rebolusyon.

Taong 1979, kalakasan noon ang pananatili at pag-ooperasyon ng militar doon sa Baryo Raniag (binagong pangalan). Araw-araw binabantayan ng mga sundalo ang pagtitipon ng mga masa. Sinusubaybayan nila kung may Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa baryo.

Pinagdidiskitahan nila ang mga magsasaka na pinagdududahang kumikilos. Garapal ang kabastusan ng mga sundalo ng 21st IB ng pinamumunuan ni General Palafox.

Abot-langit ang galit ng mga magsasaka dahil sa perwisyong dulot ng militarisasyon. Maantala ang pagpunta nila sa kanilang sakahan at kaingin. Magulo ang kanilang isipan lalo na't alam nilang may mga "aswang" sa gabi. Aswang ang katawagan nila dahil ganito ang taguri nila sa mga sundalo sa kadiliman ng gabi. Pero sa likod ng malalang kalupitan, di nabigo ang kilusang masa. Di napigilan ng mga militar ang magkakasunod ng lihim na rebolusyonaryong kilusan ng baryo Raniag at karatig na baryo.

Nagpapatuloy ang paglaban ng masa kahit malalapit ang mga pasistang sundalo. Hindi tumigil ang pagpapa-unlad ng mga aktibista at rebolusyonaryong pag-aaral ng mga kabataan, ganundin ang lihim at hayag na kilusang masa.

Ang mga kabataan ang naglunsad ng isang pasayaw sa Baryo Raniag. Bago nito, nagplano ang Kabataang Makabayan, Sangay ng Partido sa baryo at kasama ang Hukbo upang maisagawa ang agaw-armas. Bahagi ito ng mas malaking planong pang-aagaw armas sa marami pang baryo.

Tulad ng paghahanda ng ordinaryong isinagawang pasayawan, nag-imbita sila ng mga kabataan, upisyales ng barangay, mga manonood at magulang. Tulad ng inaasahan ng mga aktibista, pumunta rin sa sayawan ang mga nakakomoplaheng sundalo.

Ipinatugtog ang kantang makapasayaw. Nagkakasunod na pumagitna ang mga magkakaparehang sasayaw, sa malakas na tugtog mula sa plaka. Pero mas malakas ang kaba sa dibdib ng mga kabataan. Nasa atensyon lahat nila ang maipapatupad na plano. Panahon na ng pag-agaw. Pumwesto na sila sa napag-usapang posisyon. Nakahanay ang mga sundalo sa kariton sa labas ng sayawan.

“LADIES' CHOICE,” wika ng *master of ceremonies* (MC). Hudyat ito para yayain ng mga kadalagahan ang isasayaw nila. Pumunta ang mga kababaihang aktibista sa lugar ng isang iskwad ng sundalo. Labis naman ang saya ng mga mayayabang na

militar. Iniwan sa kanilang inupuang kariton ang kanilang mga gamit kasama ang nakasandig na armalayt nila.

Walang sinayang na panahon ang mga kabataan. Lumapit ang itinakdang tim ng mga kabataan sa kariton. Pero may isang sundalo na naiwan para magbantay! Pinalikuran siya ng isang kabataan. Mabilis na kinuha ng iba ang mga baril at radyo na iniwan ng mga militar. Umpisa na nang kaguluhan ng masa sa sayawan. Inililigaw ng atensyon ng mga kabataan ang mga sundalong sumasayaw. Pero nakahalata na sila.

Nagsitakbuhan sila upang suportahan ang kasamahan nilang nagbabantay sa kanilang mga baril, na kasalukuyang dinudumog ng mga kabataan. Pero hindi sila nakalapit dahil binanatan sila ng mga kabataan. Dati nang nakahanda ang kanilang pamukpok.

Huminto ang sayawan. Tumawag ng suporta ang nagulat na mga sundalo. Dumiretso naman ang masayang kabataan sa pwestohan ng mga kasamang BHB. Isinentralisa nila ang mga nakumpiska nilang mga armalayt at radyo.

Napagkaisahan nilang harapin ang reaksyon ng kaaway matapos ang pangyayari. Binugbog at ikinulong ang mga kabataan pati rin ang mga nakipagsayawan at ganundin ang Barangay Kapitan ng Baryo Raniag. Kahit humigpit ang operasyon doon, lalong sumigla ang masa sa kilusang lihim at ligal na pagkilos. Sinagot nila ang malalaking aksyong protesta laban sa karahasang militar.

“Faithful Love” noon ang tugtog nang inagaw ng mga kabataan ang mga armas ng 21st IB. Lumaganap itong tugtog upang maipaabot ng masa sa hukbong bayan na may kaaway sa baryo. Sinumang makarinig ng Faithful Love ay agad na tatakbo upang magpaabot sa mga kasama. Inis na kinumpiska lahat ng 21st IB ang mga plakang Faithful Love.

Tatlong dekada na ang nakaraan mula noon. Pero malinaw pa rin sa alaala ng masa ang tugtog hanggang ngayon, tulad ng alaala nila sa matagumpay na isinagawang aksyon... Marami nang mga operasyong militar na nanalakay sa Baryo Raniag, pero nanatili pa rin ang mapanlabang diwa nila at ng buong mamamayan. Diwa ito na di mapapahina ng karahasan ng kaaway. Diwa ito na napanday mula pa sa pananalakay noon ng mga mang-aapi at sa paniniwalang magtatagumpay ang rebolusyon ng mamamayang Pilipino.

# Ito rin ang Hangad ng Masa

*ni R. Montana (Eldi Labinghisa)*




Kahit gula-gulanit ang mga damit at pantalon at di nakapag-ayos
Kahit ang kusina nila ay mamasa at ang abo'y manipis na
Kahit tuyo na ang mga pantaw at di naayos ang bangerahan
Kahit ang bahay ay naging gubat na ng mga agiw at lawa
May mga dahilan ang mga ito:

Nanduon sila sa loob ng kampo
ng mga kasamang nag-aaral at nagpaplano

Nanduon sila sa kabilang baryo kasama ang mga lokal na gerilya
Nanduon silang nagsasanay sa platun ng milisyang bayan
Nanduon sila sa binubuong mga KRB, GSM at sa hukumang bayan;
Nanduon sila bilang mga kinatawan ng pamahalaan
at unti-unting namumuhay bilang mga gerilya.

Eh, nasaan na ang kanilang mga anak? Sina Indang
at Untoy nasaan na...
Sus, hindi mo ba nababalitaan? Lihim lang natin ito,
ha.... nanduon sila sa mga lokal na gerilya
May kalahating taon nang naitatag
at kumikilos na sa mga baryo
Sila ang yaong bumanat sa SAF na lima
ang napatay at tatlo ang nasugatan
Sila ang nagbigay-babala kina Osep at Warlet
sa Quipot na mga tauhan noon ni Jerry Colaja

Kaya't halos hindi na sila umuuwi sa dating
mga bahay nila.
Pero ipinaubaya na nila ang kanilang pamilya
sa kilusan
Kilusan na ang nagpaplano sa ari-arian nila
Iyan ang kanilang pasya sa panahong
nauunawaan nila ang pagsulong
Iyan ang kanilang paninindigan noong tumugon
sila sa hamon ng Partido
Marami ang naging katulad nila sa iba pang
mga distrito

Ibinuhos nila ang natitirang mga dekada
ng kanilang buhay bilang buong panahong lokal na gerilya

At sila'y kapuri-puri dahil ibinigay din nila
ang kanilang mga anak na may sapat na gulang
sa kilusan
Sa isang pagkakataong bihira ngunit
karaniwan lamang nang sa kilusan na
At nang tinanggap na ng masa
na kanila ang digmang bayan.
At kailangang mapagpasyang mag-aalsa sila.

Ginto pala ang halimbawa nila
Diamante rin pala ang halaga nila
May maaalala't mapag-aralan din tayo sa kanila
Mas mabuti ring tayo'y maging katulad sa kanila
Kung mas makakayanang malagpasan pa natin sila.

*Pebrero 15, 2018*
*(Isinalin mula sa orihinal na Hiligaynon).*

---

*KRB — Komiteng Rebolusyonaryo sa Baryo*
*GSM — Ganap na Samahang Masa*
*SAF — Special Action Force*

# Isang Madaling Araw

*(Unang Karanasan sa Sagupaan)*



kami nga'y musmos
at nilaro nami'y digmaan.

isang gabi,
ngumiti lang kami
sagisag ng naliligaw naming tapang
sa nababalitang paglusob ng kaaway.

ngunit di laro ang digmaan.
binayaran ang mga kaaway
upang pumatay.

at isang madaling araw,
ang ingay namin sa paghahanda ng almusal
ay biglang pinalitan ng nakatutulig
na putukan.

nagpapaputla,
nagpapanginig,
sumusubok sa paninindigan.

higit pang malalakas ang kaba ng dibdib
kaysa mga tumutugis na yabag.

dapat bang maduwag at lisanin
ang dakilang simulaing sinumpaang ipaglalaban?
matuto sa katunayan ng digmaan,
sa wastong paraan ng rebolusyonaryong paglaban!

*12 Disyembre 1972*
*(Salin ng orihinal na English ng tulang "Small Hours of Morning")*

# The People's Warrior

*ni Emmanuel Lacaba*



The people's warrior is an athlete:
A mountain-climber, not because it
Is there, but because the masses are there.
He is an acrobat: balancing himself
On fallen trunks of trees that bridge rivers
And monstrous waterfalls of certain death,
Like a tightrope dancer. The people's warrior
Is an actor: on the stage of revolution;
An actor of sincerity, for the masses
Are the best critics, can read faces and bodies

And know when you speak the truth, or are just
Hamming. The people's warrior is, oh yes,
A comedian: making the masses see the paradoxes,
The irony, of their condition—
The contradiction between him who is ruled but sweats

And him who rules without a sweat from his
Cushioned car and office and marble toilet seat;
The people's warrior inspires the masses to march
Forward to battle cheerfully, but with all

Determination; he clowns, to make the masses feel
At home with him, who is of them
And for them for the first time one armed
But not abusive, the people's warrior.

# *Ang Mandirigma ng Sambayanan*

*Ang mandirigma ng sambayanan ay isang atleta:*
*Umaakyat sa bundok, hindi dahil sa iyon*
*Ay naroon, kundi dahil sa naroon ang masa.*
*Siya'y isang sirkero: pinapaninimbang ang sarili*
*Sa mga buwal na kahoy na tulay sa mga ilog*
*At mga dambuhalang talon ng tiyak na kamatayan.*
*Katulad ng isang aktor: sa tanghalan ng rebolusyon;*
*Isang matapat na aktor, sapagkat ang masa*
*Ang pinakamahusay na tagahatol, nakababasa ng mga mukha't katawan*

*At nakakababatid kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan, o basta*
*Nagbubulaan. Ang mandirigma ng sambayanan ay isa ring*
*Komedyante: ipinamamalas sa masa ang kabalighuan,*
*Ang kabalintunaan ng kanilang kalagayan—*
*Ang tunggaliang namamagitan sa inaalipin ngunit nagpapatulo ng pawis*

*At sa naghaharing walang ga-patak mang pawis mula sa kanyang*
*De-kutsong kotse't upisina at marmol na inidoro;*
*Ang masa'y pinasisigla ng mandirigma ng sambayanan upang malugod*
*Na sumuong sa digma, ngunit taglay ang lahat*
*Ng katatagan; siya'y nagpapatawa, upang mapalapit*
*Sa kanya ang kalooban ng masa, siya*
*Na kabilang sa kanila*
*At nauukol sa kanila sa unang pagkakatao'y nasasandatahan*
*Ngunit di mapagsamantala, siyang mandirigma ng sambayanan.*

*(Salin ng orihinal na English ng tulang "The People's Warrior")*

# Tribute to Comrade Andres Bonifacio

*by Jose Maria Sison*



How great was Comrade Andres Bonifacio?
He did not believe that the colonial and feudal order
Ruled by greed and terror was sacred and eternal
He detested the connivance of sword and cross
He trusted the entire people could prevail
If they dared to unite and fight the oppressor.
How pure was Comrade Andres Bonifacio?
He decided to serve the people
To fight for national independence,
Achieve justice and progress.
He offered his life and was to ready to die
For the people and for their bright future.

How brilliant was Comrade Andres Bonifacio?
He drew knowledge from history
And the condition of the working people
Who suffered, strove and hoped

To free themselves from exploitation and oppression
By the greedy and cruel foreign and local masters.

How learned was Comrade Andres Bonifacio?
More than those who reached the university
Who did not know or care to know the anguish
Of the toiling masses and what they can do.
More than those who neither read nor understood
The spirit of liberty, equality and fraternity.

How valiant was Comrade Andres Bonifacio?
He built the Katipunan in the face of intimidation
With the arrest of Rizal and dismantling of the Liga.
He was resolved to break the chains of colonial rule,
He declared independence and led the revolution.
Thus, he became the Father of the Filipino nation.

How worthy was Comrade Andres Bonifacio?
In comparison, Jose Rizal refused
The earnest offer to lead the revolution.
In comparison, Aguinaldo could deceive
The Supremo but noble was the martyr hero
And shameful was the traitor and repeated surrenderee.

How further worthy was Comrade Andres Bonifacio?
The revolution he led opened the road
Of democratic revolution in the whole of Asia.
Thus, the honor of Bonifacio rose so high
Towards the leadership of his proletarian class
In the era of the new-democratic revolution.

Comrade Andres Bonifacio remains our inspiration,
His example is always our guide
Our urgent task to emulate him and advance
What he began until we achieve complete victory.
Fight to defeat imperialism and reaction,
Achieve freedom and move towards socialism.

*2013*

---

## *Parangal kay Ka Andres Bonifacio*

*Gaano kadakila si Ka Andres Bonifacio?*
*Di siya naniwala na banal at palagian ang kaayusang*
*Kolonyal at pyudal na pinagharian ng sakim at lagim.*
*Suklam siya sa sabwatan ng espada at krus.*
*May tiwala siyang mananaig ang sambayanan*
*Pag nagkaisa't nangahas lumaban sa mang-aapi.*

*Gaano kadalisay si Ka Andres Bonifacio?*
*Nagpasya siyang maglingkod sa bayan*
*Para ipaglaban ang pambansang kalayaan,*
*Kamtin ang katarungan at kaunlaran.*
*Nag-alay ng buhay at handang mamatay*
*Para sa bayan at maaliwalas nilang kinabukasan.*

*Gaano katalino si Ka Andres Bonifacio?*
*Hango ang kaalaman sa kasaysayan*
*At kalagayan ng masang anakpawis*

*Na nagdusa, nagsikap at umasang*
*Makalaya sa pagsasamantala at pang-aapi*
*Ng mga among dayuhan at lokal na ganid at malupit.*

*Gaano kadunong si Ka Andres Bonifacio?*
*Higit pa sa mga nakapagpamantasan*
*Na walang alam o pakialam sa naghihinagpis*
*Na mga anakpawis at sa kung ano ang kaya nilang gawin.*
*Higit pa sa mga di nagbasa o di nakasapol*
*Sa diwa ng kalayaan, kapantayan at kapatiran.*

*Gaano kagiting si Ka Andres Bonifacio?*
*Itinayo ang Katipunan sa kabila ng pananakot*
*Sa paghuli kay Rizal at pagbuwag sa Liga.*
*May pasyang lagutin ang tanikalang kolonyal*
*Ihayag ang kasarinlan at pamunuan ang rebolusyon.*
*Sa gayon, naging Ama ng bansang Pilipino.*

*Gaano kahalaga si Ka Andres Bonifacio?*
*Kung paghahambingin, tumanggi si Rizal*
*Sa dibdibang alok na pamunuan ang rebolusyon.*
*Kung paghahambingin, naisahan ni Aguinaldo ang Supremo*
*Ngunit marangal ang bayaning martir*
*At kahiya-hiya ang taksil at maulit na palasuko.*

*Gaano pa kahalaga si Ka Andres Bonifacio?*
*Ang pinamunuan niyang rebolusyon ang nagbukas*
*Ng landas ng demokratikong rebolusyon sa buong Asya.*
*Sa gayon, napakataas ng karangalan ni Bonifacio*
*Tungo sa pamumuno ng kanyang uring proletaryo*
*Sa panahon ng bagong demokratikong rebolusyon.*

*Patuloy na inspirasyon natin si Ka Andres Bonifacio,*
*Patnubay natin ang kanyang halimbawa*
*Mahigpit nating tungkuling tularan siya at isulong*
*Ang sinimulan niya hanggang ganap nating maipanalo.*
*Lumaban upang gapiin ang imperyalismo at reaksyon,*
*Kamtin ang kalayaan at tumungo sa sosyalismo.*

*(Salin ng orihinal na English ng tulang "Tribute to Comrade Andres Bonifacio")*

# Sining ng Digmang Bayan, Tambol ng Kalayaan

*ni Juan Armando Pueblo*

Nagiging bihasa ang isang makata sa pagsusulat ng obra
Hindi sa pagkakatha ng pabango at pampaganda
Upang pagtakpan ang krisis ng kasalukuyang sistema,
Hindi sa letra ng kasangkapang pampropaganda
Upang gawing banal pangangamkam ng mga kapitalista,
O sa paglikha ng romantikong literatura
Kung paanong sa Batas Militar paiibigin ang masa.

Ito'y nasa praktika't teorya ng makauring pakikibaka,
Sa pagtatayo ng isang kaayusang makatarungan at malaya
Matutong magsulat sa dilim nang nakapikit ang mata
Upang isatitik ang panaghoy ng isang makabagong kartilya.

Nagiging matalas ang isang talumpati
Hindi sa patimpalak na ang gawad ay salapi
Doon sa halalan ng mga magnanakaw na uri,
Hindi sa pagbebenta ng amoy at mga palamuti
sa kasinungalingang may ginto ang dulo ng bahaghari
O sa naglilitanya ng taas ng lipad ng kalapati
Doon sa mapayapang mundo ng mga sawi.
Ito'y naririyan sa daing ng mga inapi ng naghaharing uri
Na ang panunumpa pagsasamantala ay mapawi.
Ang walang hanggang berso ang magbabahagi
Upang ipabatid ang kaisipang sa pang-aapi ay magwawaksi.
Naririyan sa pagpapahayag ng bawat sakit at dalamhati

Ang talas ng sugat ng bayaning sa digmaan nasasawi.
Sa nayon kailangang magtanghal ng walang ingay at kimi
Upang umalingawngaw sabayang pagbigkas ng minimithi.
At pagkatapos yanigin ang lupa ng buhawi,
Ipinagkait na lupa at karapatan ay mababawi.

Ang masa ang tunay ngang makata
Hinahamon ang panlalait at pangungutya ng burukrasya,
Nililikha ang kasaysayan sa panulat na alam niya.
Ang kanyang natatanging pluma—
isang mataas na ripleng sa apoy ng tingga'y nagbabaga!

Doon sa tagisan ng bangis ng makauring pakikitunggali
Ang masa ang likas na mananalumpati.
Kapag siya na ang bumibigkas ng kalayaang pinupunyagi
Tiyak nang ang rebolusyon ay magwawagi.
Sa entablado ng digma ang talumpating ito ay masidhi—
Bayang malaya ang tropeong iniuuwi!

Dito ay nagliliyab ang matapang na awit ng kabundukan,
Kung saan sa saliw ng proletaryong kaisipan nagsisipagkantahan.
Bawat paghakbang ng yugto ng digmang bayan
Ay may indayog ng suporta ng sambayanan.
Pinalitan na ang mga sintonadong instrumentong pinaglumaan
Upang marinig ang mga bagong kantang makabayan.
Ngunit ang masa'y musikero sa kanyang pamamaraan.
Nakalilikha ng musika mula sa kalikasan—
Sa pagkalos ng tubig sa lalagyan,
Sa pagbudbod ng asin sa mumong nasa hapag-kainan
At pagkumpuni ng nasira't bulok nang tahanan.
At sa kumpas ng kanyang kamaong nakataas sa kalangitan—

Ang sandatang nagluluwal ng punglo ng katwiran
Parang gitarang tumutugtog nang walang hanggan!

At doon kung saan nahihimlay ang di naiidlip na kabundukan
Ang malapad at malalim na muog ay nakatanaw sa kapatagan.
Sa kahit saang sulok man ng kapuluan
Ay sanlaksang humahakbang ang sumusulong na daluyong
Ng magigiting na mga anak ng bayan
Upang iguhit sa kasaysayan ang isang bagong lipunan.

At doon kung saan dumadagundong ang mga larangan
Nagmamartsa ang Bagong Hukbong Bayan,
Umiindak sa tambol ng kalayaan.
At sa pagtigil ng pagsayaw ng ulan,
Madudurog ang kasangkapan ng kaapihan,
Mapapatid ang tanikalang gapos ng mga gahaman.

Sa pagsikat ng maningning na pulang araw sa silangan.
Magiging tahimik ang katahimikan.
Magiging payapa ang kapayapaan.
Napawi na ang lumang kaayusan.
Itinatanghal na ng sining ang dakilang napagtagumpayan.
Sa bigkas ng isang malaya at mapagpalayang panitikan,
Nakamit na ang tagumpay ng sambayanan.
Naitanim na ang bandila ng makauring kilusan.
Mabuhay ang digmang bayan!

*Oktubre 8, 2018*

Maikling kwento:

# Engkwentro sa Sapang Can-awan

ni Rio Roja




1.

Mapayapa na ang Sapang Can-awan. Katulad ng iba pang mga sapa at ilog na nagmumula sa sinapupunan ng Mount Nacuron, na nakasuso sa Madyaas Mountain Ranges, patuloy ito sa kanyang banayad na pagdaloy hanggang sa pagsanib sa Aklan River sa mga bayan ng Libacao, Madalag, Malinao at Kalibo hanggang sa pumalaot tungong Sibuyan Sea. Mapayapa na nga ang maliit na sapang ito na naging piping saksi sa isang madugong labanan sa pagitan ng mga palalong tropa ng 47th IB

ng Philippine Army at ng palaging hinahamak at kinukutyang hukbong walang sapatos—ang Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Pilit na ibinabaon sa limot ng mga reaksyunaryong uri ang pangyayaring ito. Ngunit para sa inaapi't pinagsasamantalahang magsasaka't manggagawang bukid, laluna ang mga bakero, hinding-hindi nila makalimutan kung ano ang naganap sa sapang ito noong araw ng ika-5 ng Nobyembre ng taong 1991.

2.

Makikita mula sa kinukublihang burol nina Ka Nanding at Ka Andoy ang pagbaba ng isang pasistang sundalo sa isang bahay ng magsasakang nasa tagaytay. Sinundan siya ng isa pang sundalo at ng isa pa. Nakahilera ang tatlong pasistang tropa sa ibaba ng bahay. Kumikislap sa sinag ng araw ng alas-dos ng hapon ang *stainless* na *antenae* ng Icom *radio* ng kanilang *radioman*. Maya-maya pa'y nagsibabaan na ang lahat ng mga bayarang sundalo ng rehimeng US-Cory Aquino. Labing apat silang lahat. Pauwi na sa kanilang *advanced command post* ang nagpapatrulyang yunit ng 47th IB ng Philippine Army.

Nakapusisyon sa *ambush site* ang mga Pulang mandirigma ng BHB makaraan ang mahigit walong oras na pagmartsa sa maputik na daan. Lubhang madulas ang kanilang dinadaanan pagkatapos ng pagbuhos ng ulan dulot ng habagat. Lalong pinadulas pa ang maputik na daan ng mga paang nagsalit-salitan. Pasadong alas-tres ng madaling araw nang makapwesto sa Sapang Can-awan ang lahat ng mga Pulang mandirigma.

Ngunit bandang alas-kwarto, inialerto silang lahat dahil sa impormasyong may dumaang mga kaaway at hindi nila matiyak kung saan ang mga iyon. Bandang alas-nuwebe na ng umaga nang malaman nila kung nasaan ang mga kaaway. Nasa kabilang burol ang mga ito; pero sa mas mataas na pusisyon. Pero tila wala namang indikasyong natuklasan ng kaaway ang kanilang pusisyon. Nakita nilang paakyat sila sa tagaytay. Dinig na dinig nila ang pagbabato ng ulat ng *radioman* sa kanilang

*advanced command post*. Bandang alas-diyes ay lumakad ang mga sundalo patungo sa isang bahay na nagsisilbing parang marker ng hangganan ng bayan ng Libacao at ng bayan ng Madalag. Dahil sa tinatamad ang mga upisyal sa paglakad sa maputik na daan at pagtawid sa mga ilog, mag-uulat silang naikot na raw nila ang erya. Ang totoo'y nagpapasarap ang mga mersenaryong sundalo sa pagkain ng ninakaw nilang mga manok ng mga kawawang magsasaka.

3.
Dahil hindi na gaanong madulas ang daan bunsod ng buong araw na matinding sikat ng araw, matagal na ang labinlimang minutong paglakad at makarating ang mga pasistang kaaway sa Sapang Can-awan.

"Alerto, mga Kasama! Pababa na ang mga kaaway!" pabulong na kumand ng kanilang kumander na si Ka Nanding.

Nagpasa-pasa ang kumand ni Ka Nanding sa bawat puno ng tigbaw, ng bawat puno ng saging pakol, at ng bawat puno ng Imelda. Kinasa ni Ka Andoy ang kanyang awtomatikong ripleng M-16 armalayt, kasabay ng mga Pulang mandirigma. Inihanda rin ng katabi niyang si Ka Baste ang kanyang M-60 *light machinegun*.

4.
Sino ang mag-aakalang dito sa Sapang Can-awan maglulunsad sila ng tambang? Sa usaping militar, hindi pansinin ang sapang ito. Halos apat na metro lamang ang haba nito at hanggang tuhod lamang ang lalim nito kung tatawirin mo sa normal na panahon. Pero kapag todo-todo ang pagbuhos ng ulan, lumalaki ito hanggang ang maamong sapa ay nagiging mabalasik na dragon. May daanan ng mga baka at kalabaw pagkaahon mo ng Sapang Can-awan kung ikaw ay patungo sa Barangay Panipiason sa bayan ng Madalag. Pero kung ang pakay mo ay pa silangan, tuntunin mo lamang ang pilapil ng palayan at dadalhin ka sa Aklan River. Kung pupunta ka sa poblasyon ng Libacao o dumeretso ng Kalibo, sa kabisera ng lalawigang Aklan, kumaliwa ka lamang tungong ilawod. O kung ang sadya mo ay sa Central Front,

kumanan ka patungong ilaya at umakyat patungong timugang direksyon sa hangganan ng Aklan, Capiz at Iloilo.

May maliit na burol sa bandang kaliwa ng sapa kung ikaw ay patungong silangan. Nakatubo sa dalisdis nito ang mga punong kahoy ng Imelda, mga puno ng saging ng pakol, mga tigbaw at mga halamang tungao-tungao. Dito naka-kamoplahe ang isang platun ng BHB na kinabibilangan ng *political officer* na si Ka Andoy. Samantala, nakapakat ang isang pinalaking iskwad sa kabilang burol sa itaas ng tinatawirang palayan. Magsisilbi itong "anvil" o palihan sakaling may makaligtas pa sa pananambang nila sa mga mersenaryong kaaway.

Ibinaon ng isang pangkat ng mga Pulang mandirigma sa pangpang ng sapang ito ang mga *claymore mines* na dinesinyong "command-detonated explosives" (CDX). Ibig sabihin, sasabog lamang ang mga bombang ito kapag na-*switch on* ang *battery* na naka-*attach* sa mga eksplosibo. Ang ganitong tipo ng mga *landmine* ay pinapahintulutan ng Ottawa Treaty, na nagbabawal sa paggamit ng mga *landmine* na sumasabog kapag maapakan. Pero sa pamamagitan ng CDX, maiiwasan ang pagkapinsala ng mga hindi target sa labanan, na karamiha'y mga sibilyan.

5.

Naghihintay ang mga Pulang mandirigma na dumaan sa "killing zone" ng target nilang mga kaaway. Lumipas ang labinlimang minuto, pero wala pa rin ang inaabangan nilang mga pasista. Naghintay pa rin sila hanggang sa lumampas na ang kalahating oras hanggang isang oras.

Nabalisa na si Ka Andoy. Nasaan kaya dumaan ang mga pasistang kaaway? May naamoy kaya silang panganib, at nagtago sila at nagtawag ng reimporsment sa kanilang *advance command post*? At habang abala sila sa pagharap sa umaabanteng "pincer" ng kaaway, hahambalusin sila sa bandang likuran nila. Ang nagtagong mga kaaway ang magsisilbing "anvil" na siyang magtatapos sa mangyayaring labanan! Sakaling mangyayari ang senaryong ito, talagang

magpipiyesta sina Koronel Hala dela Guerra at Gubernadura. Buong yabang na ipoproklama nila na nagtagumpay ang kanilang “Oplan Last Two Minutes,” ang lokal na bersyon ng “Oplan Lambat Bitag” upang tapusin na umano ang kilusang komunista.

Pwede ring mangyayari ang senaryong ito: maghihintay sila ng *air support* mula sa MG-520 *attack helicopter* saka aatake sila sa kanilang likuran nina Ka Andoy. Gayunpaman, hindi ganuon kadali ang paghingi ng *air support*. Ikoordina pa ito ng kanilang *battalion headquarters* sa Banga sa 3rd ID HQ sa Camp Macario Peralta sa Jamindan, Capiz. Malamang tatawag pa ito sa Central Command (Centcom) sa Cebu dahil mas abala ito sa pagbibigay ng *air support* sa mga isla ng Negros at Samar kung saan halos araw-araw ay may nangyayaring mga labanan. Mas bibigyan nito ng prayoridad ang mga dalawang islang nabanggit kaysa sa Panay.

Sakaling mangyayari ang alinmang mga senaryo, magiting silang lalaban at determinadong igpawan ang anumang lakas ng kaaway. Lalaban sila ng “closed quarter”, kung kinakailangan ng sirkumstansya. At kumpyansado naman ang mga Pulang mandirigma sa kakayahan ni Ka Nanding bilang kumander nila. Hindi makailang beses na nasubukan ang kanyang kakayahang naipanalo ang labanang kahit sa gipit na kalagayan. Tulad halimbawa sa engkwentro nila sa Sibalom, Antique sa Southern Front. Galing sila noon sa isang matagumpay na ambus at pagod ang buong kumpanya nang maengkwentro nila ang pauwing mga tropa ng 12th IB pagkaraan ng kanilang patrulya. Sa naging “closed quarter” na labanang ito, nagtamo ang kaaway ng 10 patay at 12 ang mga sugatan. Nakasamsam din ang BHB ng mga armas ng kaaway kabilang ang isang M-60 *light machinegun*.

Samantala, nakatawag ng reimporsment ang ilang nakaligtas na mga pasistang sundalo. Hindi natinag ang mga Pulang mandirigma. Sinalubong nila ng mga putok ng M14, M1 Garand at M60 *machinegun* ang nagtangkang sumaklolong dalawang helikopter—isang Huey at isang Sikorsky. Dahil sa konsentradong mga putok mula sa mga Pulang mandirigma, napilitang tumalilis ang animo’y mga agilang umiiwas

sa mga palaso ng mga pana. Nagbunyi ang magiting na mga Pulang mandirigma ng BHB sa matagumpay nilang pagtaboy sa dalawang helikopter.

6.

Naputol ang pagmuni-muni ni Ka Andoy nang may naaninag siyang tao sa pinakadulo ng sapa. Isang pasistang sundalo! Biglang naramdaman ni Ka Andoy ang *adrenalin rush*. Malapit na sa "killing zone" ang mga kaaway. May sumunod pang dalawang sundalo. Pasuray-suray sila sa paglakad. Kagaya sa dalawang nauna, hindi nakaalerto ang mga sumunod pang mga pasista. Teka, parang mga lasing sila! Naaamoy nina Ka Andoy ang matinding singaw ng *bahal na tuba* at *biti-biti**.

Bumilis ang pagpintig ng kanyang pulso habang niririles ni Ka Andoy ang *safety lock* ng kanyang awtomatikong riple. Dumating na ang pagkakataong magbabayad ng kanilang maraming kasalanan ang mga bayarang tropang ito. Di maisip ang mga krimen nila laban sa masang magsasaka at manggagawang bukid simulang madeploy sa Northern Front-Panay ang batalyon noong 1982. Isa sa mga krimen nitong 47th IB ay ang pagpaslang kina Ka Raffy at Ka Bimboy noong 1984. Hinayaan ng kaaway na malitson ang mga bangkay nina Ka Raffy nang sunugin nila ang kubong tinutuluyan ng mga kasama. Ganundin ang ginawa nila kay Ka Ela noong 1987. Nakaligtas si Ka Sidro bagamat sugatan nang nireyd ng 47th IB ang kanilang tinutulugang kubo. Ngunit naiwang sugatan ang kanyang asawang si Ka Ela. Sinunog ng mga berdugong sundalo ang kubo ng masa habang nagsisigaw ng tulong ang nasugatang kasama.

Halos sampung metro lamang ang layo ng kinukublihan nilang burol at ang sapang binabaybay ng mga lasing na sundalo. Ramdam na randam ang pigil na paghinga ng mga Pulang mandirigma.

Nakaahon na ng sapa ang unang sundalong lumitaw sa unahan ng Sapang Can-awan. Pero may napansin sina Ka Andoy na hindi ito lasing tulad ng kanyang mga kasamahan. Dali-daling tumawid ito sa palayan. Parang may naramdaman siyang

panganib. Nagmamadali siyang makatawid ng palayan.

Samantala, patuloy ang maiingay na kwentuhan at tawanan ng mga lasing na pasista. At dahil nga sa labis na kalasingan ay hindi sila alerto. Wala silang pakiramdam na merong silang mga kaaway. Maya-maya pa'y binasag ng putok ng pistolang kalibre kwarenta'y singko ang masasayang kwentuhan at malalaswang tawanan ng mga pasista. Sinundan ang *signal fire* ni Ka Nanding ng mga putok ng mga awtomatikong riple at nang pagratatatat-tat-tat-tat ng masinggan. At biglang kumidlat at sumabog ang mga *claymore mine*. Animo'y parang tinamaan sila ng mga kidlat at kulog ng buwan ng Abril. At ilang saglit pa'y naramdaman nila ang paglindol sa burol na kanilang kinukublihan. Nang mapawi ang makapal na usok ng pulbura, nakita nilang parang mga palakang nakatihaya sa gitna ng palayan ang wala nang buhay na mga bayarang tropa.

Akmang titirahin na sana ni Ka Baste ang naunang sundalong nakatawid na ng palayan. Ngunit pinigilan siya ni Ka Andoy.

"Huwag na 'yan. Hayaan mo lamang na merong magkwento kung ano ang nangyari dito sa Sapang Can-awan."

"Malay natin, baka meron ding naghihintay sa kanyang pag-uwi," sabi pa ni Ka Andoy.

"Oo nga. Meron ding naghihintay na Neneng yan... Kagaya mo," biro naman ni Ka Nanding sa batang masingganer nila.

Nagbunyi ang mga Pulang mandirigma sa naangkin nilang tagumpay. Sa loob lamang ng limang minuto ay natapos nila ang ambus na halos mahigit isang buwan nilang binalak. Sa labing apat na mersenaryong mga tropa, labintatlo ang napatay kung saan 12 ang regular na sundalo at isa ang Civilian Armed Forces Geographical Unit (CAFGU). Isa lamang sa kanila ang nakaligtas.

Dagdag na namang mga armas sa Pulang hukbo ang mga nasamsam nilang 13 sandata, kabilang ang mga bala at dalawang *hand-held* ICOM *radio*.

7.
Sa maalaala ni Ka Andoy, ito ang isa sa mga taktikal na opensiba sa Northern Front na nagtamo ng malaking kaswalti ang mga reaksyunaryong kaaway. Ang naitalang pinakamalaking rekord ay ang pagtambang sa isang trak na siksbaysiks (6x6) ng 47th IB sa Barangay Tigpalas, bayan ng Malinao noong 1988. Magrereimpors sana ang mga sundalo sa hinaharas ng detatsment ng Army at CAFGU sa Barangay Osman nang sa daan pa lamang ay inambus na sila ng BHB.

Nagtamo ang kaaway ng labinwalong patay habang isa lamang ang naligtas.
Isa ring masasabing malaking kaswalti sa kaaway ay ang pananambang kay Meyor Sol Legaspi, kasama ang kanyang *posse comitatus** sa Barangay Alfonso Doce sa bayan ng Libacao noong 1985. Marami ang nagpiyesta sa pagkapaslang sa pusakal na meyor dahil responsable ito sa pagpapakulong at pagmamasaker sa mga magsasakang pinaghihinalaan niyang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan, laluna sa kanayunan ng Libacao at Madalag.

8.
Nadaanan ng mga Pulang mandirigma sa kanilang pag-atras ang isang kubong nagtitinda ng tuba. May tatlumpung metro lamang ang layo nito sa nangyaring labanan. Wala nang nag-iinumang tao dito. Nagsitakbuhan sila nang makarining ng putukan. Nakataob na ang mesang pinag-iinuman nila. Nagkalat sa paligid ang mga basong plastik at tatlong walang lamang galon; sumisingaw pa ang matinding amoy ng *bahal na tuba* at *biti-biti*.

“Aha-ha-ha-ha-hhhaaa!!!” tumawa si Ka Baste. At tinuro niya ang nakasabit na kalendaryo ng isang kumpanyang inumin. Halos hubo’t hubad na ang dalawang seksing babaeng nakasakay sa kabayo.

“Kaya pala’t tumagal sila! May maraming inumin at pulutan pala dito,” sabi ni Ka Baste.

“At may kaulayaw pa silang mga seksing babae!” dugtong ng isa pang Pulang mandirigma.

“Oo nga. Di baleng tutungo sila sa impyerno basta’t busog at masaya naman sila!” sabi ni Ka Baste.

9.
Nang nasa *tactical base* na sila ay binuksan ni Ka Nanding ang isang ICOM *radio*. Nagkataong tumatawag ang isang upisyal ng militar sa kanilang hedkwarters ng batalyon.

“Wan Ohh Payeb! Wan Ohh Payeb! Wan Ooh Payebbb!!! Uber!”

Mangiyak-ngiyak na humihingi ng suportang kanyon ang upisyal ng militar.

“Wala na dito ang hinihiling mo!”

“Wan Ohh Payebbb, Uber!!!”

“Wala nga dito! Ang kulit mo!”

“Nasaan?!”

“Aw, Ser. Kayo pala Ser... Captain del Rosario, Ser! Soorrriiii!!!”

“Ay, nanduon sa Ibajay, Ser! Ang Wan Ooh Payeb, Ser!”

“Nasaaannn???!!!”

"Nasa Ibajay, Ser!"

"Pero, naubos na, Ser!"

"Ang mga pesteng komunista?!"

"Hindi, Ser! Mga bala ng Wan Ohh Payebbb, Ser. Naubos na, Serrr!!!"

"Lahat, Captain. Serrr!!!"

Hindi nakasagot ang upisyal ng 47th IB sa kabilang linya. Tarantado naman kasi ang mga kasamahan nilang mga sundalo. Bawat putok ng nanghaharas na mga pangkat ng BHB ay sinasagot nila ng mga putok ng mortar at 105 mm *howitzer*. Minsan, maghapon nilang kinakanyon ang mga gerilya. Halos estilong "carpet-bombing" ang sagot nila sa iilang putok mula sa BHB. Yung kaso, hindi naman *fixed target* ang mga ito dahil lubhang makilos ang mga gerilya. Nagsasayang lamang sila ng mga bala.




"Ser? Ser, di ba naubos na ang mga lintek na yan? Yung mga komunista?!"

"Sinong maysabi?"

"Si Sargeant Wakalan, Ser!"

“At naniwala naman kayo sa punyentang bungangerong yan?!”

“Siyempre naman, Captain, Ser! Yan ang sabi niya sa *radio program*.”

Todong nagdaldal pa ang *radioman*.

“Kaya nga’t kung sa larong basketbol ito ay *last two minutes* ng mga komunistang terorista.... Kahapon, Ser, inanunsyo na nina Koronel Hala dela Guerra at Gubernadora, na *peaceful* na raw ang Aklan. Tiyak na masayang-masaya ang Ati-atihan Fiesta sa Kalibo, di ba Ser?!”

“Serrr!? Nakikinig kayo, Captain, Ser???”

“Serrr!!!???”

Sa di kalayuan ay maririnig ng mga Pulang mandirigma ang tunog ng isang eroplanong pangrekonaysans habang mabilis namang gumagapang ang kadiliman ng gabi sa kasukalan ng Madyaas Mountain Ranges.

*2017*

---

*Bahal na tuba—para mas matindi ang bisa nito, ginagawang “bahal” (fermented) o pinapatagal ang tuba hanggang tatlo o masobra pang mga araw bago ito inumin.*

*Biti-biti—isang uri ng lokal na alak kagaya ng Vino Kulafu na popular sa Bisayas.*

*Posse comitatus—isang pangkat ng mga sibilyang pinakikilos at inaarmasan ng isang otorisadong tao upang panatilihin ang kaayusan at kapayapaan ng isang lugar. Itinadhana ang pagmobilisa ng “posse comitatus” ng Jones Law noong 1916 laban sa rebolusyonaryong Pilipino na binansagang mga “bandido” at “ladrones” (mga magnanakaw) ng kolonyalistang Amerikano. Ginamit ito ng iilang pasistang lokal na upisyal noong panahon ng diktadurang US-Marcos.*

# Syering

*ni Ka Handum*




Tumimo sa aking kamalayan ang naririnig na madalas na kwentuhan ng matatanda sa aming looban tungkol sa mga kahirapan noong panahon ng Hapon, pagiging gerilya ng aking Lelong na nakatakas sa pagpapahirap ng mga Hapon; laging espesyal na okasyon para sa pamilya ang panonood ng banda at parada sa bayan at pagwawagayway ng bandila ng Pilipinas tuwing Hunyo 12

bilang paggunita sa Araw ng Kalayaan ng Pilipinas; nagustuhan ko ang isang kanta ng mga Hukbalahap (Hukbong Bayan Laban sa Hapon) na itinuro ng aming guro sa ikatlong grado ng elementarya, gayundin ang kanyang kwento tungkol sa buhay ng mga gerilya; at naging positibong impluwensya rin ang ilang guro sa hayskul na nagpapahayag sa klase ng kanilang makabayang sentimyento o di kaya ay sosyal na komentaryo.

Nakaakit agad sa akin ang mga grupo sa diskusyon sa UP na nagtatalakay sa mga makabayang sulatin at libro nina Claro M. Recto at Renato Constantino, ang Struggle for National Democracy (SND) ni Jose Maria Sison na naging daan para patuloy na magpursigeng umupo sa mga kasunod pang diskusyon tungkol sa ilang artikulo ng mga dakilang gurong Komunista tulad nina Marx at Mao. Sumangkot na ako maging sa mga rali at integrasyon sa mga piketlayn ng manggagawa hanggang magpasyang tuluyan nang sumali sa Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK). Sa mga grupo sa diskusyon at sa *labor committee* ng SDK ay nagtagpo at naselyuhan ang landas namin sa pulitika ng aking kasintahan noon pang hayskul na naging rebolusyonaryong katalimpuso halos kalahating siglo na ang nakakaraan.

Ang *Krisis at Rebolusyong Pilipino* ni Amado Guerrero, na kalaunan ay inilathala sa titulong *Philippine Society and Revolution* (Lipunan at Rebolusyong Pilipino) ang nakapagbuo ng aking pag-unawa sa kalagayan ng bayan, nag-engganyo sa akin para pahalagahan ang pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas, nagturo bakit di malutas-lutas ang kahirapan ng malawak na masang Pilipino dahil sa tatlong pundamental na problema ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo na nakadagan sa bayan, at nailatag nang matibay na matibay bakit absolutong kailangan ang bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado at ng partido nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas. Hindi matatawaran ang kapangyarihan ng rebolusyonaryong teorya ng lipunan at rebolusyong Pilipino sa pagpukaw nang maramihan at malawakan sa lahat ng motibong pwersa ng rebolusyon. Dapat at kailangang ito ang maging

panimulaan at tuntungan para maunawaan ang iba pang partikular na kalagayan at usapin sa mga uri at sektor.

Pagpasok pa lamang ng unang semestre ng ikalawang taon sa kolehiyo, bago pa ang suspensyon ng *writ* noong 1971 ay nagpasya na akong buong-panahong kumilos sa rebolusyon. Ako ay isa lamang sa libo-libong supling ng Unang Sigwa ng 1970 sa bagong rebolusyonaryong daluyong sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Bago mag-*martial law* hanggang maagang bahagi ng *martial law* ay ginampanan ko ang mga tungkulin bilang kalihim ng kilusang unyon sa isang distrito at kaalinsabay ay kagawad ng komiteng distrito, naging kalihim ng kilusang unyon sa linya ng industriya sa tela at kasuotan sa rehiyong Manila-Rizal at naging kalihim ng panrehiyong kawanihan sa kilusang unyon bago ako naaresto noong Hulyo 1973. Sa pagitan nito ay naging kalihim ako ng kinatalagahan kong distrito.

Sa panahon ng daluyong, mabilis sumulpot ang mga baguhan, kabataan at maaasahang kwerpo para sa iba't ibang gawain, pambihira ang bilis ng kumpas ng mga gawain, madalas na nagiging araw pati ang mga gabi, maraming pag-aaral at paghahalungkat sa teorya para ilapat sa praktika, madaling magkahugis ang malakihang mga pagkilos at pagbabago. Ang karanasan ko sa pagkilos sa Manila-Rizal na tumagal lamang ng mahigit dalawang taon ay nagbigay ng di-matatawarang leksyon at karunungan na nagsilbing matagalang pundasyon para sa paggampan sa gawain sa kanayunan at sa mas masaklaw pang mga antas.
Hindi maaaring magkasya sa dating pagpunta-punta lamang sa piketlayn at integrasyon at suporta sa mga manggagawang nakawelga noong panahon namin sa Labor Committee sa SDK. Kailangang puntahan ang mga pabrika, sistematikong planuhin ang pag-oorganisa sa mga ito sa saklaw ng buong distrito nang may pagpapahalaga sa laki ng bilang ng manggagawa sa pabrika at estratehikong kabuluhan nito sa ekonomya at pulitika, isanib ang mga partikular na usapin sa kilusang unyon sa walang tigil na pag-aaral tungkol sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino at teoryang MLM (Marxismo-Leninismo-Maoismo). Masidhi ang pagnanais ng mga manggagawang makapagtayo ng sariling unyon. Napakaliit pa ng

bilang ng unyonisadong bilang ng mga manggagawa, at sa mga pabrikang may unyon, kundi man ito hawak ng dilawan ay unyon ng kapitalista.

Limitado pa rin ang bilang ng mga pabrikang kayang abutin ng mga pangkat sa pag-oorganisa. Sa panahon ng daluyong kailangang sunggaban ang pagkilala ng masang manggagawa sa pambansa-demokratikong kilusan at bigyan ng daluyan ang maramihang pag-ugnay sa mga manggagawa at tipunin ang hiwa-hiwalay na mga naoorganisa sa isang malapad na organisasyon.

Ang isang simpleng proyekto para sa isang nakabukas na lektura tungkol sa unyonismo at kilusang manggagawa na ang imbitasyon ay ipinaskel lamang sa mga hintayan ng bus at mga simbahan ay umakit ng *attendance* na mahigit sa isandaan. Mula dito ay binuo ang Progresibong Kaisahan ng mga Manggagawa sa distrito. Naging mabungang sentro ito para sa pagsasanay ng mga organisador, mga rebolusyonaryo, naging paaralan para sa MLM, pagpapalawak, tulungan sa mga welga, mobilisasyon sa mga rali at maraming iba pa. Ito ay naging modelo para sa pagtatayo ng katulad na mga alyansa sa iba pang bahagi ng Manila-Rizal, at pwedeng sabihing naging binhing karanasan para sa pagtatayo ng Kilusang Mayo Uno.

Mayroong malalaking pakikibakang unyon na inilunsad sa distrito, naging marahas ang karamihan dahil sa sapilitang pagbuwag sa piketlayn ng mga eskirol at *goons* na inaayudahan pa ng mga pulis. Tuwirang nakalahok at naging bahagi ako sa marami sa mga welgang ito. Natutunang ang welga ay magiting na itinitindig, una mula sa pagkakaisa at katatagan ng mga manggagawa sa pabrika nang may pamumuno ng rebolusyonaryong bag-as, ikalawa, mula sa tulong ng iba pang mga manggagawa, at ikatlo mula sa pagkabig ng suporta mula sa iba't ibang nakatayong mga organisasyong masa. Ang pinakahuling welgang nilahukan ko ay inabutan ng deklarasyon ng *martial law*—welga sa Presto/CFC ng mga empleyado na sinuportahan ng mga unyon sa *rank and file* mula sa iba't ibang pabrika ng CFC. Namatay ang 2 manggagawa sa piketlayn nang barilin sila ng *security* ng pabrika

habang pinipigilan ang pwersahang pagbuwag sa kanilang piketlayn ng mga *goons* at mga eskirol. Naroon ako sa piketlayn nang mangyari iyon. Nabalitaan ko na lamang na pagkaraan ng mahigit 40 taon ay saka pa lamang nadesisyunan ang panalo ng welga ng mga manggagawa doon.

Ang panahon ng pagkilos sa isang distrito ng Manila-Rizal ay panahon ng masinsing mobilisasyon para sa mga rali sa sentro ng Maynila; panahon ng masinsing gawaing propaganda-ahitasyon at walang kapagurang pagrerekluta at pagtatayo ng mga tsapter ng mga organisasyong masa para magpalahok ng malaking pwersa para sa mga mobilisasyon; panahon ng pag-oorganisa ng mahabang martsa (modelo mula sa mahabang martsa ng 1971 laban sa kahirapan na nilahukan ng mga magsasaka) na umikot sa buong distrito na ang katangian ay martsang rali-propaganda-edukasyon-pagrerekluta; panahon ng pagbubuo ng malalapad na alyansa; panahon ng mga pangkulturang aktibidad sa mga komunidad at lansangan; panahon ng pagpapaagos ng pwersa sa mga partikular na labang antas-distrito ang kabuluhan; pagpihit ng pwersa para ayudahan ang masang apektado ng malawakang pagbaha ng Hulyo-Agosto noong 1972 na umani ng matitibay na ugnay sa masa para sa pagtutuloy ng pag-oorganisa sa kanilang mga komunidad, pabrika at eskwelahan pagkatapos ng baha, pagrerekluta ng mga kasapi ng Partido at pagsisimula na ng pagpapadala ng mga kadre at aktibista patungo sa kanayunan.

Nang buwagin ang mga distrito noong maagang bahagi ng batas militar, naitalaga ako para pamunuan ang linya ng industriya ng tela at kasuotan at kalaunan ay naging kalihim ng kilusang unyon sa rehiyon. Sa maikling panahong ito, pinagkaisa ang lahat ng pwersa sa saklaw ng pinamumunuan sa patakarang itaguyod ang diwa ng pagsuway sa mga pagbabawal at panunupil ng *martial law* sa kilusang mangggawa sa abot nang makakaya, huwag magpa-umid at magyukod ng ulo sa mga pananakot ng diktadura - ituloy ang mga grupo at pag-aaral sa lihim na paraan, magbuo ng sikretong sistema ng pamamahagi ng mga babasahin, gawing lambat ng pulungan ang maraming bahay ng mga manggagawa, magtipon ng lakas

at maglunsad ng mga kakayaning pakikibakang unyon, hikayating tumungo sa kanayunan ang lahat ng handa na. May ilang welgang nailunsad subalit hindi nakasustine sa harap ng malakas na reaksyon ng kapitalista at pasistang estado. Hanggang sa naaresto ako noong Hulyo 1973.

Naging muog na sandigan ang nabuong rebolusyonaryong kamulatan, pagkilos at pakikibaka kasama ang masa at maraming kasama at malalim nang nag-ugat ang pagkamuhi sa kaaway upang matatag na harapin at pangibabawan ang interogasyon at tortyur sa akin ng kaaway noong ako ay maaresto. Ang karanasan sa pagkaaresto at detensyon ay naging dagdag pang pampaalab sa kapasyahang agad na makalaya upang makabalik sa pangunahing agos ng pakikibaka.

Inabutan namin ang nasimulan nang maipundar na mga lugar sa Samar, partikular sa ilang bayan sa Western Samar at Eastern Samar. Naitalaga kami noong Disyembre 1975 sa isang hati ng Samar - ang Northern Area na sumasaklaw sa mga bayan sa hilagang hati mula sa tatlong probinsya ng Eastern Samar, Western Samar o Samar lamang at Northern Samar (Hinati noon ang Samar sa Northern Area at Southern Area). Kaalinsabay nito ang gawain sa antas ng rehiyon. Enero 1976 na ako nakasanib sa naunang *batch* na kinabibilangan ng aking asawa patungong Eastern Samar pagkaraan ng 11 araw na pagbagtas.

Ang bag-as ng aming komite sa Northern Area ay naging tatlong-andanang komite—gumagampan ng gawain bilang komite sa larangang gerilya, bilang komite sa buong Northern Area at bilang komiteng tagapagpaganap sa rehiyon. Naging mabunga ang ganitong kaayusan dahil nakatutok kami sa aktwal na pagpapaunlad ng isang larangang gerilya, gumagamit ng karanasan dito para sa pagpapalawak sa iba pang bahagi ng hilagang hati ng isla, at para pamunuan ang buong rehiyon. Ang komiteng kinapalooban sa Northern Area ay isang mahusay at matagumpay na komite sa pamumuno kung saan mahusay na natitipon at naisisingkaw ang talino at kakayahan ng lahat ng mga kagawad nito.

Sa loob ng tatlong taon, mula 1976 hanggang 1978, gumapang na parang apoy ang pagbubuo ng mga organisasyong masa sa mga baryo, naipalaganap ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino, mga turo at aralin sa MLKMZD o MLM, nailunsad ang kilusang antipyudal, malawakang nabuo ang mga milisyang bayan, masiglang sumapi sa BHB ang mga kabataan hanggang sa mabuo ang lakas-platun na *main force* ng BHB para sa buong Northern Area at iba pang mga mga iskwad at platun na nakalatag sa tatlong magkakatalikurang larangang gerilyang laking distrito, napasulpot ang mga mahuhusay na kadreng lokal para mamuno sa mga distrito at seksyon. Ang pangunahin kong tungkulin ay sa gawaing edukasyon at propaganda kaya naging ambag ko ang ang pagbabalangkas ng maiikling kurso sa pag-aaral na pangmasa at pampartido, pag-ikot para magbigay ng mga pag-aaral sa mga yunit ng hukbo, sa mga komite sa distrito at seksyon at maging sa mga organisasyong masa. May maikling panahong naging kalihim ako ng mga *resettled barrios* sa kagubatan, nakapag-ipon ng tuwirang sariling karanasan sa pagbubuo at pagpapaandar ng ng mga ganap na samahang masa, paglulunsad ng pakikibakang antipyudal at pagbubuo ng ilang panlipunang pasisiyasat at pagsusuri sa uri sa mga baryo.

Ang naturang tatlong taon ay nagmarka sa akin bilang isang bagong antas ng paghuhustong-gulang pa sa rebolusyonaryong kilusan sa usapin ng pagsapol sa MLKMZD, sa kalagayan ng kanayunan sa bansa, at sa rebolusyonaryong teorya at praktika sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Pinahahalagahan ko ang mga leksyon paano mabilis na napupukaw, naoorganisa at napapakilos ang masang magsasaka mula sa kongkretong kaparaanang idinaan sa simpleng organisasyon ng pagtutulungan o bayanihan sa produksyon, paggamit ng mga prinsipyo sa ekonomyang pampulitika para suriin ang katayuan ng mga uri sa kanayunan, paglulunsad ng mabungang mga pulong pagsisisiyasat, pagbubuo ng mga yunit ng BHB at mga leksyon sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba, at ang matatagumpay na mga pulong paglalagom at pagbubuo ng mga patakaran at gabay para sa kabuuang pagsulong ng mga gawain.

Ang gawain sa Gitnang Luzon ay naging panibagong hamon at nagpayaman pa sa pagsapol sa rebolusyonaryong teorya at nagpalalim sa rebolusyonaryong praktika. Panahon na naman ng daluyong - ang antidiktadurang daluyong na humantong sa pag-aalsang bayan kasabay ng rebelyong militar na nagpabagsak sa diktadurang Marcos. Panahon na naman na bumibilis din at umiigpaw ang kaalamang teoretikal at praktikal sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Kamangha-mangha ang bumulwak na galit sa diktadurang Marcos pagkatapos ng asasinasyon sa dating senador Benigno Aquino. Ang dating tulog na mga bayan sa iba't ibang bahagi ng Gitnang Luzon ay nagbangon at ispontanyong kumilos at lumabas sa mga lansangan. Sa panahong ito, ang usapin ay paano sasanib sa malawakang pagkilos sa lansangan ang lakas sa kanayunan, paano susunggaban ang pambihirang mga oportunidad para mabilis na makapagpalawak at



makapagpalakas kapwa sa kanayunan at kalunsuran, paano mag-aambag ang BHB sa pagbabagsak sa diktadurang Marcos.

Isang tampok na malakihang pagkilos na nilahukan ng Gitnang Luzon ang Lakbayan ng 1984 para isulong ang kilusang boykot sa huwad na Eleksyong IBP ng diktadurang Marcos. Iniugnay nito ang kampanyang boykot sa panawagan para ibagsak ang diktadurang Marcos, para labanan ang imperyalismong US na siyang sumuhay sa pasistang diktadura at para isulong ang tunay na reporma sa lupa.

Ang paghahanda para sa Lakbayan at ang aktwal na Lakbayan ay tunay na naging pista ng masa. Buo-buong mga baryo ang magdamagang naghanda ng mga babaunin, nag-organisa ng mga pangkat sa pagmamartsa, nagbuo ng mga *marshall*, nagpinta ng mga plakard at *streamer*, nag-ayos ng mga hihimpilan at tutulugan, nagbuo ng grupo ng mga tagapagsalita sa bawat hihimpilan at masigasig na nangalap ng suportang pinansya.

Sa aktwal, ang init ng kanayunan at kalunsuran ay nagsalubong, bumaha ang mga tulong na pagkain at tubig, maging dagdag na pwestong matutulugan. Maraming nag-ambag ng tulong pinansyal na labis-labis sa pangangailangan ng Lakbayan. Matamang pinakikinggan ang mga tagapagsalita sa mga dagliang rali sa bawat hinihimpilan at masigabong pinapalakpakan ang mga kulturang pagtatanghal. Sa masa sa kanayunan ng Gitnang Luzon na matagal na panahong dumanas ng malakihan at malulupit na operasyong militar, ang paglahok sa gayong kalaking hayagang pagtuligsa at pagprotesta sa pasistang diktadurang Marcos ay parang pagpapakawala ng tubig na malaon nang inimbak sa isang dam. Ramdam ng lahat ang nalalapit na pagbagsak ng pasistang diktadurang Marcos.

Para sa akin, ang tagumpay ng rebolusyon at maaliwalas na umaga para sa masang inaapi at pinagsasamantalahan at ng uring proletaryado ay araw-araw na pinatutunayan ng pagyakap ng masa sa rebolusyonaryong teorya ng lipunan at rebolusyong Pilipino, sa kanilang pag-oorganisa at pakikibaka, sa pagpupursige ng

Bagong Hukbong Bayan sa landas ng armadong pakikibaka, sa puspusang pagsisikap ng Partido Komunista ng Pilipinas na isanib ang unibersal na teorya ng MLM sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino.

Buo ang aking tiwala sa masa at sa Partido na aabutin ang mas dakila pang mga panahon kaysa sa mga naunang dinaanang daluyong patungo sa ganap na tagumpay ng rebolusyon. Kahit may lumitaw pang mga panibagong hadlang at kahirapan sa pagmamartsa tungo sa tagumpay, ang mga leksyon sa nakaraan, ang pamumuno ng Partido at pagbabangon ng masa ay tiyak na makapangingibabaw.

*2017*

# Ka Dave

*ni Kris Montañez (Gelacio Guillermo)*

*(Sa alaala ni Merardo T. Arce, pinatay ng mga sundalo ng diktadurang US-Marcos sa Cebu noong 5 Pebrero 1985 sa gulang na 31)*

Iyon at iyon ang papel mong ginampanan
Sa teatro ng paghihimagsik:
Isang manggagawa, inapi, pinagsamantalahan,
Namulat at nanguna sa pagdurog sa kaaway.
Sa tuwina'y mabunyi ang wakas: nangakataas ang maso,
Ang karet, ang PSR at ang baril,
Wumawagayway ang mga bandilang pula,
Pasulong na nakataas ang iyong kamao,
At ang iyong mga mata'y nagniningning
Sa tagumpay habang dumadagundong
Ang Internasyunal.
Iyo't iyon: isang rebolusyonaryo, sa teatro
At sa huli'y sa larangan ng digma,
Nakanapsak, may hawak na baril,
Namumuno sa armadong pakikibaka
At kilusang masa sa kanayunan.
Ang dating papel ang iyong naging buhay.
Paano pa magkakaiba? Iisa ang pinanindigan mo,
Ikaw bilang tauhan sa dula,
At ikaw bilang kasamang naghawan ng landas
Sa rebolusyonaryong pakikibaka.
Iyo't iyon: kahit ang pagpatay sa iyo
Ng kaaway ay matagal nang naisadula,
Kahit ang pagtangis sa iyong bangkay

Ay nahalinhan na ng rubdob ng paghihimagsik.
Tingnan mo: lahat kaming nasilayan
Ng iyong ngiti’y nangakataas ang kamao
Habang dumadagundong ang Internasyunal
Sa puso ng bayan.

*Pebrero 13, 1985*



# Puppets and Parrots are All the Tyrant Wants

*(In Memory of Antique 7*)*
*ni Rio Roja*

Puppets and parrots are all the Tyrant wants
in his court of bayonets and barbed wires.

And so like thieves in the night they came
the hordes of darkness unleashing their fury
snuffing out your noble lives
smashing your brains and
snatching your hearts out
for you not to feel and tell
for you not to reason out why
and thus crushing your lofty dreams.

You should know the Tyrant lording the land
unwelcome the likes of Lacaba, Lorca, Neruda
who read oracles for the masses to know why,
neither is he a fan the likes of Goya and Luna
their easels too real depicting social drama.

You should know the Tyrant lording the land
only want puppets and parrots
he need not minstrels like you reading
oracles for the masses to know and act,
neither he like visualizers of society's ills.

For the Tyrant only need parrots and puppets
to sing and dance all the things
good and beautiful,
good and beautiful
to sing, dance, and bow
for few silvers more.
And the hordes of darkness came
robbing all your lofty dreams
shattering all your lives so noble.

Puppets and parrots are all the Tyrant wants
in his court of bayonets and barbed wires.
But then, do you hear the people are singing?
Someday this Tyrant's kingdom will crumble
and he'll be wailing in dungheaps of history!

*2018*

---

**Antique 7 — Poet-visual artist Felix Salditos (Ka Dudie, Mayamor, Maya Daniel); Poet-visual artist Eldi Labinghisa (Ka Ed, R. Montana); Peter Mecenas Jr. (Ka Elton); Karen Cagampang (Ka Liway); Liezel Bandiola (Ka Mayang); Jason Talibo; and Jason Sanchez were murdered by Duterte's fascist dogs in Barangay Atabay, San Jose, Antique midnight of August 15, 2018.*

# *Mga papet at loro ang tanging gusto ng Tirano*

*(Sa alaala ng Antique 7)*

*Mga papet at loro ang tanging gusto ng Tirano*
*sa tabi ng trono niyang palibot ay bayoneta at alambreng tinik*

*Kaya tulad ng mga kawatan gabi sila dumating*
*kawang-kawan ng kadilimang naghasik ng bagsik*
*pinuksa ang inyong dakilang buhay*
*dinurog ang inyong mga utak*
*dinakma ang inyong mga puso*
*para hindi makaramdam at magsalita*
*para hindi makapangatwiran*
*at gayo'y nilupig ang matatayog niyong pangarap*

*Kilala niyo ang Tiranong naghahari-harian sa bayan*
*na hindi tumatanggap sa tulad ni Lacaba, Lorca, Neruda*
*na nagbasa ng mga orakulo para mabatid ng masa,*
*hindi rin siya tagapagtangkilik ng tulad nila Goya at Luna*
*na labis na totoong ang inilarawang drama ng lipunan*

*Kilala niyo ang Tiranong naghahari-harian sa bayan*
*na tanging mga papet at loro ang gusto*
*di niya kailangan ang mga tagapagbasa*
*ng mga orakulo para masa'y makabatid at kumilos,*
*ni mga tagaguhit ng mga sakit ng lipunan.*

*Dahil mga loro at papet lang ang kailangan ng Tirano*
*para awitan at sayawan ng lahat ng*
*mabuti at maganda,*
*mabuti at maganda*
*ang umawit, sumayaw at yumuko*
*para sa ilang pang pirasong pilak.*
*At dumating ang kawan-kawang kadiliman*
*na nagnakaw ng matayong niyong pangarap.*

*Mga papet at loro ang tanging gusto ng Tirano*
*sa tabi ng trono niyang palibot ay bayoneta at alambreng tinik.*
*Subalit, di mo ba naririnig ang bayang umaawit?*
*Isang araw guguho ang kaharian ng Tiranong ito*
*at hahagulhol sa basurahan ng kasaysayan!*

*2018*
*(Salin ng orihinal na English ng tulang "Puppets and Parrots are All the Tyrant Wants")*

---

*Antique 7 — Ang makata at pintor na si Felix Salditos (Ka Dudie, Mayamor, Maya Daniel); Makata't dibuhistang si Eldi Labinghisa (Ka Ed, R. Montana); Peter Mecenas, Jr. (Ka Elton); Karen Cagampang (Ka Liway); Liezel Bandiola (Ka Mayang); Jason Talibo; at si Jason Sanchez ay pinaslang ng mga pasistang asong ulol ni Duterte sa Barangay Atabay, San Jose, Antique noong hatinggabi ng Agosto 15, 2018.*

# Habol sa Kota at *Deadline*

*ni Alan Jazmines*

Kailangan pang maghabol...
ng marami-rami pa
sa kota at *deadline*...

Dyan uli tayo...
kung saan tambak
ang marami riyan
sa tabi-tabi...

Sinuman dyan...
ang di na makaiwas
ay dati nang target...

Pagkalapat...
ng mukha't dibdib...
sa duguang lupa...
di na makatatanggi...

'Wag manghinayang...
kahit sino man dyan
ang tamaan...
nakahanay naman...
sa mga dati nang target
at huli pa sa akto...
kuha sa litrato
ang daliri sa gatilyo...

Pare-pareho naman
ang mga 'yan...
desperado sa buhay...
at gagawa ng kahit ano...

Ipakita na lang...
na huli sa akto...

Alamin na lang kung sino...
at tapos na ang istorya...

Kahit paano...
kailangan pang maghabol...
ng marami-rami pa
sa kota at *deadline*...

*Disyembre 31, 2017*

# Sa telepono

*ni Mervin Fabro Pimentel*

Unang ring: "Let's Talk!" sabi ng Hunghang
May pagdiriwang...
Nag-umpisa na ang Tokhang
Uso na ang Nanlaban

Ikalawang ring: "Let's Talk!" sabi ng Hunghang
May Kataksilan...
Laganap na ang Tokhang
Nadamay pati mga inosente,
pesante,
tindero sa Kalye,
estudyante...

Ikatlong ring: "Let's Talk" sabi ng Hunghang
May Kalabuan...
Static na ang Linya
Mga Bilanggong Pulitikal di pinalaya
Gutom pa rin ang Maralita
Ang Endo naririyan pa
Nagdiriwang ang mga Oligarkiya

"Let's Talk" sabi sa kabilang linya, HinANG!
"Let's Talk" sabi sa kaliwa, BINAGSAKAN ng Hunghang!

Nagpanting,

Nabasag na ang salamin ng tenga...
Umagos, Aagos ang dugo...
Patay na ang Linya ng Telepono

# Gintong Araw, Gintong Aral

*ng Armas-Southern Tagalog*

Ating salubungin mapulang araw
Sa silanga'y muling dumatal
Ang mga laranga'y nagdiriwang
Bagong araw, bagong aral

Ang mga bayani'y pararangalan
Sasaluduhan ng kabayanihan
Hindi malilimutan mga anak ng bayan
Itatanghal ka hanggang tagumpay

Mabuhay ang Partido
Sa ikalimampung anibersaryo
Mabuhay ang Partido
Sa proletaryong pamumuno

Tayo'y muling magwawasto
Ibayong lakas ang matatamo
Kamtin natin hanggang sa wakas
Na ang sosyalismo ay matupad

Mabuhay ang Partido
Sa ikalimampung anibersaryo
Mabuhay ang Partido
Sa proletaryong pamumuno

Ating salubugin mapulang araw
Sa sila'y muling dumatal
Ang mga laranga'y nagdiriwang
Gintong araw, gintong aral

Mabuhay ang Partido
Sa ginintuang anibersaryo
Mabuhay ang Partido
Sa proletaryong pamumuno

Mabuhay ang Partido
Mabuhay ang Proletaryong Pilipino!



# Proletaryong Landas

*ng Armas-Southern Tagalog*

Pasakalye: A-D-A 2x Fm-E-D 2x

A D A
'Niluwal ng kasaysayan
A D A
Tunggalian at pag-ibig sa bayan
Fm E D
At ang adhika'y pandayin ang diwa
Fm E D
At lakas sa pakikibaka
A D A
Taglay ang ningning at liwanag
A D A
Gabay at matibay na kalasag
Fm E D
Binubuklod sa iisang prinsipy
Fm E D
Ang aping uri para magkaisa

Koro:
A D A
Dinadakila't pinagpupugayan
A D A D
Iniibig ng sambayanan
A D
Gintong karit at maso
Fm E D
Gabay sa proletaryong landas
A D A
Nilubos ng mayamang karanasan
A D A
Sa imperyalismo't estado'y lumalaban
Fm E D
'Di malulupig ng unos at bagyo
Fm E D
Bigkis ng mamamayan at hukbo
A D A
Limampung taon ng pagsulong
A D A
Yakapin ang lahat ng hamon
Fm E D
Itaas ang antas ng pakikidigma
Fm E D
Atin ang tagumpay at laya!

(Ulitin ang Koro ng dalawang beses)
Fm E D
Gabay sa proletaryong landas

Extro: A D A D A D A

# Ginintuang Taon

*ng North Central Mindanao Region*

Intro:
Capo 3rd fret G (or Bb)- D- C- D

      D
Dahil makatuwiran
     C            G
pinanday nating kilusan
    C          G     Em
Umugat,/ lumago/ at/ namukadkad
  A                D
sa piling ng masang api.
  G        D
Natuto sa kasaysayan
        C            G
Dalawang linyang tunggalian
    C            G     Em
Sa sinag ng proletaryong gabay
 A                    D
Nakamit ang gintong tagumpay.
            G(A)      D(E)
(#) Nagniningning ang pagsulong
    C(D)       G(A)
sa limampung taon
        G(A)      D(E)
Nagniningning gabay ng Partido

C(D)    D(E)    G(A)
sa ginintuang taon.

 G        D
Dahil kapayapaan
     C             G
ang layon ng digmang bayan
    C      G    Em
Di mapipigilang
  A             D
Pumula buong kapuluan
G              D
Sa pandaigdigang hamon
  C             G
buong lakas na tumugon
  C         G        Em
pagwawasto ay ibayong lakas
  A             D
pagkakaisa ay pagsulong
(balik sa #)
F                C
Sa proletaryong pamumuno
     F              D
magliliyab ang libong sulo
   E
sa bagong yugto
(balik sa # 2x)
 D  E A
sa ginintuang taon
 D  E         F-G-A
sa ginintuang taon.

# Tomloy

*ni Servando Magbanua*

The battlefield is silent now
Save for the windblown trees
And the flowing river and yet
Not long ago this morning did they
Also wait in pregnant silence
For this vengeance long unquenched
In the hearts of thirteen Red warriors.

born out of agony in their toils
angered by the treason of the few
steeled by the love and sacrifices
of a people longing to be free. . .
Thus did trees and river witness

Not so unlike the lyrics of song
The silence ripped wide open
In a fraction of forever
By gunfire and grenades
Then battlecries of victory
By the thirteen Red warriors
Standing over the fallen enemy!

A threshold has been crossed
In another day of struggle.
So shall it always be. Like this.
Courage and wisdom together
From victory to victory
Till that sweet day of freedom!

*Oktubre 2, 1978*

---

*Tomloy is a stream in the town of Tapaz, Capiz that flows into the Pan-ay river.*

# *Tomloy*

*Tahimik na ang pinaglabanan*
*Liban sa sagitsit ng hangin sa mga dahon*
*at lagaslas ng ilog, pero*
*Hindi pa nagtagal kaninang umaga nang*
*nag-abang ang buntis na katahimikan*
*para sa paghihiganting itong matagal nang*
*nasa puso ng labintatlong Pulang mandirigma.*

*iniluwal ng pagtitiis nila sa pagod*
*ginalit ng pagtataksil ng iilan*
*pinanday ng pagmamahal at mga sakripisyo*
*ng bayang naglulunggating lumaya...*
*Kaya naging saksi ang mga puno at ilog*

*Di malayo sa mga titik ng himig*
*marahas na pinunit ang katahimikan*
*sa isang iglap*
*ng sigaw ng punglo at granada*
*Na sinundan ng mga hiyaw ng tagumpay*
*ng labintatlong Pulang mandirigma*
*Na nakatindig sa nabuwal na kaaway!*

*Natawid ang isang hangganan*
*Sa isa na namang araw ng pakikibaka.*
*Ganoon na parati. Tulad nito.*
*Pagsanib ng tapang at talino*
*Suson-susong mga tagumpay*
*Hanggang sa matamis na araw ng kalayaan!*

---

*Ang Tomloy ay isang sapa sa bayan ng Tapaz, Capiz na dumadaloy sa Ilog ng Pan-ay.*

Sanaysay:

# Ang Makabuluhang Papel ng Gawaing Propaganda at Kultura sa Rebolusyonaryong Pakikibaka ng Armas-Timog Katagalugan

Mahalagang rebolusyonaryong tungkulin ang pagsusulong ng gawain sa larangan ng propaganda at kultura bilang bahagi ng kabuuang pagsisikap na isulong ang digmang bayan.... Mahalaga rin ito sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na hanay ng mamamayan sa landas ng rebolusyon.

Naging makabuluhang bahagi ng paglulubos ng mga tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang pagsusulong ng gawaing propaganda at kultura sa rehiyon. Pinakamasisigla ang mga taong 1996 hanggang 2005. Naging malaganap at masaklaw ang gawaing propaganda at kultura sa rehiyon—mula sa mga nakasulat na propaganda, mga rebolusyonaryong awitin hanggang sa mga pelikula at ang paggamit ng iba't ibang daluyan: brodkas, pelikula at tanghalan.

Regular na inilathala ang Kalatas, ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa rehiyon. Ito ang naging daluyan ng mga pagsusuri, panawagan at paninindigan ng Partido sa mainit na usaping kinakaharap ng mamamayan ng Timog Katagalugan. Taun-taon ding inilalabas ang Dagitab, ang rebolusyonaryong lathalaing pampanitikan ng Artista at Manunulat ng Sambayanan-Timog Katagalugan (Armas-TK). Naglalaman ito ng mga likhang tula, sanaysay, maikling kwento,

awit at mga dibuho ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, mga kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at ng pambansa-demokratikong kilusan.

Sa mga panahon ding ito inilabas ang dalawang album ng mga rebolusyonaryong awitin, ang "Dakilang Hamon" at "Alab ng Digmang Bayan." Inilabas sa pakikipagtulungan sa katabing rehiyon ang "Martsa kan Bicolandia." Breyktru din ang pag-ere ng Radyo Pakikibaka, ang rebolusyonaryong himpilang panghimpapawid sa rehiyon na pinangunahan ni Kasamang Gregorio “Ka Roger” Rosal. Magiliw itong inantabayanan ng mamamayan sa 100.7 FM tuwing Linggo.

Sa larangan naman ng *multimedia*, iniluwal ng mas masiglang kilusang masa sa kalunsuran ang magkakasunod na mga bidyo ng mga pakikibakang bayan tulad ng Oust Erap at Red Saga. Ipinakita naman ang marahas na kamay ng rehimeng US-Arroyo at ng mersenaryong militar sa "Alingawngaw ng mga Punglo." Binigyang mukha ang buhay at pakikibaka ng mga dakilang martir sa mga bidyong Armando Teng, Eden at Eddie. Naglabas din ng *instructional video* ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino na mabisang paraan sa pagtuturo ng paksa at nakapaglunsad ng mga palihan sa malikhaing pagsulat at pagguhit, gayundin ang paglikha ng *shadow play* at bidyo hindi lang sa kalunsuran kundi maging sa loob ng mga sonang gerilya.

Naging mainit sa mata ng kaaway ang ipinamalas na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Bunsod nito, inilagay ang TK sa pambansang prayoridad ng mga Oplan na ipinatupad ng mga nagdaang rehimen. Ang mga rebolusyonaryo sa kalunsuran ang sumapo sa lupit at pasistang teror sa anyo ng mga ekstrahudisyal na pagpaslang at pagdukot sa mga lider at aktibista ng kilusang masa. Binuhusan din ng libu-libong mersenaryong tropa ang mga larangang gerilya sa kanayunan at mga komunidad ng mga magsasaka.

Ang pasistang atake ng kaaway ay nagdulot ng dislokasyon sa makinarya sa

propaganda at kultura sa rehiyon. Sa gitna ng pagganap ng mga kasama sa pangrehiyong istap sa propaganda at kultura, tatlo sa mga haligi nito ay napaslang sa labanan. Aktibo silang nakibaka kasama ng mga Pulang mandirigma ng BHB at mamamayan sa kanayunan. Ibinunga nito ang pansamantalang pagkatigil ng regular na paglalabas ng Kalatas at Dagitab, at ng mga nasimulang proyekto sa pagpapalaganap ng mga rebolusyonaryong awitin at likhang sining. Gayunman, ipinamalas ng mga rebolusyonaryo at progresibo ang pambihirang tibay sa pakikipagpukpukan sa pasistang kaaway. Tuluy-tuloy na pinagsumikapan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pagpapasikad ng mga gawain sa propaganda at kultura. Ang malikhaing pugwang ay pinunan ng iba't ibang anyo ng propaganda na nakadikit sa mga kampanyang masa.

Sa pamumuno ng panrehiyong sentro ng Partido, itinulak ang pagsisistematisa at muling pagpapasigla ng gawaing propaganda at kultura sa rehiyon. Bunsod nito, muling umingay ang pamamahayag sa publiko ng mga rebolusyonaryong organisasyon tulad ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) at mga kaalyadong organisasyon nito tulad ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), Kabataang Makabayan (KM), Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM), Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU), Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS-TK) at Christians for National Liberation (CNL-ST). Sumabay din ang pamamahayag ng mga tagapagsalita ng mga lokal na kumand ng Bagong Hukbong Bayan na nagtatanghal sa mga tagumpay ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Muling sumigla ang paglulunsad ng mga palihan hanggang sa loob ng mga sonang gerilya. Taong 2013 ay matagumpay na nakapaglunsad ng pagsasanay sa paggawa ng bidyo at pagguhit na dinaluhan ng mga Pulang mandirigma mula sa iba't ibang *subregional military area*.

Bahagi rin ng araw-araw na pampulitikang gawain sa mga larangan ang paglulunsad ng balitaan na tinaguriang Radyo Pakikibaka. Sa pangunguna ng

Seksyon sa Pulitika ng BHB, araw-araw na nangangalap ng maiinit na balita sa ekonomya, pulitika, militar, ibayong dagat, lokal at iba pa na nilalapatan ng kaukulang mga pagsusuri. Ang programa ay tipong *live broadcasting* kung saan may *anchors* na nagbabasa ng balita, reporter na tinaguriang Ronda Gerilya at ang Tinig ng Rebolusyon (TNR) kung saan pinaiilalim ang pagsusuri sa mga tampok na balita at kaganapan na siyang magsusuma sa balitaan. Ang TNR ay pagpupugay din sa kauna-unahang brodkaster ng Radyo Pakikibaka na si Ka Roger.

Sa karamihan ng mga larangang gerilya sa rehiyon, inilulunsad mula Lunes hanggang Biyernes ang regular na edisyon ng Radyo Pakikibaka. Ang araw ng Sabado ay nakalaan sa ispesyal na edisyon na kinatatampukan ng pagsusuma sa mga balita sa nakalipas na linggo o di kaya ang pagtalakay sa mga nilalaman ng Ang Bayan, Kalatas at ng rebolusyonaryong pahayagang pangmasa sa lokal. Espesyal na programa naman ang mga rebolusyonaryong awitin, tula at dula ang itinatanghal tuwing Linggo. Maliban pa rito, regular na inilulunsad ang mga kapihan at mga pangkulturang programa sa tuwing may mga espesyal na okasyon.

Ang masiglang gawain sa rebolusyonaryong propaganda at kultura ay nakahihikayat sa pagsigla ng progresibo at makabayang kultura sa hayag na kilusang masa. Masigla rin ang iba't ibang tipo ng mga aktibidad tulad ng *art exhibits*, *factsheet* na nagtatampok sa mga isyu ng kahirapan, pambubusabos, paglabag sa karapatang pantao at kawalan ng serbisyo. Sa pamamagitan ng mga ito, nagkakaroon ng daluyan ang malikhaing sining ng iba't ibang mga artista at naigigiya ang kanilang obra sa paglalarawan ng tunay na buhay at pakikibaka ng masa. Inilulunsad ng kilusang masa ang mga regular na *photo exhibit* na tinagurigang LIGALIG. Ang *FACTSHEET art exhibit* naman ay mga obrang hango sa mga *factsheets* ng mga *human rights violations* na isinasagawa taun-taon tuwing Disyembre 10. Maging ang mga bilanggong pulitikal ay nakapagbahagi ng kanilang mga likha sa OBRA MULA SA KARSEL. Inilunsad ang mga nasabing *exhibit* sa mga pormal na *galleries* sa mga *mall*, sa mga eskwelahan at simbahan at maging sa lansangan kasabay ng mga pampulitikang pagkilos ng mamamayan.

Ipinakita ng mga larawan at mga likhang sining ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pang aping sektor ng lipunang Pilipino. Itinampok din ang paggamit ng *wheatpaste art* na nagpakita ng mga imahe ng armadong pakikibaka sa mga pader sa kalunsuran. Katuwang ng mga ito ang regular na mga *mobile propaganda teams* (MPT) at *propaganda-agitation and organizing teams* (PAOT) na sumusuyod sa mga komunidad.

Masigla ring inilunsad sa mga kalunsuran at kabayanan ng rehiyon at maging sa Kamaynilaan ang mga raling iglap ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa tuwing anibersaryo ng Partido, Hukbo at NDFP, at ang mga martsa-parangal para sa mga martir ng rebolusyon. Hayagang ipinaparada ng mga mamamayan sa malikhaing paraan ang mga bandila ng Partido, BHB, NDFP at ng mga rebolusyonaryong organisasyong masang kanilang kinakatawan, at mga istrimer o mural na nananawagan ng pagsapi sa hukbong bayan at ibayo pang pagpapaigting sa digmang bayan. Isa nang tradisyon ang paglulunsad ng mga hayagang parangal at pagpupugay sa mga martir at bayani ng rebolusyon.

Para sa mga rehiyong kanugnog ng Kamaynilaan tulad ng Timog Katagalugan, may mahalagang lugar ang pakikipagpukpukan sa labanan sa pulitika at ekonomya para yanigin ang kaaway sa kanyang sentro habang nagpapalakas pa lamang ang armadong pwersa sa kanayunan. Isang papalaking hamon sa mga rebolusyonaryo ang higit pang pagpapasigla ng gawaing propaganda at kultura, at pagpapaunlad ng iba't ibang mga tipo nito para makapag-ambag sa pagsusulong ng armadong rebolusyon sa kabuuan. Sa huli, tunay na masusukat lamang ang epektibidad ng gawaing propaganda at kultura sa pagdaluyong ng bilang ng masang namulat, naorganisa, napasapi sa Partido, napasampa sa hukbong bayan at napakilos sa landas ng rebolusyon.

*Agosto 2016*

# Panayam kay Ka Roger

*(Si Gregorio "Ka Roger" Rosal, dating tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang isa sa pinakakilalang tinig at mukha ng rebolusyonaryong kilusan. Tubong Batangas, nagsilbi rin siyang tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan. Pumanaw siya noong Hunyo 22, 2011 sa edad na 64.)*

**PRWC:** Ka Roger, bakit maling ituring na "terorista" ang PKP at NPA?

**KR:** Unang una, ang pakahulugan ng "terorismo" ay pamiminsala sa mamamayan sa layuning manira, mamilit at maghasik ng takot. Ang Partido Komunista at rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas ay may Bagong Hukbong Bayan (BHB o NPA) na isang rebolusyonaryong hukbo ng mamamayan. Itinayo ito para tapatan at wasakin ang reaksyunaryong Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police na mga instrumento ng naghaharing uri para supilin ang rebolusyonaryong kilusan at mga taumbayang hindi mapasunod sa mga ipinagpipilitan ng mga reaksyunaryo.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay tatlong dekada nang nasubok ng mamamayan bilang isang rebolusyonaryong organisasyon, bilang sarili nilang hukbo at kasa-kasama nila sa kanilang araw-araw na pakikibaka hindi lang sa aspetong militar, kundi pati sa pakikibakang pangkabuhayan, sa pagpapataas ng kakayahan sa edukasyon, literasiya at kultura, sa pagpapaunlad sa iba pang larangan, at sa sariling paggugubyerno. Mahigpit na ipinagbabawal dito ang makapinsala ng kahit kaunti sa mamamayang siyang pinaglilingkuran nito. Kaya, hindi pwedeng maging terorista ang BHB, laluna ang PKP na mahigpit na namumuno at gumagabay dito.

Ang NDFP, ang alyansa ng mga pambansa-demokratikong organisasyong kinapapalooban ng PKP at BHB, ay kusang-loob na nagpahayag doon sa Switzerland, nagrehistro ng kanyang paghamon na tatalima ang rebolusyonaryong kilusan sa Geneva Conventions at lahat ng internasyunal na makataong batas ng United Nations. Hinahamon ng PKP-NDFP-BHB ang GRP na gumalang sa mga

internasyunal na makataong batas na ito.

Napakaliwanag na ang talagang terorista sa Pilipinas ay ang GRP, ang rehimeng Macapagal-Arroyo. Ang pinaiiral nito ay terorismo ng estado sapagkat sila ang walang habas na namiminsala sa mamamayan, pumapatay sa mga sibilyan, na ang tanging pagkakasala ay ang pagsuporta sa Bagong Hukbong Bayan o pagprotesta para sa kanilang mga lehitimong kahilingan. Kung titingnan lang ang mga ginagawa nila ngayon sa Mindoro, halimbawa, walang dudang ang AFP ang siyang naghahasik ng walang pakundangang terorismo sa mamamayan.

At sa pandaigdigang saklaw naman, ang tunay at pinakamalaking terorista ay ang US. Milyun-milyon na ang pinatay ng US sa kanyang mga baliw na digmaan—sa pagbagsak ng atomic bomb sa Nagasaki at Hiroshima, sa ilang taong pag-embargo ng mga pagkain, gamot at iba pang saligang pangangailangan sa Iraq, sa pinakahuling pananalakay sa Afghanistan. Ano pa't sa Pilipinas, mahigit 400,000 mamamayan ang tuwirang pinatay ng hukbo ng US noong Filipino-American War. Umaabot sa mahigit isang milyon kung isasama pa ang mga pinatay sa gutom at sakit dahil sa kanilang mga pagsosona at blokeyo sa pagkain.

**PRWC:** Ano ang epekto ng sinasabing pag-ipit sa mga ari-arian nina Ka Joma sa rebolusyonaryong kilusan? Totoo bang nauubusan na ito ng pondo dahil sa pagkakategoryang "terorista" kay Ka Joma at sa NPA?

**KR:** Nagsisimula ang kaaway—ang reaksyunaryong gobyerno at militar nito—sa maling-maling paniniwala na ang pangunahing inaasahan o ikinabubuhay ng rebolusyonaryong kilusan ay ang tulong mula sa labas ng bansa. Iyan naman ay matagal na nating pinabulaanan. Sa totoo lang, isa sa magandang katangian ng rebolusyong Pilipino sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ay ang kapasyahan at kakayahang umasa sa sarili. Hindi ito pangunahing nakasandig sa anumang tulong mula sa labas ng bansa. Ang katangiang ito ay hinahangaan ng mga kapwa rebolusyonaryo sa ibayong dagat.

Pangunahing umaasa ang rebolusyonaryong kilusan sa mga rekursong pangkabuhayan at pampinansya sa loob ng bansa—mga kontribusyon ng masang manggagawa at magsasaka, tulong ng mga alyado, rebolusyonaryong buwis at sariling produksyon. Hindi sinasabing hindi natin kailangan ang tulong mula sa labas. Ang anumang tulong mula sa labas—maging materyal, pulitikal o moral—ay ganap na ipinagpapasalamat, ikinatutuwa at tinatanggap. Ngunit bilang karagdagan at hindi sandigan.

Ilusyon lang ng gubyerno na naapektuhan nang malaki ang kilusan sa pag- *freeze* ng umanong mga deposito nito sa bangko. Wala namang deposito ang Partido, NDF o BHB sa ibayong dagat. Wala ring pera sa bangko si Ka Joma sa The Netherlands kundi ang regular na inihuhulog doon ng gubyernong Dutch para sa pagkain, gamot at upa sa tirahan niya roon bilang *political refugee*.

Kaya baliw ang layunin ng kaaway na i-*freeze* ang umanong mga deposito sa bangko ni Ka Joma at ng rebolusyonaryong kilusan. Bigo ang pag-asa nilang sa gayo'y mapipilay ang rebolusyonaryong kilusan at mapamamanikluhod sa ibinibitin nilang usapang pangkapayapaan.

**PRWC:** Kung ikaw ang tatanungin, Ka Roger, ano na ang naabot ng Oplan Gordian Knot ng AFP? Sa iyong tingin, may bago nga bang mga hakbanging ipinatutupad ang gubyerno kaugnay ng deklarasyon nito ng todo-todong digma laban sa terorismo?

**KR:** Iyang Oplan Gordian Knot ay bagong katawagan lang ni [dating AFP Chief] Gen. Benjamin Defensor sa kampanyang kontra-rebolusyonaryo ng gubyerno—yung Campaign Plan Bantay Bayan Laya. Umano'y mababaklas na nila sa wakas yung buhol ng rebolusyon na hindi nila magawa-gawa sa loob ng mahabang panahon. Sa paghahambog ni Gen. Defensor, daan-daan na raw mula sa BHB ang sumusurender. Ito namang punong papet ng US na si GMA ay napaniwala ng mga militar na totoo ito, pati sa mga hungkag na ulat nila tungkol sa daan-daang

engkwentro na pawang nasa inisyatiba raw ng AFP at pagkumpiska ng marami raw kalawanging baril ng BHB. Ang biro ko nga, e baka diyan sa Gordian Knot sila magkabuhul-buhol.

Wala namang pagkakaiba ito sa esensya sa Oplan Makabayan noong panahon ni Erap at ginawang Campaign Plan Balangai noong unang taon ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Ang kaunting pagkakaiba lamang ay ang mas masahol at walang-habas na paggamit ng psywar sa mas malaking bahagi ng kanilang kontra-rebolusyonaryong kampanya—mga balitang hindi totoo, mga gawa-gawang paninirang-puri sa rebolusyonaryong kilusan, katulad na lang ng pagbabansag na "terorista" sa BHB at kay Ka Joma Sison. Anu't anupaman, lahat ng kanilang mga kasinungalingan at paninira ay hindi nagiging epektibo sapagkat ang mamamayan, laluna sa kanayunan, na matagal nang nakasama ng BHB, ay hindi na maniniwala diyan. Alam nilang ang BHB ay isang rebolusyonaryong hukbong talagang naririyan para lubos na maglingkod sa mamamayan, nakikibaka para sa kapakanan ng mamamayan. Sila ay lumalahok diyan at ibinibigay nila ang kanilang pinakamahuhusay na mga anak para maging mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Meron pa palang isang bago, dati na rin tulad ng nasa pangalan ngunit sinimulang muling sariwain noon pang Campaign Balangai—yung oryentasyon nilang *back-to-basics*. Itong ipinagmamalaki ni Gen. Dionisio Santiago ay yung ginagawa nilang walang habas na pamamaslang sa mga sibilyan—ang pinakabrutal na paraan ng panunupil ng militar sa mamamayan gaya ng nasaksihan noong panahon ng batas-militar sa ilalim ni Marcos. Pinakamatindi ang ginawa nila sa Mindoro.

Impluwensyado ito ng *back-to-basics doctrine* ng US Army na pinagkaabalahan nila simula nang matalo ang US sa Vietnam, pero ngayon ay mas sinisinop nila. Gawa ito ng desperasyon ng AFP dahil hindi nila mapigil-pigil ang paglago ng BHB at paglawak ng rebolusyonaryong kilusan.

Binabalingan nila ang baseng masa ng BHB sa layuning mawalan ng lalanguyang tubig ang isda. Meron silang baliw na paniniwala na kapag pinapatay at tinatakot ang mga sibilyan ay iiwas na ang mga itong sumuporta sa rebolusyon. Sa mga engkwentro ay pinipilit nilang idamay ang mga may-ari ng bahay. O di kaya'y dinudukot nila ang mga sibilyan at pinalilitaw na ang mga ito ay napatay, naipit sa labanan ng dalawang panig. Pinakamasahol pa ang ginagawa sa mga aktibista, mga maslider ng mga organisasyong aktibo sa pakikibaka sa kanilang interes, halimbawa sa karapatang tao, kilusang paggawa, paglalantad ng katiwalian ng gubyerno—mga beterano ng pagpapatalsik kay Erap at pagluluklok kay GMA —yun at hindi pa ang BHB ang kanilang pangunahing mga tinatarget.

Sa Mindoro lamang ay di bababa sa 30 mga aktibista at maslider ang kanilang pinatay sa loob ng dalawang taon nilang pananalakay. At palaging biktima diyan yung KARAPATAN, yung Bayan Muna, sa Mindoro yung Kalipunan ng mga Mamamayang Mindoreño. Pinapatay ang mga maslider ng mga katutubong Mangyan. Yung iba nga'y pinagpuputol pa ang katawan. Sa kabila ng palpak na palpak na pagdedeklara ni Col. Palparan ng Mindoro na 90% cleared na ito ng BHB, patuloy na tinatarget pa rin nila ang mamamayan, laluna mga maslider. Katwiran nilang ang mga ito raw ang bumubuo ng lambat-suporta ng BHB.


Ang mga ito raw ay base o mga myembro rin ng BHB. Kinakailangan daw tuyuin ang dagat na nilalanguyan ng mga isda. Kaya 'yun ang kanilang pinagtutuunan ng pansin. 'Yan ang higit na pinatindi sa panahon ni GMA. Kaya mapapansin nating higit na naging biktima ng *all-out war* ang mga sibilyan. Ang *all-out-war* ay gera talaga ng gubyerno laban sa mga sibilyan, kahit kanino pa ito idineklara. Pero nagkakamali ang reaksyunaryong gubyerno at AFP. Sa halip na mawalan ay lalo pang mabilis na umaani ng suporta ng mamamayan ang BHB, dahil dumarami sa mamamayang nakikibaka nang hayag at ligal ay napipilitan o naoobliga na ring mamundok, sumama sa NPA at humawak ng sandata.

*(Inilathala sa Philippine Revolution Web Central o PRWC noong 2005.)*

# WELGA!

*(Pakikibaka ng mga Manggagawa)*

*ni Ka Goryo*




Walong taon na akong drayber ng bus sa Pascual Liners, Inc. nang pumutok ang welga noong Pebrero 18, 1995. Lumaban kami dahil sa isyu ng mababang porsyento, *illegal deduction* para sa piyansa *fund* at *police fund* na kinukuha sa mga empleyado. Kung kumpleto ang byahe sa isang araw, mahigit ₱100 ang kinakaltas, halos ₱200 nga, dagdag pa kung may namamatay. Pati *tax* na kinakaltas, hindi bumabalik sa manggagawa kung sobra. Ang masakit pa rito, 'pag ikaw ay namatay, kahit gaano katagal ang serbisyo mo sa Pascual, babayaran ka lang nila ng ₱2,500. Two-five lang ang kapalit ng buhay mo. Meron daw ibinibigay na malaking halaga na sinasabi ng Pascual na kwarenta mil o trenta'y singko mil, pero 'yon ay nanggaling sa kaltas sa mga empleyado. Kada empleyadong lumalabas araw-araw ay kinakaltasan para sa iba't ibang pondo. Tapos, 'pag may namatay, kakaltasan kami ng tig-iisang daan kada empleyado. Kaya 'yong natitira, hawak pa rin ng Pascual. Grabe

ang pagsasamantala rito.

Pasvil Pascual Liner, Inc. Worker's Union ang pangalan ng unyon namin. Pasvil dahil ang may-ari nito ay ang pamilyang Pascual at ang pinsang buo nilang Villegas. Kahit noong humiwalay na si Villegas at itinayo ang sariling linya na Vilfran, nanatili ang pangalang Pasvil.

Umaabot ng 300 yunit ang Pasvil na may limang grupo batay sa limang magkakapatid na Pascual—grupo uno, grupo dos, ganoon. Malaki 'yan. Pati 'yong dating mga bus na nanggaling sa PNR ay binili, inayos lang nila, pinagkukuha ang mga *chassis*, niremodel, ginawang *box-type* ang iba o hinabaan. Pero dati, ang Pascual, nagsimula sa trak ng bato na nilagyan ng upuan.

Ang manggagawa noong panahong iyon, mahigit anim na raan, dahil sa isang bus, dalawa nang dalawa, drayber at konduktor. Idagdag pa ang inspektor, *dispatcher*, mekaniko, *oil man*, *gasoline boy*. Pero ang inspektor, at *dispatcher*, sa *management* 'yan, mahirap na akayin sa unyon.

Tumatanggap ng sampung porsyento ang drayber at pitong porsyento ang konduktor kung ang dinadala ay ang IH, International Harvester, yong may nguso. 'Pag ang nahawakan mo ay 'yong HINO, na *flat-nosed* na *back-engine*, ibibigay ang walong porsyento sa drayber at anim na porsyento sa konduktor. Mas mataas sa IH dahil bihira 'yong drayber na naglalabas nito. Unang-una, maikli na, lumang-lumang modelo pa. Lusot ang preno niyan. Sa loob ng isang linggo, posibleng isang beses na lulusot ang preno niyan habang bumibyahe ka.

Noong Disyembre 23, bago magwelga, pinatawag kami, imbitado ang lahat, may salu-salo. Nandoon pa si Tito Sotto. May mga upuan, may pa-*raffle* at mga palaro. Tapos, nagsalita 'yong matandang Pascual, dahil daw sa aming sipag ay kumita nang malaki ang kumpanya, kaya pepremyuhan niya kami. Akala namin kung anong premyo na. Sabi niya, "Ibibili ko kayo ng bagong bus, *aircon*, ibyahe niyo

uli.” Sa isang bagsak lang, dumating ang tatlong daang bus na *aircon*. Nagdagdag uli siya ng  tao, umabot mahigit 700 ang empleyado.

Sa pagbyahe, ‘pag lumabas ka ng alas-kwatro ng madaling araw, gagarahe ka ng alas-onse ng gabi. Labing-siyam na oras ‘yon, kain at ihi lang ang pahinga mo. Noong panahong ‘yon, dahil hindi pa masyadong matrapik, ang Baclaran-Novaliches, minsan nakakalimang balik-balik. Sa ikalimang balik, halos ikaw na lang ang last trip noon. Dahil malakas pa noon, wala pang masyadong kalaban ang Pascual, ang napoporsyento ng drayber ay umaabot ng sanlibo isang araw. Pero hindi naman isang araw iyan kung kukwentahin. Napakahaba, e. Halos dalawang araw na ‘yon sa oras na ginugol mo. Pumapatak lang ng tig-limang daan ang kinita mo. Akala ng iba, mataas ang sahod. Pero kung matibay ang katawan mo, makaka-*straight* ka kahit apat na araw sa isang linggo, ‘yon lang ang pwede. Pero sabihin mong wala kang relyebo, aba’y hindi ka tatagal, maaga kang mamamayapa sa puyat. Noon, kabataan ko pa, kalakasan ng pagbyahe, naiistret ko ang limang araw, Sabado at Linggo lang nagpapahinga.

‘Yong matandang Pascual, maayos naman magsalita, pero ang mga anak grabe, nanunutok ng baril. Nang mamatay na ang matanda, tuwing gabi nandoon silang lahat sa upisina, nag-iinuman, kumakain ng masasarap na pagkain. Kung may ipaabot kang problema, imbes tulungan, patatalsikin. ‘Pag pinatalsik ka na, hindi mo makukuha ang parte ng pondo na kinaltas sa ‘yo. Tinatakot ka pa.

Bandang 1994, nag-uumpisa na ang gapangan diyan, para maitayo ang unyon, at binibigyan ng pag-aaral. Ang mga nag-organisa dito ay nanggaling sa piyer, kung saan matatag ang mga unyon nila. Sa Pasvil, may nakatayong unyon, pero sa kumpanya. Ang presidente, empleyado rin nila sa loob. Kaya noong nag-*lapse* ang *company union*, saka binanatan noong 1995 ng welga dahil paso na ‘yong unyon nila, e kailangang na salisihan na.

Pinaboto kami, kung sino raw ang panig sa unyon ng kumpanya, parang

*referendum* daw. Na-*straight* ang *voting* pabor sa amin. Pero itinago ang *ballot box*, ipinasok sa upisina, magtanghalian daw muna. Paglabas, talo na kami, sa kabila ng matinding pagtutol ng mga manggagawa. Walanghiya talaga ang Pascual, dahil sero talaga sila. At doon din natin nakita na ang NLRC ay hindi naman talaga pumapanig sa mga manggagawa; nabaliktad 'yong pinanalo ng mga manggagawa. Ang ginawa kasi, 'yong para sa  manggagawa na boto, inilagay sa Pascual at sero sa manggagawa. Ganyan talaga ang NLRC. Kaya ipinutok ang welga para iprotesta ito.

Pagputok ng welga, madaling araw pa lang, mahigit dalawang daan na kaming nakabarikada sa garahe para huwag matibag ang harang. Alas-kwatro, pagbukas ng *gate*, pinangunahan ng ilang drayber ang paglalabas ng bus, pero hindi inilabas sa kalsada, kundi iniharang doon sa *gate* at kinuha ang susi. Pagkatapos, pinlat ang gulong para hindi na makabyahe. Ibinalandra namin ang 70-80 bus sa haba ng kalsada, mula Uniwide hanggang PLDT. Talagang lahat ng dumaraan ay napapalingon. Natigil ang kita ng Pascual na umaabot ng netong 1.5 milyon bawat araw.

Pagkaraan ng labinlimang araw, nagbaba ang NLRC ng Return to Work Order. Temporary Restraining Order. *Temporary*—habang hindi nalulutas ang usapin, huwag ka munang magwelga. Pahahabain lang naman nila, at talagang pinahaba nga. E hindi nga pupwede ang ganito.

Dumating ang dalawang siksbay na kumbinasyon ng pulis at army, kaya nila nabuksan ang *gate*. Nagpaputok pa ng baril ang may-ari. Bagamat matibay ang harang, nabuwag. Nagkapukpukan talaga. Ang tatapang din naman ng mga welgista. Tinulungan din kami ng PISTON. Hindi naman kaya ng pulis Novaliches lang. Kung hindi pa nila dinalhan ng dalawang siksbay, hindi talaga nila kayang buwagin.

Itinuloy namin ang piket. Minsan dinadalhan kami ng *goons*. Tinindigan namin.

Bagamat nabuksan ang *gate*, ipinagpatuloy namin ang piketlayn sa gilid ng *gate*. Nag-*hire* sila ng mga eskirol. Ganyan naman lagi ang pakana ng estado.

Tapos sinasabi nila na bawal magwelga sa *vital industries*. Grabe na nga ang pagsasamantala sa mga manggagawa, tapos may pa *vital-vital* pa. Basta hindi kami aalis dito sa piketlayn. Itinayo uli namin. Naobliga pa akong pumunta sa San Jose del Monte para manghingi ng kawayan doon sa kawayanan. Binigyan kami ng may 50-70 piraso na pinagputul-putol na namin doon at isinakay sa dyip. Itinayo namin ang piketlayn, mahaba, parang tren sa gilid ng bakod ng Pasvil. Tapos, nagtayo rin ang pulis ng outpost sa dulo ng piketlayn namin, kaya parang pati pulis kasama sa piketlayn.

Sa dami namin, isa't kalahating sakong bigas, isang saing lang. Isang kawa rin ang gulay. Araw-araw, may pag-aaral, may kwarto talaga para sa ED kung saan nag-aaral ng PAMA (Panimulang Araling Pangmanggagawa). Sabado-Linggo, nagtatalakay ng LRP. Ang mga anak ng mga kasama naroon din, kada Sabado nag-aaral sila ng SND. Pana-panahong tinatalakay ang editoryal ng AB, natsit.... Doon na rin nagpupulong ang sangay. Tumatanggap din ng mga magtatayo pa lang ng unyon, binibigyan sila ng lugar para makapag-usap.

Tapos, pumasok sa ligal na usapin sa NLRC. Patagalan na ito. Noong una, kakaunti ang nakakabyahe sa bus. Pero noong tumagal, ang mga hindi napuno ng pag-aaral, nagbalik sa trabaho. Pero kaunti lang. Sa mahigit 700 empleyado, hindi aabot sa 50 ang bumalik. 'Yong iba, naobligang maghanap ng trabaho sa labas, pero 'pag may mga pag-aaral at pulong ng unyon, dumadalo sila. Meron nang nagwewelgang-bahay pero okey lang 'yon, basta hindi sila mag-eskirol, kasi 'pag nagpupulong, nandiyan silang lahat, nagbabayad ng butaw. Myembro pa rin sila.

Ang pumakat talaga sa piketlayn, naging mga pultaym. Sinabi naman ng abugado na "tatagal ng dekada itong kaso sa ligal, maghanap na muna kayo ng ibang trabaho". Naobliga nga 'yong iba, kaya kumonti na ang tao sa piketlayn. Dahil sa

hirap ng buhay, may umuwi na sa probinsya nila, may naghanap na ng ibang trabaho.

Tumagal talaga ang piket. Nagsimula noong 1995, natapos noong 2012. Naging buhay na eskwelahan ito ng mga manggagawa. Kagaya ko, ano bang alam ko diyan? Noong una, wala naman akong interes sumama diyan. Pumirma lang naman ako noong nagkaroon ng pagpapapirma sa mga empleyado. Pero noong pumutok na, naging interesado ako sa mga pag-aaral na ginawa. Sabi ko, hindi ako pwedeng maiwan.  Kailangang matuto rin ako kung paano ako magpopropaganda, paano ako magbibigay ng pag-aaral kung sakali akong obligahin. Simple-simple lang naman ito, 'ika ko. Ano ba naman 'yong mga buhay na karanasan, inabot na natin ang lahat n'yan. Matindi nga 'pag tayong manggagawa ang nagbibigay niyan. Kahit TPMU (Tunay, Palaban, Makabayang Unyonismo) pa lang, gusto nang magwelga. TPMU pa lang, nag-aalab na ang damdamin ng mga manggagawa, e. Lalo kung naka-MK 'yon. Nasa tao talaga kung gusto mong matuto, pero kung hindi ka desidido, wala. Kahit magpabalik-balik ka pa diyan ng pag-aaral.

Dahil sa tuloy-tuloy na mga pag-aaral, naintindihan naming kailangang sumama ang mga manggagawa sa iba't ibang pagkilos. Lumahok ang unyon sa People Power noong 2001, umarkila ng tatlong dyip papuntang Mendiola. Hinarang nga sila ng mga pro-Erap sa may Monumento, pero sumigaw muna sila ng "Erap pa rin", kaya nakalusot, binigyan pa ng pagkain ng mga pro-Erap.

Nakakapaglunsad din kami ng sarili naming mga rali sa NLRC at DOLE. Nakapagsanay kami ng sariling mga ispiker sa mga simposyum. Hanggang 2004, umaabot ng 60 hanggang 200 ang sumasama sa mga multisektoral na rali, pati SONA.

Sumasama na sa piketlayn pati ang mga pamilya namin. Nakapagtayo pa kami ng grupong pangkultura, ang Sining Pasada. Isa sa mga naging aktibista nito, na anak ng welgista, ay sumapi sa hukbo at martir na ngayon, namaty sa isang labanan sa

kanayunan.

Bago pumutok ang welga, iilan pa lang ang mga kasapi ng Partido. Pero noong pumutok na ang welga, sunud-sunod na ang napasampa sa Partido. Kasi tuluy-tuloy ang pakikibaka, kaya tuluy-tuloy na rin ang rekrutment. Isa na nga ako riyan. Doon ako namulat at pagsama ko, tuluy-tuloy na. Noong nakaisang taon na ang welga, nakasumpa na ako sa Partido. Noon ding bumilis ang rekrutment, sumama na ako sa probinsya.

'Yong iba, nagpunta na sa kanayunan at tumangan sa armadong pakikibaka. Kaya parang kakaunti ang nakikita sa piketlayn, mga trenta na lang. Kasi 'yong iba dyan, nagsi-CB, 'yong iba kung anu-anong trabaho sa piketlayn. 'Yong iba naman ay naging organisador, kumilos sa iba't ibang lugar. Tinayuan nila ng organisasyon ang buong komunidad sa palibot ng welga, lumaganap din. Pagkatapos ng trabaho nila sa ibang lugar, bumabalik diyan.

Para makatagal, nagpapalakad kami ng CB boys, 'yong umaakyat ng bus na may dalang *collection box*, nanghihingi ng tulong. Pero dapat inilalatag mo 'yong usapin ng welga, inilalatag mo rin 'yung usapin ng mga pambansang isyu—pagtaas ng langis, pagtaas ng bilihin, kasi sasakupin mong lahat talaga 'pag nagpapaliwanag ka sa mga pasahero. Deregulasyon, pribatisasyon, liberalisasyon, denasyunalisasyon, pati Herrera Law, dala-dala rin yon, dapat maintindihan ng mga manggagawa, ilalatag mo sa mga pasahero. Nakakawing din naman 'yon, e. Hindi 'yong usapin lang ng Pascual ang inililinaw mo. Kaya tumagal ang welga. Marami talagang nagbibigay. May mga IGP din kami, nag-aalaga ng baboy, at nagtayo ng karinderya.

Hindi na ako kuntento sa pagsama-sama sa rali, kailangan sa pinakamataas na antas na ng pakikibaka. Kanya-kanya na kaming batch ng pagpunta sa kanayunan, para maranasan ang iba't ibang klase ng gawain. Kapag nakatapos ka na ng mga anim na buwan, balik ka na sa piketlayn. Pero ang iba hindi na talaga bumalik. Ang

iba naman, pagbalik sa piketlayn, ilang panahon lang, pumanhik na rin uli. Maraming kasama ang hindi na kuntento sa rali-rali. Tayo na sa probinsya, mag-armado na tayo.

Ang pamilya ng mga nagwelga, nahirapan talaga dahil sa tagal ng pakikibaka. Ang ibang mga asawa, naglalabada. Sa tulong ng ibang mga kapatid, kung may nahihiram na puhunan, nagtitinda-tinda. ‘Yong iba nga nangangalakal ng basura.

Kung may kaunting natitira sa CB, sa mga *solicitations*, at IGP, binigyan ang pamilya. Kung pupunta ka sa kanayunan, tinutugan ng organisasyon kahit ang pambayad man lang ng bahay, sila na ang nakakaalam kung paano na didiskarte. Ang asawa ko nga, naranasan din yan, e. Nangangalakal
habang wala ako. Kasi ang nasasagot lang ng organisasyon ay ‘yong bayad sa bahay, e ‘yong kakainin mo araw-araw, saan mo kukunin ‘yon? Hindi pa naman ganoon kalakas ang organisasyon, hindi naman kayang sagutan lahat. Ang nakukuha sa CB itinatabi bilang *strike fund*, pero iba-iba ang pondo doon. ‘Pag dumating ng hapon ang mga nag-CB, hinahati-hati ‘yan. Ibinibigay ang 20% sa kanila, sa nag-CB. Ang natitira, binubukod-bukod ‘ya. May mga kahon na pinaglalagyan ‘yan. May para sa pagkain ng mga nagwewelga, may para sa mga pamilya nila, may para sa gagastusin kung sasama sa rali, may itinatabi rin para sa mga gastos ng pumupunta sa kanayunan. Nagpapalitaw din talaga ng para sa kanayunan mula sa iba, kasi kulang naman ang parteng galing sa CB. Lalapit ka sa ibang mga kasama at alyado para sa pamasahe mo, ‘yong pambili mo ng mga damit pang-CS, bakpak, botas, kung anu-ano pa. Malaki ang suporta galing sa piyer kasi organisado doon.

Binasura ng DOLE ang kaso, at nang iapela ito, lalo pang tumagal. Lumiit na ang piketlayn, umikli na nga pati ‘yong kubol naming parang tren. Noong binuhay muli ang kaso kag nadesisyunang dapat bayaran ang mga manggagawa na nasa piketlayn, may *sheriff* na para kumuha ng sasakyan, wala nang makuhang sasakyan dahil walang nagbyahe. Binenta nang binenta ng Pascual ang mga ari-arian. Ininda

rin niya ang welga. Pero lumiit na ang piketlayn, mula sa dating 500, sa huli'y iilan-ilan na lang ang tao. Pati ang presidente ng unyon ay namatay na sa sakit.

Nang matapos ang welga, ang nabayaran ay kwarenta'y tres lang, sa kabila ng 200 'yong naka-*file*. Minaniobra na lang ng NLRC. 'Yong mga gumawa ng *statement* lang ang isinama. 'Yon mga indi gumawa ng statement at nakarekord lang ang pangalan, hindi nakasali. Walanghiya. Ang laki ng natipid ng kumpanya. Binarat nang binarat ang negosasyon. Nag-alok na lang ang may-ari ng halagang ₱12 libo para sa mga nagtrabaho ng tatlong taon pababa at ₱60 libo para sa mga matagal na. Hindi na rin inilaban pa kasi napakatagal na nga. Kaya 'yong 43 na nabigyan, ginawa pang bumbay. Sa haba ng labanan, huhulug-hulugan lang sila. Tseke 'yon na nakalagay kung kailan pwedeng makuha. Ganoon kalupit ang Pascual.

Buti pa nga sila, may nakuha. Kasi sa ibang kaso na ganyan, sa papel na lang nananalo. Heto ang desisyon, babayaran ka, pero sarado na ang kumpanya o kaya ibinenta na sa iba. Manalo ka man kahit tumatakbo pa ang kumpanya, pahirapan pa 'yon. Kasi ang mangyayari, kukuha ka pa ng *sheriff* saka babatak ngayon. Babatak ka pa ng *equipment*, saka pa lang 'yon pepresyuhan ng *arbiter*, ibibenta pa 'yon, saka ka lang makakuha ng pera. Kung magkalagayan, kukunin nila ulit 'yong yunit at sasabihing huhulugan ka na lang. E kung bago mabayaran, sarado na 'yong kumpanya, o kaya'y ibinenta na sa iba, sinong sisingilin mo? *New management* na. Tapos ka. Hawak mo na lang, papel. Ganoon kagulang ang kapitalista.

Kahit hindi ako nakakuha, basta nakakuha sila, masaya na ako. Binalatuhan din nila kaming mga indi nakakuha, mga tig ₱1,500, okey na rin. Higit pa sa pera ang nakuha ko sa laban na 'yon, napataas ang kamulatan ko ang nagtuluy-tuloy sa pagkilos. Ang malaking aral kasing nakuha ko sa karanasan kong 'yon, na ang NLRC ay nakikipagkutsabahan sa kapitalista. Hindi talaga sila para sa manggagawa. Kaya hindi ka makakaasa ng ganap na tagumpay kung dadaanin mo sa ligal. At makakakuha lang talaga kung kasama ang ibang mamamayan sa pakikibaka. Kaya nga tama 'yong ginawa ng maraming kasamang namulat sa welga

doon na naging pultaymer na at kumilos sa iba't ibang lugar. Kinukwenta nga namin, ang mga nag-armado sa amin, mga isang platun. Ang naging organisador sa lunsod, mahigit isang platun din. Hanggang ngayon mahuhusay na kasama pa sila. Ikaw ba naman ang araw-araw na laman ng kalsada, tatalas ka rin. Sa mga welgistang nagpultaym, wala pa kahit isa ang nasawi.

Sa patuloy na pagsulong ng rebolusyon, patuloy na lalakas at lalawak ang kilusang masa, at patuloy na darami ang makulay na mga kwento tungkol dito. Matapang na ibinagsak ng kilusang masa ang dalawang pangulo, ibabagsak o paaalisin ang marami pang iba. At sa higit na pagsulong ng buong pambansa-demokratikong rebolusyon ay tuluyang nang maibabagsak ang buong mapang-aping sistema.

*Pebrero 2015*

---

LRP — Lipunan at Rebolusyong Pilipino

CB — *collection box*

IGP — *income-generating project*, o proyekto para magpalitaw ng pinansya

nangangalakal — pagkalkal sa mga basurahan para kunin ang mga *plastic*, karton at iba pang maibebenta sa mga *junkshop*

# Tiyo Carding

*ni Kalayaan Esguera*



Nagpadala og mensahe
si Tiyo Carding
Ang tiyo nato nga dili tiyo
May mensaheng gipaabot
Nagsuksuk og .45
Kulang daw iyang bahin
sa humay nga giani.
Pag-ingon ko nga gidumog ang tanom
Sa peste ug ilaga,
Gihatagan tag semana aron mag-alsa-balutan
Dugay na daw gani ang semana
Kay wala man tay mga gipanag-iyahan
O, husto siya. Wala tay gipanag-iya bisag unsa
Ang yutang dugay na natong gitikad dili atoa
Ang kabaw nga gialimahan dili atoa
Hasta ang humay ug mais dili sab atoa.
Wala kitay gipanag-iya gawas sa kusog
Nga naglatay sa atong kaugatan
Ug kining sundang nga gitakin
ug dugay nang gibaid niining malungtarong pag-alsa.

*(Mula sa Sulong ng NDF-Mindanao, Enero 2013)*

# *Tiyo Carding*

*Nagpahatid ng mensahe*
*Si Tiyo Carding*
*Ang tiyo nating di naman tiyo*
*May mensaheng ipinaabot*
*Nakasukbit ng .45*
*Kulang daw ang kanyang parte*
*sa palay na inani.*
*Nang sinabi kong tanim ay inatake*
*Ng peste at daga,*
*Binigyan tayo ng 'sang linggo para mag-alsa-balutan*
*Matagal na nga raw ang linggo*
*Dahil wala naman tayong pagmamay-ari*
*Oo, tama siya. Wala tayong pagmamay-ari kahit ano.*
*Ang lupang matagal na nating binubungkal ay hindi sa atin*
*Ang kalabaw na inaalagaan ay hindi sa atin*
*Maging ang palay at mais ay hindi rin atin.*
*Wala tayong pagmamay-ari maliban sa lakas*
*Na dumadaloy sa ating mga ugat*
*At itong sukbit na itak*
*na laon nang hinasa nitong matagalang digma.*

*Marso 2014*
*(Salin ng orihinal na Bisaya)*

# Banta ng Wakas

*ni Isagani dela Guerra*

Bayan, tayo ay magbanta, ang wakas ay ipapasya
Daang mat'wid, malubak, di ba't ilusyo'y tapos na?
Kay nipis na nga ang hiblang pagitan ng galit, gutom
Nagngingitngit na ang pwersa ng kamaong ikinuyom

Tayong pinagnanakawan, tayo ngayo'y magbanta
Sa baboy-ramong kawatan t'yaking di'yan makawala
Silang nagpakatihaya sa kama'y milyong salapi
Habang sa aspaltong banig, nahandusay ang binigti

Tayong pinagtutubuan, tayo ngayo'y magbanta
Sa makinang pumipiga, pawis lamang ang sa dukha
Na sikmura'y humahapdi, at leeg ay sakal-sakal
Ng mga presyo't singilin ng mga d'yos ng kapital

Tayong kinakamkaman ng lupang nililinang
Magbanta sa asenderong reporma ay kahungkagan
Silang sa yama'y garapal, sakaha'y pinagharian
Ang tumatangan ng karit, nagbabakwit, pinapaslang

Tayong isinasantabi sa hagupit ng delubyo
Panagutin ang inutil, kampon nya'y pawang palalo
Silang pinagmasdan lamang, nabangkay sa guho't burak
Dinarambong pati tulong, pag-asa ang sinasadlak

Tayong pinagtataksilan, tayo ngayo'y magbanta

Sa agilang mandaragit, lupai'y ginagahasa
Lagim ang inihahasik nitong sandatahang tuta
Utos ng salamangkero'y susundin nang walang awa

Bayan ngayo'y nagbabanta, ang sukdula'y dumating na
Hindi na hihintayin pang kusang mapatid ang hibla
Ang kamaong nakakuyom sa sakit, pait at galit
Ngayon ay nagpupumiglas, patungo sa pulang langit

Kaya bayang nagbabanta, sa hibik ay magkaisa!
Papulahin ang lansangan, padagundungin ang martsa
Pag-alabin ang larangan sa aklasa't digmang bayan
Itong dilawang rehimen, ganap na nating wakakasan!

*Pebrero 2015*

# Nabarbara ngem Tikag ti Armas Iggem Tayo Ita

*ni Ka Jemma*


NANGLEMMES DAGITI BAGYO, AGNGAYNGAYANGAY NI TIKAG
Saan laeng met nga init ti mapan na iyab-ablat
Ikuykuyog na ni bisin, saksakloten na ni saem
Anian a latigo daytoy a manglunlunag ti nakem.

Agrengrengngat ti dagdaga, agang-angrag ti mulmula
Nakadasar met ti awan iti piman a kusina
Ay, awan met ti makaot, naibusen ti makaod
Kidkidan daytoy a krisis ti kakaysuna a paryok.

Paidam ni apo ulep ti namnama nga agtudo
Iimot dagiti appo ti biag ken dagdaga tayo
No saan tay' agulimek, saan latta met agarbis
No ikawes tay' ni buteng, karkaro da nga agsuitik.

Sumapsapliten ni rigat, umir-iroten ti bekkel
Ti galot a suminsinit, ni estado't mangtengtengngel
Rikna a makidangadang, di kad' kaniami a sumkad?
Maymaysa laeng ti dalan—agturturong iti gubat.

Nabarbara ngem ti tikag, armas iggem tayo ita
Naturtured ngem allawig, manglemlemmes panagsagaba
Iti sango ti kiraos, iti ima daytoy gawat
Dumalluyon ti umili, rumukrukkuas ditoy tanap!



# *Mas Mainit kaysa Tagtuyot ang Hawak natin Ngayong Armas*

*Nanlunod ang mga bagyo at parating na'ng tagtuyot*
*Hindi lamang kanyang init ang kanyang idinudulot*
*Kasama niya ang kagutuman, kalong-kalong niya'y pighati*
*Ano bang latigo itong tumutunaw sa damdamin.*

*Bumibitak ang mga lupa, nanunuyot ang pananim*
*Nakahain nama'y wala sa kaawa-awa nang kusina*
*Ay, wala nang madukot, naubos na ang masandok makukutkot*
*Lilimasin nitong krisis ang kaisa-isang kawali.*

*Ipinagkakait ni panginoong ulap ang pag-asa ng ulan*
*Ipinagdadamot ng mga panginoon ang ating lupa't kabuhayan*
*Kung hindi tayo iimik, hindi pa rin naman aambon*
*Kung isusuot ang takot, lalo silang makapandarambong.*

*Humahagupit na ang kahirapan, papahigpit na ang pananakal*
*Tanikalang pumapaso, estado ang siyang tumatangan*
*Kamalayang makibaka, sa ami'y hindi ba mag-aalab?*
*Iisa lamang ang daan—tumutungo sa digmaan.*

*Mas mainit kaysa tagtuyot, hawak natin ngayong armas*
*Mas matapang kaysa buhawi, lulunod sa paghihirap*
*Sa harap ng sikmurang kumakalam, sa kamay nitong kagutuman*
*Dadaluyong ang mamamayan, bumabalikwas sa kaparangan.*

*(Salin ng orihinal na Iloco ng tulang "Nabarbara ngem Tikag ti Armas Iggem Tayo Ita")*

# Pag-aaral sa Oras: Mga Lumang Tula Tungkol sa Bago

*ni Kerima Lorena Tariman*

hindi mawawala ang araw sa
ating panulaan
dahil ito ang isang bagay na
nawawala sa lipunan.
ipinaghele tayo ng kimi
at pinasuso ng katahimikan.
tayo'y mga bastardo ng
lansangan.

kinukutyang tagapagmana ng
mayamang kasaysayan,
kinukutyang kakampi ng
sinisinong sambayanan



tayong nakikipagtitigan sa
mata ng unos.

walang mukha, walang
pangalan, ngunit kaaway ng
karimlan at kawalang-
katiyakan.

tayo'y ningas sa mahinang
puso,
tayo'y liyab ng libong sulo.
tayo'y mga andap lamang.
Bahagi at kaganapan ng
naglalagablab na araw ng
kasarinlan.

# Pagkakaisa

*ni Ka Parts Bagani*



# Limampung Taon

*ni Ka Reese*

Ang ginintuang taon
Ay panahon ng pagbabangon
Pagbabalik-tanaw sa nakaraan
Bilang armas at gabay na tangan
Sa pag-igpaw at pagsulong ng kilusan

Limampung taon
At patuloy na dumadaluyong
Ang himagsikang makasaysayan
Sa simula pa lamang
Inihayag na ng putok ng digmang bayan
Ang paglaganap ng makauring pakikibaka
Sa buong kapuluan

Limang dekada na ang pinagdaanan
At di pa rin natitinag ang paglaban
Pumaroo't parito na ang ilang rehimen
Ngunit kanilang ipinagmamayabang na paggapi
Atin pa ring binibigo hanggang sa kasalukuyan
Sa pagdatal ng ikalimampu, kasama

Muli nating sariwain ang kasaysayan
Mga kasamang nagbuwis alang-alang sa bayan
Ay ating gunitain
Bigyang pugay ang mga nanatili't nagpunyagi
Bagama't pinahina na sila ng panahon
Ating itaguyod at paunlarin
Mga ipinundar na simulai't gawain

Sa ikalimampung taon
Magpaalingawngaw tayo't magpadagundong
Mula sa Hilaga hanggang sa Katimugan
At saan mang sulok ng kapuluan
Ngayon higit kailanma'y
Di dapat panghinaan
Mga gabay mahigpit na panghawakan
Sumulong, magpaunlad
Magkaisa sa panawagan
Itaas ang antas ng digmang bayan!



# Singkwenta

*ni Ka Espat*
*BHB-Ifugao*


Sa ikalimampu
Tayo'y magdiriwang ng pasasalamat
Sa dakilang proletaryong kilusan
Sa pagbibigay ng liwanag sa gabing
Mapanglaw ng karukhaan at kasalatan

Sa ikalimampu
Tayo'y magdiriwang sa gitna ng mga
Kahirapan na tila unos na bumibigwas
Sa ating hanay, ang sinag ng ginintuang
Maso at karit ang syang tanging armas

Sa ikalimampu
Magdiriwang tayo ng higit na pagkakaisa
Mula sa hiwa-hiwalay na ideya at praktika
Sa pagbagtas sa masalimuot na batas
Ng pakikidigma.

Sa ikalimampu
Magdiriwang tayo ng may
Pagpupugay sa limang dekada
Ng mga dakilang aral sa mga
Kabiguan at tagumpay

Sa ikalimampu
Tayo'y magdiriwang upang salubungin
Ng may panibagong proletaryong sigla
At pag-asa ang limampung ginintuang taon
Ng Partido Komunista!



Kwentong bayan:

# Patay na si Sebio

mula sa Baringkuas (Cagayan Valley)



Noong dekada 1950, isang maliit na bayan ang Baggao na pinalibutan ng malawak na kagubatan. Pangangahoy ang unang ikinabubuhay ng ilang mamamayan na nakatira sa bayang ito na sikat dahil makapal ang primera klaseng narra, na pinapangalanan ng mga konsesyunaryo ng *logging* bilang "Ginto ng Baggao."

Noong nahawanan na ng mga konsesyunaryo ang kagubatan, ginawang pasto (rantso) ang halos buong Baggao ng ilang pamilya tulad ng mga Palliagao, Tapulao at Ramirez ang pinakababa, Quintos sa gitna at Dumayag sa ilaya. Sa mga pamilyang ito, Palliagao ang pinakamakapangyarihan dahil meyor noon si Wilfredo "Peding" Palliagao.

Sa lawak ng pasto ng mga panginoong maylupang ito, parang sapa na lamang na pinag-iinuman ng kanilang mga baka ang ilog Pared.

Mula sa Baryo San Carlos ng bayan ng Gattaran, saklaw ng pasto ng noo'y si Victor Quintos (isang despotikong panginoong maylupa na pinarusahan ng BHB) ang mga baryo ng Barsat, San Antonio, Nangalinan, Taytay, Bitag Grande, Bitag Pequeno ng Baggao at hanggang sa baryo ng Magogod sa bayan ng Amulung. Saklaw naman ng pasto ng Palliagao ang mga bukirin ng Pena Weste (Gattaran), binabaybay pababa sa sapa ng Callaoan hanggang makalabas sa mga baryo ng Bagunot, Carupian, Bunugan at Taguing tumawid sa mga baryo ng Masical at Adaoag, hanggang Manalo at Monte Alegre ng Amulung. Maliban dito malawak din ang pastohan ni Palliagao sa Ilayang Baggao.

Sa panahong ito, inumpisahan na rin ng gubyerno ang programang *homestead*. Dumating sa Baggao ang mga magsasakang setler upang maghanap ng lupang masasaka. Nagkaingin ang karamihan sa kanila sa gilid ng mga pastohan ng mga mayayaman. Sinamantala ng mga pamilyang ito upang higit pang palawakin ang kanilang lupain sa pamamagitan ng maruming paraan.

Tumigil ang mga magsasaka sa pagtatanim ng tradisyunal na palay dahil niloko sila ng pamilyang Palliagao na magtanim ng tabako. Saka sila'y pinautang na may mataas na interes.

Noong nabaon sa utang ang mga masa, inagaw na ng mga Palliagao ang kanilang mga lupa. At kung minsan sinasadyang pakawalan ang kanilang mga baka at

kalabaw sa pasto upang kainin ang mga tanim ng mga magsasaka, at saka nila ibuntong sigaw, “At sa amin pa ang mga kaingin sa palibot ng aming pastohan!” Kinilala ng reaksyunaryong gubyerno ang pang-aagaw ni Palliagao at iba pang panginoong maylupa sa pamamagitan ng Cadastral Survey ng 1957 at ang bogus na repormang agraryo ng rehimeng Marcos noong 1972. Pinatituluhan ng mga makapangyarihan at mayayaman ang mga lupaing pinagpaguran at siyang ikinabubuhay ng mga magsasaka. Sinisingil din nila ng upa sa lupa ang mga magsasaka.

Ang anak ni Peding Palliagao na si Nenita ay nakapag-asawa ng taga-Pamplona na si Dr. Caculitan. Niyaya ni Dr. Caculitan ang kanyang kapatid na pumunta sa Baggao upang makaiwas sa kanyang mga kaaway sa kanilang lugar. Siya ang pinakapusakal at berdugo sa magkakapatid. Siya si Sebio.

Naging dagdag na armas ng mga Palliagao si Sebio upang lalong mapagsamantalahan ang mga magsasaka. Siya ang ginawang lider ng armadong grupong tagasingil ng upa ng mga magsasaka.

Matinding hirap at pasakit ang sinapit ng mga magsasaka kay Sebio.
Di pa nakontento sa upa sa lupa, nakikihati pa kahit sa mga pinuputol na buho, kahoy na panggatong, nabingwit na isda at kahit susong napulot.
Suntok at kulata ang ipinapatikim niya sa sinumang masasalubong niya sa daan, lalo na kung may daladalang bagay na pwedeng hatiin.

Lagi niyang pinaghihinalaan ang mga magsasaka na nagpapalusot ng mga produkto, kaya araw-araw na pinababantayan ni Sebio ang Sapang Callaoan sa mga tauhan niyang armado.

Sawimpalad ang babaeng nakursunadahan ni Sebio dahil gagahasain niya ito anuman ang pagkatao niya, dalaga man o may asawa, saan man niya matatagpuan, nagluluto man sa loob ng bahay o naglalaba sa sapa.

Takbo at tago ang mga tao sa tuwing makakarining sila ng tunog at yabag ng kabayo. Narito na naman ang demonyong si Sebio! Takot at galit ang bumabayo sa dibdib nila.

Matagal na panahon na tinitiis ng mga magsasaka ang galit nila kay Sebio. Gusto man nilang ipaghiganti ang kanilang kalagayan pero wala silang magagawa dahil hawak ni Sebio ang baril. Hawak ng buong pamilya ang kapangyarihan sa buong Baggao.

Lisanin man nila ang binubungkal nilang lupa sa paligid ng pasto, wala naman din silang malilipatan dahil pasto na lahat ang bawat lugar, at panay na pinaghaharian ng iba't ibang demonyong panginoong maylupa tulad ni Sebio.

Ito ang kalagayan ng Baggao nang dinatnan ng unang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Taong 1976 noon. Noong una takot pa ang mga tao sa mga kasama. Sa tagal na walang armadong nakakasalamuha sila maliban lamang kay Sebio at ang kanyang pangkat, di nila inaasahan na mayroon pa lang armadong pwersa na nagtataguyod ng kabutihan para sa mahihirap. Unti-unting lumapit ang mga magsasaka sa BHB. Niyakap nila ang panawagan ng mga kasama na "lupa para sa mga nagbubungkal". Nabuo ang binhi ng pagkakaisa ng mga magsasaka, kababaihan at kabataan sa mga baryo. Naipatupad nila ang pagsimula ng rebolusyong agraryo sa pamamagitan ng taktikang "pitik bulag" o kaya'y "submarino".

Kinabahan si Sebio at iba pang panginoong maylupa sa nababalitaan nilang armadong gumagala sa mga baryo at kabundukan na dating pinaghahari-harian nila. Namumulto sila sa alingasngas na "hukbo ng mahihirap."

Nakipagkutsaba sila sa kaaway. Sumasama sila sa mga operasyon ng 51st PC (Philippine Constabulary). Binuksan ang mga kamarin sa pastohan nila para sa mga pasistang sundalo. Pinalala ang panggigipit nila sa mga magsasaka.



Nakita ng mga magsasaka na hindi talaga mapagsasalubong ang interes ng magsasaka at ng may-ari ng lupa. Hindi makakamit ng mga magsasaka ang makatarungang buhay sa pamamagitan lamang ng maliliit na hakbang. Kailangan ang marahas na pagbangon laban sa mga mapagsamantala at mapang-api sa kanila. Kailangang lubusang alisin ang mga tinik sa kanilang mga paa-si Sebio Caculitan-upang makahakbang sila nang malalaki. Kailangan ang marahas na pagbangon laban sa nagsasamantala at nang-aapi sa kanila.

Matagal nang kumukulo ang galit ng mga magsasaka kay Sebio. Wala nang makapipigil sa paghihiganti nila. Di tulad noon, kaya na nilang tapatan ang lakas ni Sebio. Dahil mayroon na silang gabay at armas—ang Partido (PKP) at BHB. Taon 1978, binuo ng Partido, Hukbo at mga magsasaka ang Hukumang Bayan upang litisin si Sebio. Napatunayan ang malaking kasalanan ni Sebio sa mga magsasaka. Ibinaba ang parusang kamatayan sa kanya. Agad na umaksyon ang mga

kasama at masa para ipatupad ang rebolusyonaryong hustisya.

Sa araw na ipinatupad ang pamamarusa, hinintay nila ang pagdating ng panginoong maylupa. Noon pa lamang nila hinintay ang yabag ng kabayo ng kaaway nilang si Sebio. Totoong nakakabayo si Sebio na dumating sa Sityo Cusipay, Barangay Bunugan. Maniningil na naman ng upa.

Hoy! sigaw sa maraming nakadungaw sa mga bintana sa kanilang mga bahay.
Nahalata niyang may dalawang lalaking lumalapit sa kanya.
“Bakit anong kailangan ninyo?” Pasigaw na tanong sa kanila.

Isang putok ang sagot sa kanya. Patay na nahulog sa kanyang kabayo ang berdugong si Sebio.

Kumalat tulad ng apoy sa tuyong kakugunan ang ”Patay na si Sebio”. Anong takot ng mga panginoong maylupa sa Baggao sa nangyari kay Sebio. Anong takot nila sa masang pinagmamalupitan! Nilisan nila ang kanilang pastohan at ipinamahagi ng Partido sa masa ang lupa. Parang piyesta sa kasiyahan ang masa.

“Noong patay na si Sebio, ipinaghiganti rin namin ang aming pananim na kinain ng mga pinakawalan nilang baka at kalabaw. Inulam namin ang mga damuhong baka," kwento ng isang matandang babae. Karamihan ay ipinamahagi sa mga magsasakang walang hayop. Matapang at nagkakaisang hinarap ng mamamayan ang isang malaking kaaway sa uri.

At nakita nila, na sa pamamagitan ng gabay ng Partido at lakas ng Hukbo kayang-kaya ng uring anakpawis na yanigin ang lupa, baliktarin ang langit at ihulog si Sebio Caculitan sa kanyang kabayo.

# Integration with the Masses

*ni Neil Doloricon*



*Pakikisalamuha sa masa*

# Mag-aram,
# Bag-uhon an Kahimtang!

*Ni Ka Nonem, Pula nga mangaraway ha Norte-Este Samar*

I
Kasama, kita mag-aram
An pakigrebolusyon usa nga dako nga pag-aradman
Pag-adman an aton kalugaringon ngan an kaaway
Pag-adman liwat kahimtang han aton katilingban
Pag-adman gihapon an aton kasaysayan
ngan hingaradtuan

II
Inin aton katilingban
Sadang kunta an amkon nga karikuhan
Matambok an katunaan ngan katubigan
Makakagbuhi hiluag nga katawhan

III
Pero kitaon ta aton kabutang
Inin karikuhan diri ta ginpupulsan
Kay kita ginhikawan
Han mga agaron han tuna, kapital ngan poder
Ha kakurian iginludlod an katawhan

IV
Kun lilingion aton kasaysayan
An karikuhan liwat an nagin hinungdan
Han pagsakupa ha aton han mga dayuhan
Iginpasangil an buwa nga kauswagan

V
Tikang hadto hasta pa yana
An mananakop nag-iba la hin taktika
Gintukod niya papet nga republika
Kakunsabo agaron-kumprador burgesya

VI
Parag-uma ha tuna ginhikawan
Trabahador, ha kusog ginpahimulsan
Petiburgesya naluros an kahimtang
Nasudnon burgesya kanan imperyalista gintamak-tamakan

VII
Sanglit kita ngatanan mag-aram
Panhuna-huna aton ig-andam
Hasugon an tama nga dalan
Lantawon an katalwasan komo hingaradtuan

VIII
Usa pa nga punto nga angay tiiran,
Pag-aram diri la angay magpabilin ha hunahuna
Siring han kamag-araman,
"An punto han pag-aram, bag-uhon an kahimtang!"
Agud bag-uhon an aton kabutangan,
kita magkaurusa
Mga trabahador ug parag-uma
Kaupod an guti ngan nasudnon burgesya
Kita umapi ha rebolusyon ha panguna
han Partido Komunista

VIII
Ha pamumuno han Partido kita magdadaug
An estratehiko nga linya panmaihaan nga gerra
Tikang ha kabaryuhan ngadto ha kasyudaran
Demokratiko nga rebolusyon, an linya ha pulitika ipatuman ta
Agud matindog an katilingban sosyalista ha unina!

---

## *Mag-aral, Baguhin ang Lipunan!*

*(Tulang isinulat ni Kasamang Nonem, Pulang Mandirigma ng Norte-Este Samar)*

*I*
*Kasama, tayo'y mag-aral*
*Ang pagrerebolusyon ay balon ng kaalaman*
*Kilalanin ang sarili at ang kaaway*
*Alamin ang panlipunang kalagayan,*
*ang kasaysayan, at kinabukasan.*

*II*
*Itong ating lipunan,*
*Sobra-sobra sana ang angking yaman*
*Sagana sa yaman ang lupa at karagatan*
*Makabubuhay ng malawak na mamamayan*

*III*
*Pero pansinin ang ating katayuan*
*Itong yamang hindi natin maangkin.*
*Sapagkat pinagkaitan ng panginoong*
*may-lupa, ng kapitalista't at ng estado,*
*Sa kahirapan ang sambayana'y nalugmok.*

*IV*
*Kung babaybayin ang ating kasaysayan,*
*puno at dulo rin itong ating yaman*
*noong sinakop tayo ng mga dayuhan,*
*Pangako sa ati'y huwad na kaunlaran.*

*V*
*Mula noon hanggang ngayon*
*Ang mananakop nag-iba lamang ng taktika*
*Itinayo ang papet na republika*
*Kasabwat ang burgesya-kumprador at panginoong maylupa*

*VI*
*Mga magsasaka'y pinagkaitan*
*Lakas ng manggagawa'y pinagsasamantalahan*
*Nilugmok ang petiburgesya*
*Pambansang burgesya'y inapak-apakan*
*ng imperyalistang dayuhan*

*VII*
*Kaya't lahat tayo ay dapat mag-aral*
*Ihanda ang ating kaisipan*
*Tahakin ang tamang landas*
*Sa pag-abot sa malayang bukas.*

*VIII*
*Isa bagay pang dapat tandaan:*
*Na ang nalalaman ay di sapat*
*kung nananahan lamang ng isipan.*
*Isabuhay ang winika ng mga kapwa mag-aaral,*
*"Ang punto ng pag-aaral, baguhin ang lipunan!"*
*Upang mabago ang ating kalagayan,*

*Tayo ay magkaisa*
*Mga manggagawa at magsasaka*
*Kasama ang maliliit na pambansang burgesya*
*Tayo ay sumanib sa rebolusyong pinangungunahan ng Partido Komunista*

*IX*
*Sa pamumuno ng Partido, tayo ay magtatagumpay*
*Ang estratehikong linya ng pangmatagalang digma*
*Mula sa kanayunan tungong kalunsuran*
*Demokratikong rebolusyon, linyang pulitika ating ipatupad*
*Upang maitayo ang lipunang sosyalista, sa hinaharap!*

*(Salin ng orihinal na Waray ng tulang "Mag-aram, Bag-uhon an Kahimtang!")*



# Kadaugan Nagbabangis Nasud han Sinirangan

*nina Ka Dama at Ka Amos*
*(Halad ha nag-iidad na nga mga rebolusyonaryo kanda Ka Dama ngan Ka Amos)*

22 anyos linabay akon naiplatan
Ha gin-uban mo nga buhok
mga gutlo ha agtang
Nagpahinumdom di maihap
kakurian nalakbayan
Karig-on determinasyon nga nabaid
panahon nagladawan.

Ha libong han kauripnan
Gahi han pakigbisog iginsabwag
Balhas, dugo ngan luha han kablas iginbisisbis
Nanurok, tinubo nagmarampag
Dugo han mangaraway nga ginsablig
Dalan han katalwasan ginlugad
Panmaihaan nga Gerra sinulong hin waray sugad.

Nahurma, namunga na bunga han sakripisyo
Nanaringsing, nananga OM, BHB, NDF, OKP ngan Partido
Namukadkad ha kabubkiran, nagkanap ha kasyudaran
Ha hampak han kaaway, mas binaskog waray kapukan.

Pagliko, pagbirik han mga buko han kasaysayan
Hilaba nga proseso maisugon ginlapayan
Ha hangin naalimyon hurak han katalwasan

Pagserbi han Katawhan sumpa ngan hinganiban.

Kamaanyag tan-awon tanom han kabudlay
Tinubo nga pwersa kusog masarig nga sulay
Abrasiete nagmamartsa nasulong nakikig-away
Rumbo pagpukan, templo han USAR,
naghahadi nga klase, magtiyupi, mag-arigay!

Makigbisog ayaw kahadlok!
Yana bug-os nga nasud nagkakanoog
Nag-aalsa nga katawhan
nahaganas na nga sulog
Taktikal Opensiba han BHB
ha kapupud-an nagbabay-og
Nasudnon Demokratiko nga Katalwasan
nagbabagis na ha Sinirangan piho magdadaug!

---

## *Tagumpay na nagbabadya, isang Bayan sa Silangan*

*(Alay sa mga nakatatandang rebolusyonaryo  nila Kasamang Dama at Kasamang Amos)*

*22 taong lumipas ang aking nasipat*
*sa nagkukulay-pilak na hibla ng iyong buhok*
*sa maaalong guhit sa iyong noo*
*Nagpapaalala ng di mabilang na mga*
*paghihirap na nalagpasan*
*Katatagan determinasyon na nahasa*
*panahon ang naglarawan.*

*Sa kabila ng pang-aalipin*
*Binhi ng pagkikibaka inihasik*
*Ito'y umusbong, tumubo, yumabong*
*sa dugo, luha, at pawis ng dukha.*

*Dugo ng mga Pulang mandirigma idinidilig*
*hinahawan ang daan ng paglaya*
*Pangmatagalang digmaan*
*isinulong nang walang kaparis.*

*Nagkahugis at namunga ang sakripisyo*
*Yumabong, nagsanga OM, BHB, NDF, OKP at Partido*
*Namulaklak sa kabukiran, gumapang sa kalunsuran*
*Sa bigwas ng kaaway, hindi natinag, lalong tumitibay.*

*Sa liko't sikot sa mga buhol ng kasaysayan*
*Mahabang proseso, buong tapang na napangibabawan*
*Simoy ng hangin dala ang halimuyak ng Kalayaan*
*Pagsisilbi sa sambayanan pangako at sandata.*

*Tunghayan ang kariktan tanim ng pagpapagal*
*Yumabong na pwersa, sa lakas ng bawat isa magtitiwala*
*Abrasiete nagmamartsa, sumusulong, lumalaban*
*Tungo sa pagbagsak, Templo ng USAR,*
*naghaharing-uri, mapang-api, mapanlinlang!*

*Manindigan, huwag matakot!*
*Buong bansa ngayon ay namumulat*
*Nag-aalsang mamamayan*
*Dumadaluyog*
*Taktikal na Opensiba ng BHB*

*yumayanig sa kapuluan*
*Nasyunal na Demokratikong Kalayaan*
*natatanaw na sa Silangan tiyak magtatagumpay!*

*(Salin ng orihinal na Waray ng tulang "Kadaugan Nagbabangis Nasud han Sinirangan")*



# Hingandoy

*mula sa Eastern Visayas*

Kusog kita kasama naghaharing han kabaskog
Dig-oni katindog usahay maoy-og
Lugod kun pagtuo prinsipyo han Partido
Waray an kadam-an pilasi, nagtin-aw pa otro.

Larog na gad ngani kun aton kulawan
Tinalikdan nga klase
nakalit pagbalik
ha dalikyat napaluya
Kay hino daw ngani waray mabiktima
kontradiksyon han klase ha kalugaringon daradara.

Lugad pa ha dumdum gin-antos nga kasakitan
Halad balhas dugo kusog kalawasan
Masakit mahapdos ha balatian
Bunyog ha pakigbisog, ubay ha kadaugan
Bugto ha panuyo, kahampang ha pag-aram
Bakyang ha kasubo, kasaro ha kalipayan
Dirig ha kadasig, kita binayaan
Nahasug an pagsimang!

Hingandoy inabat an napinit mabug-os
Hin-onoban nga prinsipyo hangkopan niyo otro
Idlap han kahulop ha iyo naglumos
magtiyupi, naghahadi madugsang masuntok.
Ato kita! Ayaw kahadlok!

Ay! Maghawot nga tanom han katwhan paglaum
kanap panaringsing ayaw pagabot,
Itikwang an pagsayop, pagtul-id ipasulong
Hadto, yana, ngan ha tidaraon igakot ngan tipigi
Masa an taghukom, an tinuod nga BAYANI.

*1995*

---

# *Pamanhik*

*Ang lakas natin kasama nagpapaningas ng paglakas*
*Tibay ng tindig minsan ay kakapusin*
*Subalit manalig sa prinsipyo ng Partido*
*Hindi nagalusan ang karamihan, bagkus ay nalinawan pang muli.*

*Latak na lang ito kung ating susuriin*
*Mga tinalikura'y*
*biglang nais makabalik*
*minsan ay nakapanghihina*
*Dahil sino ba ang hindi naging biktima*
*Mga kontradiksyon sa sarili na dala-dala*

*Mga sugat sa alaala pighating pasan*
*Alay ay dugo, pawis, lakas ng katawan*
*Masakit, mahapdi sa pakiramdam*
*Kasama sa pakikipaglaban, katabi sa tagumpay*
*Kapatid sa layunin, kaisa sa pagkatuto*
*Kadamay sa pagluluksa, kasalo sa kasiyahan*
*Katuwang sa pagpapalakas, tayo’y iniwan*
*Biglaan ang paglihis!*

*Pamanhik na ang nahati ay mabu-o*
*Pinanghahawakan na prinsipyo, muling yakapin*
*Agam-agam na sa iyo'y naglunod*
*mapang-api, naghahari magiging marahas*
*Huwag matakot, tayo'y lumaban!*

*Ay! mahalimuyak na tanim ng masang pag-asa*
*kumapit, lumago, huwag papalabnot*
*Iwaksi ang pagkakamali, isulong ang pagwawasto,*
*Noon, ngayon, at sa hinaharap panghawakan at ingatan*
*Masa ang hukom, ang tunay na BAYANI.*

*(Salin ng orihinal na Waray ng tulang "Hingandoy")*



Komiks:


# Intoy

*mula sa Eastern Visayas*



# Sining at Lipunan

*ni Alice Guillermo*




Habang tumatanggi ang sining na matali sa isang unibersal at tigil na depinisyon at ang pinakamasasabi nating depinisyon ay na ang sining ay isang moda ng pagkilala at proseso ng pagbibigay-kabuluhan o kahulugan, hindi maitatanggi na ang sining ay nililikha sa ispesipikong kalagayan, sa partikular na mga lipunan at yugto ng kasaysayan. Gaya ng isinaad ni Janet Wolff, nagmumula ito sa isang artistang bahagi ng lipunan na naglulugar ng sarili sa iba't ibang pwersang produktibo sa kanyang lipunan.

Ito rin ang masasabi tungkol sa estetika na pilosopiya ng sining o paghuhuna-huna ng tao ukol sa sining. Walang bungkos ng mga prinsipyong estetika na tama para sa lahat at panghabampanahon. Iyon ang pinagbatayan ng klasikong Kanluran sining na naglatag ng pamantayan ng maganda na iginiit na unibersal, ngunit ikinubli ang

maraming magkakaibang kontekstong panlipunan ng sining at gayo'y ipinagpapalagay na may hegemonya ang pang-Kanlurang tradisyong pansining maging sa mga lipunang di-kanluran na may sarili nilang tradisyon.

Sa paniniwalang kontekstwalista, gayon, tinatanaw namin ang sining, ito man ay biswal, arkitektura, tradisyunal, musika, literatura, teatro, sine, at sayaw, sa kanyang kontekstong panlipunan at pangkasaysayan upang magagap ang kanyang buong kahulungan. Hinahalaw ng sining ang kanyang materyales, paksa, tema, kagawian, mga usapin, paniniwala, ideolohiya, impluwensya at inspirasyon mula sa kanyang kapaligirang panlipunan at likas. Ang mga imahe at likha ng sining ay kumakatawan, muling lumilikha o muling bumubuo sa kanilang iniikutang reyalidad at gayo'y nag-aalok ng iba-ibang paraan para tanawin ang ating mga sarili at ang mundo sa ating palibot, at sa ganito'y nagsisilbing daluyan ng pag-unawa para lalong makilala at ating sarili at ang daigdig. Taliwas sa kontekstwalistang pananaw ay ang pormalistika kung saan ang sining ay tinatanaw na hiwalay at sarili nitong entidad o teksto habang hinaharang ang relasyon nito sa tunay na mundo. Sa pananaw na pormalistika, tanging ang mga elemento ng teksto at ang relasyon nito sa isa't isa ang tinitingnan; hindi sila iniuugnay sa tunay na mundo. Ang problema sa ganitong paraan ay pinuputol nito ang kahulugan ng sining; sinasarhan nito ang paghugot ng buo nitong kahulugan sa hindi pagtanaw sa isang obra sa kanyang iniikutang panlipunang kundisyon ng produksyon at ng hindi pagbibigay-halaga sa mga pahiwatig, pinatutungkulan, o simbolo dahil ang mga ito'y minamaliit na "ekstra-artistiko" at gayo'y labas sa dapat pinaglilimian. Ganap nitong binabasag ang relasyon ng obra at ng lumikha na kabilang sa lipunan at kumakatawan, sadya man o hindi, ng partikular na panlipunan, pang-uri o panggrupong interes. Sabihin pa, ang gayong pagturing sa sining ay hindi nagbibigay ng katuparang ng pagkatao dahil hindi ito tumutungo sa lahatang-panig na kaalaman at pag-unawa sa isang obra ng sining.

...

## Sining at mga relasyong panlipunan

Sa produksyon at pagtanggap ng sining, kailangang isaalang-alang ang panlipunang relasyon ng uri, kasarian, lahi, etnisidad, relihiyon at pampulitikang paniniwala. Ang pag-unawa sa sining ay hindi kumpleto kung tatanawin na binabalewala ang gayong mga salik. Hindi inosente o walang kinikilingan ang sining kundi naglalaman ng mga ideolohiya na may punto de bista at may kakawing na interes. Ang elemento ng uri ang nasa ilalim ng sistema ng pagpatron sa sining at umiiral sa likas na pang-ideolohiyang nilalaman ng isang gawa at kung papaano iyon nakalugar sa mga relasyon sa produksyon sa lipunan. Umaalinsunod ba iyon sa interes at hangarin ng malaking mayorya o sa interes na panatilihin ang sarili ng mga elitista sa ekonomya? Gayundin, ang pagiging sensitibo sa kasarian ay dapat



ilalim sa pag-intindi sa sining sa pagsusuri ng mga imahen at pagdidiskurso. Dito'y nagiging mahalaga ang produksyon at pagtanggap ng sining. Ang lipunang patriyarkal at itinatakdang papel ng mga kasarian ay matagal nang pumigil sa pag-unlad ng sining ng kababaihan. Sa pagtanggap ng sining, ipinagpapalagay na lalaki ang kalakhan ng publiko at tagatangkilik, kaya, tulad ng tinukoy ni John Berger, na ang mga imahe ng sining ay ipinagsasapantaha na lalaki ang nakatingin, pumapabor sa interes at perspektiba ng lalaki, at nagpapanatili ng mababang pusisyon ng kababaihan.

Ang lahi at etnisidad ay mahahalagang salik na dapat isaalang-alang. Bagaman mistulang hindi masyadong matingkad ang usapin ng lahi sa lipunang Pilipino, pumapasok ito sa anyo ng aktitud sa lahi na ikinintal ng ilang siglo ng paghahari ng mga puting mananakop. Makikita ito pangunahin sa industriya ng sine kung saan kamakailan nakikitang mas pinahahalagahan ang maputing kutis na may kinalaman sa uring pribilehiyado, gayundin sa mga patalastas na pawang mestisa ang mga modelo. Sa saligan, humahantong ito sa pagbabaluktot ng ating pambansang identidad bilang mamamayan.

Sa ating bansa, kapwa ang usapin ng lahi at etnisidad ay nagpalitaw ng makitid na pag-iisip, lantaran at tago, mulat at hindi. Muli ang mga pag-iisip na ito ay ikinintal ng mga mananakop na Espanyol at Amerikano: ang pagmamaliit sa maitim na balat ng mga katutubo, ang negatibong pag-iisip sa mga di Kristyano at di Kanluranin bahagi ng populasyon. Subalit ang mga pag-iisip na ito ay taliwas sa ating interes bilang isang bayan at sa mahaba at tuluy-tuloy na proseso ng dekolonisasyon at paglaya, kailangan lansagin ang gayong mga paniniwala para makamit ang tunay na makatarungang lipunan.

Ang paniniwalang relihiyoso at pampulitika ay mga salik din sa sining. Subalit muli, ang mga ito'y may kakawing na interes at perspektiba. Ang relihiyon, na nakakawing sa malalaking institusyong panlipunan, ay hindi nyutral na aspeto ng buhay ng mga tao. Maaaring suportahan nito ang kasalukuyang kaayusan, maging

ang mga awtoritaryan at maka-kanang interes tulad ng dating mga grupong *vigilante* sa Mindanao na dinala ang katutubong paniniwala para sa sukdulan at militanteng konserbatismo. Ito ay bumangga sa mga saligang organisasyong relihiyoso na may mapagpalayang hangarin, katulad ng teolohiya ng pakikibaka na naging popular sa mga Basic Christian Communities noong dekada 1970 at 1980. Ito ay ibinunga ng importanteng pagkatanto ng progresibong kaparian na bilang diskurso, naglalaman ang Bibliya ng radikal na potensyal na pwedeng hugutin para suportahan ang mga hangarin ng bayan. Isang katulad ng seksyon ay ang Magnificat, na ang tema ay naging batayan ng serye ng mga gawang sosyal reyalistika matapos ang asasinasyon ni Aquino. Gayunman, inangkin ni Gng. Aquino ang Magnificat sa kanyang kampanyang pampulitika.

Sa usapin naman ng paniniwalang pampulitika, walang duda na sinusuportahan nito kundi man ang interes ng mga may pribilehiyo o dominanteng ideolohiya na sinusuportahan ng mga grupong makapangyarihan at mayayaman at ang mga katunggaling mga ideolohiya na laging nagsisikap na magkamit ng higit na malawak na suporta. Maaaring tuwiran o di tuwirang salaminin ng sining ang magkakatunggaling pusisyong pampulitika at sa ganitong pakahulugan, mayroon silang saligang ugnayan sa mga interes pampulitika at pang-ekonomya para sa konserbatismo o pagbabagong panlipunan.

## Sining at Panlipunang transpormasyon

Ang sining na naghahatid ng kahulugan at hinahalaw mula sa pananaw at interpretasyon ng artista tungkol sa buhay at reyalidad ay hindi simpleng pagpapamalas ng teknikal na husay sa pagdidibuho at pagpipinta; hindi lamang palamuting mga linya at kulay na bahagi ng isang mas malaking iskema ng panloob ng disenyo ng kumpletos-rekados na mga bahay; hindi mumurahing kalakal na binibili at ibinebenta at sinusukat ang halaga sa pamilihan; hindi simpleng piyesa sa pustoryosong estilo sa mga *press release* o sosyalan. Sinisira nito ang kahulugan ng sining dahil inihihiwalay ito sa sigla ng buhay ng mga tao.

Dahil hindi nyutral ang sining at hinahalaw ang enerhiya nito mula sa dinamismo at tunggalian sa lipunan, aktibo rin itong tagapagdala ng pagbabago. Sa pagpaksa nito sa mga temang panlipunan at pampulitika, ipinakikita nito ang kanyang pagkiling at simpatya sa isa o sa kabilang panig ng relasyon sa produkson. Ang pagtrato nito sa mga temang ito ay pwedeng tuwiran o hindi litaw, pero maaaring pag-unlad ng temang panlipunan at pampulitika sa ilang obra o koleksyon ng mga gawa na tumatalakay sa iba't ibang aspeto. Ang pagtrato nito'y maaaring dramatiko o marahan, o pino, sopistikado o mahirap unawain sa suson-sunon na mga parunggit at simbolo. Sa buong kasaysayan ng sining, kabilang sa pinakamalalang obra ay tumalakay sa mga isyung pampulitika, tulad ng ginawa ni Picasso sa Guernica o ng ginawa ni Francisco Goya sa Tres de Mayo o sa pag-ukit ng "Ang paghimbing ng katwiran ay nag-aanak



ng mga halimaw" kontra sa bakgrawn ng Napoleonikong paglusob ng Espanya. Ang sining bilang tagahatid ng pagbabago ay laging magiging hamon para sa mga seryosong artista dahil nais nilang pagtibayin ang mahalagang papel ng arte sa lipunan at panlipunang transpormasyon at sa papel nito sa paglikha ng kasaysayan tungo sa kaayusang makatao at makatarungan na hindi pa rin natin matanganan hanggang sa kasalukuyan.

*(Ito ay salin at sipi mula sa orihinal na sanaysay sa English na "Art and Society" ni Alice Guillermo noong 1997. Namatay si Guillermo noong Hulyo 29, 2018.)*

# Haras sa mga Kauban

*ni Ka Signer*



Liham ni Ka Nessa, isang  Lumad:

# Parangal Kay Papa Hulyo

Masakit ang mawalan ng isang ama.

Pa, magbabayad ang mga umutang ng iyong buhay!

Higit sa tatlong taon tayong hindi nagkita. Masaya tayo nung mga panahong kumpleto pa ang ating pamilya kapiling natin ang mga kasama. Lalo na sa panahong may mga pag-aaral ang mga kasama masigasig kang tumutulong sa kanila para magtagumpay ang paglunsad nito. Hanggang binigyan ka ng mas mabigat na tungkulin ng mga kasama at dama kong napakalaki ng kanilang tiwala sa'yo. Pinagkaisa mo ang mamamayang Lumad at kinilala kang lider nila. Buong tapang mong ipinagtanggol ang ating lupang ninuno. Napamunuan mo ang paglutas ng maraming problema sa ating komunidad at nakita kong sa pagkakaisa ay walang problemang hindi malulutas gaano man ito kalaki. Subali't nakaabot sa kaaway ang ginagawa mo't ikaw ay winanted nila. At naging lihim ang iyong mga kilos sa paggampan ng 'yong mga gawain sa masang kilusan.

Hanggang naisip kong magpultaym pagkatapos ng mga inaral kong pulitikal na edukasyon na bigay ng mga kasamang hukbo. Dahil gusto kong hubugin ang aking sarili tulad mo at ng mga kasamang nag-aalay ng kanilang buhay sa rebolusyon nang walang hinihintay na kapalit. Nagpaalam ako sa'yo, "Disiotso anyos ka na 'nak at mayroon ka nang sariling pag-iisip, magdesisyon ka at susuportahan kita." Hindi ko malimutan at sinabi mo pa, "kahit malayo ka, mananatili kang malapit sa aking puso."

Payo mo sa akin na sundin ko ang mga palisiya sa loob—palisiya tungkol sa pakikipagrelasyon ng babae at lalaki ay lagi kong tatanganan. Habilin mo pa, "tayong mga mahihirap at inaapi ay dapat lamang na magrebolusyon."

Pa, narito ako ngayon kapiling ang mga kasama na tumutulong sa pagpapatatag ng aking mga rebolusyonaryong prinsipyo at paninindigan. Pa, isa na ako sa mga responsableng kasama sa aming iskwad at patuloy na naghuhubog sa sarili. Nagsisikap akong tumindig at pangibabawan ang mga
kahirapan sa pagkilos. Ikaw ang aking inspirasyon at lakas sa aking pagrerebolusyon at walang-pagod na paglilingkod sa sambayanan.

Pa, ipagpapatuloy ko ang iyong naputol na pakikibaka. At hinihiling ko ang hustisya para sa iyo at sa iba pang masang biktima ng pandarahas ng pasistang militar.

Papa Hulyo, bayani ka ng masang api, bayani ka ng masang Lumad na nakikibaka para sa lupang ninuno. Walang katumbas ang iyong paglilingkod sa masa hanggang sa'yong huling hininga. Hindi ka namin malilimutan.

Huwag kang mag-alala Pa, patuloy kaming magpupunyagi upang mabago ang bulok na sistema.

Mabuhay! *I love you so much* Papa Hulyo, *miss* na *miss* kita.

---

[Tala ng Editor: Si Kas Hulyo, isang Lumad na Manobo, mahigit 40 anyos, may asawa at mga anak ay responsableng lider sa kanilang komunidad. Pinatay siya ng mga sundalo ng AFP habang mag-isang nagpapahinga sa kanyang kubo noong 2016. Si Kas Hulyo ay taga-Bukidnon, isang probinsya sa Mindanao.]

# Pasasalamat

Taos-pusong nagpapasalamat ang Armas at ang Patnugutan ng Ulos sa lahat ng kasamang nag-ambag ng kanilang mga likhang sining, oras at talino para mabuo ang ginintuang isyung ito.

Partikular na pinasasalamatan namin sina Ka Uno at Ka Dahlia para sa mayamang komentaryo at mga mungkahi; si Ka Ethel para sa mga kwentong bayan mula sa Cagayan Valley; si Ka Laden at mga kasama sa Lingkawas para sa mga dibuho; si Ka Taboy, para sa makinilyadong kopya ng mga tula ni Servando Magbanua; ang mga kasama sa Panay para sa koleksyon ng mga tula at dibuho ni Ka Mayamor; ang mga kasama sa Negros para sa tula ni Ka Kerima Lorena Tariman; sa Eastern Visayas sa tatlong tula; sa Armas-Southern Tagalog at mga kasama sa North Central Mindanao para sa mga awitin; sa pamilya at mga kaibigan ni Alice Guillermo sa kanyang sanaysay; kina Ka Ikay, Ka Lorena at kay C sa tulong sa pagsasalin ng mga tulang Waray; sa iba't ibang mga publikasyon tulad ng Kalatas, Dagitab, Daba-Daba, Asdang, Baringkuas, Dangadang at Sulong; at sa mga kasama na pinagmulan ng dibuho nila Ka Parts, Neil Doloricon at Ka Libre.

Higit sa lahat, nais naming pasalamatan ang masa na silang mayamang pinagkukunan ng mga paksa, imahe, kwento at inspirasyon para sa patuloy na yumayamang pambansa-demokratikong kultura ng rebolusyonaryong kilusan sa bansa. Maraming salamat sa matiyaga ninyong paghihintay at pagpapatawad sa amin sa pagkaantala ng ginintuang isyu na ito.

Laging bukas kami sa inyong mga kontribusyon, ideya, upinyon at puna para sa ikauunlad ng ating dyornal.

Mabuhay tayong lahat!

Inihanda ng ARMAS
2018-2019

Inihanda ng ARMAS

2018-2019